


APOCALIPSIS, IKAAPAT NA KABANATA BAHAGI III

 Salamat Kapatid na Neville. Pagpalain ka rin ng Panginoon. At magandang umaga, mga mag-aaral ng Biblia. At kumusta naman ang pakiramdam ng lahat ngayong umaga? Mabuti, umaasa ako. Amen. Kami'y medyo... medyo hindi kami nakapagpasabi nang mas maaga na pupunta kami rito ngayong umaga, dahil wala pa ako nung... nabuo pa lang 'yung itineraryo ko kung kailan aalis na ako. At dahil nabuo na po ito ngayon para sa susunod na anim na buwan, buweno, heto po, naisip kong mas mabuting magdaos tayo ng gawain ngayong umaga dahil matatagalan pa po ako bago makabalik uli, sa pagkakaalam ko; siguro sa taglagas pa.

² At ako'y... aalis kami ngayon sa darating na linggo para pumunta sa Beaumont, Texas, kung saan magsisimula kami roon sa susunod na linggo at dadalo nang halos walo o sampung araw na pagtitipon doon kasama ang pinagsama-sama na—na mga independyente at iba't ibang iglesya. Ito po'y itinaguyod ng mga iglesya ng *Jesus Name* sa Beaumont, Texas, kung saan nagkaroon kami ng kaaya-ayang pagtitipon medyo matagal na, pagkatapos lang na makuhanan ang litratong *ito*. At sila... Alam kong nagpapatakbo sila ng bagon doon na may, sa palagay ko, dalawampu't pitong bagon... o isang tren na may dalawampu't pitong bagon, na pupunta sa pagtitipon sa Beaumont. Doon nagdaos ng parada ang alkalde ng bayan at dumaan sa mga lansangan, at lahat sila. Nagkaroon kami ng kaaya-ayang panahon sa Beaumont, at babalik kami ngayong susunod na linggo. At pagkatapos ay inaasahan na mayroon din sa San Antonio, pero hindi na magiging sapat ang oras para dun, maliban siguro kung sa pagbalik na lang.

³ At aalis kami mula roon papuntang Phoenix, Los Angeles, tapos hanggang sa Long Beach. At pagkatapos ay babalik kami, kung loloobin ng Panginoon, babalik sa East Coast, pabalik sa Virginia at South Carolina. Tapos babalik sa Bloomington, Illinois. At mula roon pupunta na ng Lane Tech High School, sa huling linggo ng Abril, para sa Christian Businessmen. At pagkatapos ay aalis ako mula roon para pumunta sa hilagang British Columbia, hanggang sa Alaska, at lalagi dun hanggang Hunyo. At, pagkatapos, umaasa kaming magkaroon ng kaaya-ayang panahon.

⁴ Idinadalangin din kapag 'yung imbestigasyon sa...na matagal-tagal na rin akong iniimbestigahan ukol dun sa buwis,

ukol sa simbahan dito, kung matatapos na sa panahong 'yun. At pagkatapos kami'y . . . Makakapunta na ako sa ibang bansa n'yan kung matapos na nga, nang Hunyo mismo, na magiging tamang-tama lang para sa Aprika; para sa Hunyo, Hulyo, at Agosto, sa—sa Aprika. Kaya tunay na kailangan ko ang inyong mga panalangin.

⁵ At naghihintay tayo para sa pagdating ng Panginoon. Ang lahat ng mga bagay na ito ay “kung ito'y kalooban mismo ng Panginoon,” kita n'yo. Hindi natin alam, maaaring Siya . . . Hindi po ito eksaktong mga pangunguna, tinipon lang namin ang lahat ng mga paanyaya at ipinanalangin ito, tinanong ang Panginoon, “Aling daan po ang dapat naming tahakin?” At—at para bang, heto nga, hindi ko ipinapaubaya ang lahat sa aking sarili, hinahayaan ko ang iba na mag-isip tungkol dito, na ipanalangin ito. At pagkatapos ay parang tila nadarama namin na may pangunguna na magpunta sa kanluran, timog at kanluran sa panahong ito. Kaya heto nga na may mga paanyaya sa amin sa iba't ibang dako roon, kaya pinasimulan na namin kaagad. At ang unang lugar na dumating sa puso ko ay alinman sa Beaumont o San Antonio. Kaya hinanap namin ito, at mayroon nga kaming mga paanyaya sa parehong lugar. At ang . . .

⁶ Tinawagan namin ang isa sa Beaumont. At dahil mayroon silang apatnapu't dalawang iglesya na nagtutulungan, na mga United Pentecostal at iba pa, naisip namin na mas mainam kung isahang malaking awditoryum ang ibigay sa kanila nang mga sampung araw sa halip na magbigay ng lima at lima sa bawat lugar. Sa tingin ko kung isahin na lang ito nang ganoon ay magiging mas mainam. Tapos, marami ang—ang mga nangangailangang tao sa paligid ng Beaumont at sa teritoryong 'yun ng langis sa Texas doon, at ganoon na nga na inaasahan namin ang isang kasiya-siyang panahon sa Beaumont.

⁷ At, ngayon, hindi namin pinagpipilitan na pumunta kung saan naroon ang malalaking sentro at malalaking lugar. Sa halip ay sinisikap naming humayo kung saanman kami pangunahan ng Panginoon na pumunta, gaano mang kaliit o gaano mang kalaki, basta ang Panginoon mismo ang nangunguna. Ngayon, anumang oras, maaari Siyang magbigay ng isang *Macedoniang* tawag at iiwanan namin ang dako anumang oras para sa anumang ipapagawa Niya sa amin, kahit saan.

⁸ At talagang nasiyahan kami sa panahong ito ng pakikisama sa palibot ng Salita ng Diyos kasama kayo na mabubuting tao. Nagtitiwala ako na magiging tapat kayo ngayon at magsisimba at susundin ang mga turo ng Biblia sa pamamagitan ng ating magiting na kapatid dito, si Kapatid na Neville, na lubos kong inirerekomenda bilang isang lingkod ng Panginoong Diyos, at siya'y patuloy na lumalalim at lumalalim sa Diyos, at lubos akong nagagalak dahil diyan.

⁹ At ang munting iglesya, pinapaalalahanan ko kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus na lumago pa sa biyaya ng Diyos, panatilihin n'yong matatag ang inyong sarili at tumuon kayo sa Kalbaryo sa lahat ng oras, na inaalís ang lahat ng ugat ng kapaitan sa inyong puso at kaluluwa, para magamit kayo ng Diyos anumang oras. Kung nakakaramdam kayo na gumawa ng isang bagay, o isang kapahayagan o isang bagay na kakaibang dumating sa inyo, isang bagay na nagbababala o kung ano, mag-ingat kayo! Masyadong tuso at mapandaya si Satanas. Kita n'yo? Isangguni n'yo ito sa Salita ng Diyos at itanong sa inyong pastor. Kita n'yo?

¹⁰ At makakatagpo kayo ng mga kaloob at iba pa na gumagapang papasok sa iglesya, at ang pagpapakilos ng mga kaloob na ito. Bago n'yo ito hayaang kumilos at mga bagay-bagay, una . . . Nararamdaman n'yo ito na talagang inuudyukan ang inyong puso . . . Ngayon, ang kalaban ay tunay po na mapandaya. Kita n'yo? At sadyang 'yun ang sumisira sa mga iglesya sa bawat pagkakataon, haya't isang tunay na kaloob na mali ang pagpapakilos. Kita n'yo? Isang bagay na sinisikap gawin ng Diyos, at pinakikilos naman nang mali, ang ibubunsod nga nun ay—ang ibubunsod nga nun ay sadyang . . . Hindi lang kayo ang sisirain nito, kundi sisirain nito ang buong iglesya. Kita n'yo? Isangguni n'yo ito, dalhin n'yo ito nang lubusan sa Biblia, saka n'yo ito subukin kung ito ba'y ang Diyos o hindi. Patuloy lang itong suriin at subukin, tingnan n'yo kung ganap ba itong nakalinya at tama sa Salita. Kung ganoon ay nasa mabuti kayo, kita n'yo.

¹¹ Hangga't sinasabi ng Salita na ito'y darating dito, na gagana ito mismo sa ganitong tiyak na paraan, kaya manatili kayo rito mismo. Huwag kayong kailanman lilihis, kahit ano pang gawin ng sinuman, gaano man itong mukhang totoo. Kung hindi ito sumasalamin sa Kasulatan mula Genesis hanggang Apocalipsis, huwag n'yo itong bigyang pansin. Huwag kayong makipagsapalaran, tayo'y nasa mga huling araw na kung kailan si Satanas ay talagang labis na mapanlinlang.

¹² Patawarin n'yo ako kung para bang gumaganap ako na pangang isang boss; hindi ako boss. Pero ang nararamdaman ko para sa inyo ay tulad ng sinabi noon ni Pablo minsan tungkol sa kanyang kongregasyon, “Kayo ang mga bituwin sa aking putong.” Kapag tumawid na ako sa lupain sa kabilang panig sa dako roon, at makita ko kayo sa niluwalhating kalagayan, ibig kong tumayo kayo roon na kayo'y magniningning tulad ng mga bituwin sa aking putong. Kita n'yo? At gusto kong—gusto kong naroon kayo, gusto kong naroon ako.

¹³ At naaalala ko sa aking pangitain noong makita ko ang Presensya ng Panginoon, o ang Kanyang mga hirang sa maluwalhating Lupain sa ibayo, tumingin ako sa paligid, sinabi ko sa kanila . . . At sinabi nila sa akin na mauuna Niya akong

hatulan sa pamamagitan ng Ebanghelyo na ipinangangaral ko. Sabi ko, “Sadyang eksakto kung papaano ito ipinangaral ni Pablo!”

14 At sila na milyun-milyong mga tao ay sumigaw, “Nakasandig kami riyan!” Kita n’yo? Kita n’yo. Ngayon, gusto kong maging ganoon. At magkikita tayo roon balang araw.

15 At hindi kailanman isinugo ng Diyos si Kapatid na Neville at ako para maging mga boss, hindi po ganoon kailanman. Kami’y mga kapatid n’yo lamang, kita n’yo, mga tagapagturo sa Ebanghelyo. Kaya magtulungan tayong lahat.

16 At sa ibang panahon kung—kung may bagay na kumikilos na kailangang tawagin o—o may kailangang sabihin tungkol dito, ipatawag o anuman na parang ganoon, at tinatanggihan ito nung taong mayroong kaloob nun, tandaan n’yo mismo. . . kapag tinanggihan ito, tandaan n’yo, hindi tama ’yung kaloob. Hindi ito ang Diyos sa simula’t sapul. Ang Espiritu ng Diyos ay laging handa para sa pagtutuwid, kalugod-lugod at mapagpakumbaba, handa. Kita n’yo. Kung tatayo ito’t magsasabi, “Gagawin ko pa rin ito ano’t anuman,” alam n’yo kung papaano minsan. . . Tandaan n’yo mismo, ang mga mapagmataas na espiritu ay hindi sa Diyos. Kita n’yo? Kaya bakit pa n’yo tatanggapin ang isang pamalit gayong ang lahat ng bagay, ang sangkalupaan, ay punong-puno mismo ng Kaluwalhatian ng Diyos, kita n’yo, ng tunay na kapangyarihan ng Diyos. Bakit pa tayo kukuha ng pamalit? Masyado na tayong huli sa araw ngayon; pero, tandaan n’yo, sinabi ng Biblia na siya’y darating na gaya ng isang. . . sadyang napakatuso, at dadayain ang mismong Hinirang kung maaari. Kita n’yo?

17 At, ngayon, kung minsan iniisip natin na tayo ang Hinirang, at umaasa ako na sana tayo nga, anupa’t manatili lamang tayong tuwid sa Biblia. At pagkatapos kung ang lahat ay tama sa Kasulatan, at sa kaayusan sa Kasulatan, na nagdadala ng Luwalhati sa Diyos at ng karangalan ng iglesia, at iba pa, kung ganoon malalaman natin na ito’y sa Diyos dahil pinatutunayan ito ng Biblia. Pero kung teorya-teorya lang natin ay hindi ito mapapatunayan sa ganoon, wala itong maidudulot na mabuti, ganap itong babagsak.

18 Kaya kung may anumang bagay na makapukaw sa atin, gaano man itong tila katotoo, kung hindi ’yun tama, na hindi ’yun batay sa Kasulatan, itapon n’yo ito ngayon mismo; dahil may—may Isang tunay na naghihintay, kita n’yo.

19 Kaya, manalangin kayo ngayon. At sa tuwina, at sa anumang bagay na gawin n’yo, ipanalangin n’yo ako. Ipanalangin n’yo ako dahil binubungkal na namin ngayon ang dako ng pagmimisyon para sa huling mga araw, sa aking opinyon. Amin na ngayong. . .

20 At, tandaan n’yo, nagaganap ang mga dakilang bagay, na hindi ito alam ng mundo. Dumating noon si Jesus, nabuhay,

namatay, at nagsakripisyo, bumalik sa Kaluwalhatian, at milyun-milyon ang hindi man lang nakaalam tungkol dito. Kita n'yo? Hindi ito mabulaklak, magarbo, malaki; ito'y "Dumating Siya sa Sariling Kanya," kita n'yo. At ang. . . "Ang may tainga, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya." Hindi sa mga nasa labas kundi, "sa Iglesya." Ang Iglesya ang daranas ng pagliliglig Nito.

²¹ Iba dati ang iniisip ko roon hanggang sa isang araw ay kinausap Niya ako; pinabalik ako sa Salita at ipinaisip kung paanong ang lahat ng mga propeta noon ay nagsalita tungkol sa pagdating ni Juan, sabi, "Ang matataas na dako ay ibababa, at ang mabababang dako ay matataas." At lubos na kikilos ang kapangyarihan ng Diyos! At ang—ang. . . "Ang lahat ng mga bundok ay luluksong parang maliliit na lalaking tupa, at ipapalalpak ng mga dahon ang kanilang mga kamay." Buweno, mukhang may bagay mismo na mangyayari talaga. Kita n'yo? At noong magkaganoon nga, anong nangyari? Isang lalaki ang lumabas sa ilang, marahil ay grabe ang pagkakatubo ng kanyang balbas at nakabalot sa kanya ang isang lumang piraso ng balat ng tupa. Walang mga bagay na nakakapagdulot ng kaghinhawaan doon sa ilang. Naroon na siya mula pa noong siya'y siyam na taong gulang, at trenta na siya noong panahon na 'yun. Siya nga'y lumabas mula sa ilang, tumapak palabas, na nangangaral ukol sa pagsisipi, nakatayo sa putik na abot hanggang sa kanyang mga tuhod, marahil, sa pampang ng Jordan. At 'yun 'yung panahon kung kailan ang matataas na dako'y ibinaba at ang mga mababang dako'y itinaas. Kita n'yo? Ito'y. . .

²² Kailangan n'yong magkaroon ng espirituwal na pang-unawa. Tandaan n'yo, ang Diyos ay hindi kailanman at hindi mangyayari kailanman, sa mundong ito, na mananahan sa kagarbuan. Siya'y laban dito. Di Siya kailanman. . . Ang mga dakilang mensahe'y di kailanman magiging "magpapamalas kayo ng magagarbong *ganito-at-ganoon* at *ganito-at- . . .*" Hindi sa ganoong paraan ang pagkilos nito. Hindi gumagawa sa ganoong paraan ang Kanyang mga lingkod. Ang kanyang kagarbuan at kaluwalhatian ay ukol sa itaas.

²³ Kahapon, o dalawang araw na ang nakalipas, papunta ako sa Kentucky, doon sa Kentucky kasama ang aking matalik na kaibigan, si Kapatid na Banks Wood, may isang babaing pulis na nakatayo roon, at sabi ni kapatid, "Naku, mas mabuting magdahan-dahan tayo," sabi, "Masungit ang babaing pulis."

²⁴ At sabi ko, "Oo, ganoon nga." Sabi ko, "Kapag ang isang bansa'y nakarating sa isang punto kung saan milyun-milyon ang nagtratrabaho at mga babae na ang kinukuha nila, na gagawin silang mga pulis at idideploy sila roon, at maging mga tsuper ng taksi at ganoong mga bagay, isa ito sa matitinding mantsa sa ating bansa." Ang kababaihan nga'y pinagiging abala na sa ganoong mga bagay na parang isang—parang isang kuneho na

napunta sa takure ng grasa. Kita n'yo? Sadya pong—sadya pong—sadya pong hindi 'yun ang lugar ng babae. At sabi ko, “Labis ko pong ikinababahala 'yun dati, pero ngayon ay unti-unti kong naaalala, ‘Aba, hindi naman pala nakakagulat, ito kasi’y—ito kasi’y hindi natin kaharian, hindi tayo taga-rito sa sanlibutang ito.” Sila’y . . . kayo . . .

25 Bakit ang mga kababaihan (mga kababaihan natin) ay hindi nagpapaiksi ng kanilang—kanilang buhok, at hindi naglalagay ng kolorete, at hindi nagrarock-and-roll, at lahat ng bagay na 'yun? Hayan nga, pumupunta ang mga tao sa mga karaniwang simbahan at sa mga ganoon, na iniisip, “ayos lang 'yan.” Bakit? Ito . . . sila—sila kasi’y mga Amerikano; sila’y mga Amerikano, na may espiritung Amerikano. Hindi tayo mga Amerikano, mga Cristiano tayo. Tayo’y naninirahan . . . ang ating espiritu’y mula sa ibang Kaharian. Kung ang espiritu natin ay mula naman sa kahariang ito kung ganoon ay sasamba tayo sa pamamagitan ng mga bagay na ito, kung ganoon ay sinasamba natin ang lahat ng mahahalay na mga kantang ito at sinasamba ang lahat ng rock-and-roll na ito. “Kung saan naroon ang iyong puso, naroon ang iyong mga kayamanan.” At ang ating mga kayamanan ay nasa itaas. Kaya naman pupunta tayo sa isang Kaharian.

26 Hindi natin tahanan ito, nakikitira lamang tayo rito na sinisikap nating ilabas ang iba pang mga mamamayan mula sa kadiliman. At pumupunta ako sa isang lungsod at marahil ay magdaos ng pambuong-lungsod na malaking gawain, haya’t animo’y nag-aararo mismo sa loob ng isang linggo o sampung araw, para sa isang mahalagang kaluluwa sa dako roon; sa isa, kahit sa isa lamang na naroon.

27 Maaaring sabihin n'yo, “Naging matagumpay ang pagtitipon, limang libo ang dumulog sa altar”; maaaring wala ni isa sa kanila roon ang maliligtas, wala ni isa sa kanila. Kita n'yo? At maaaring mayroong . . . Maaaring isipin n'yo riyan, “Dalawang tao lang ang dumulog sa altar”; pero ang isa sa kanila’y isang hiyas marahil. Naglalambat lang tayo sa sapa. Ang Diyos ang siyang kumukuha ng isda, alam Niya kung alin ang isda at alin ang hindi.

28 Kaya, kita n'yo, nangangaral lang kami. At tandaan n'yo na ganoon din ang ginagawa n'yo sa tabernakulo rito. Pero tandaan n'yo po ito lagi, “Kilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.” At ang Tinig ng Diyos ay ang Kanyang Salita.

29 Iniisip ko noong isang araw kung papaanong ang mga taong ito ay nakakapagsabi na wala raw kailanman . . . May denominasyon nga ng mga kaiglesyahan na nagsasabi, “Hindi tama ang Makalangit na pagpapagaling. Kailanman ay walang tao ang binigyan ng kaloob ng Makalangit na pagpapagaling kundi si San Pablo o ang mga alagad lang noon, 'yung labingdalawa roon na nasa silid sa itaas. Binigyan sila ng

kaloob ng Makalangit na pagpapagaling, at sila lang. Natapos na ito roon.”

³⁰ Pero, nakita n’yo, dito sa napaka gandang tsart na ito, rito, na napakainam ang pagkakalagay rito ni Kapatid na Willie para sa atin, yaong maliit na kurdon na ’yun ay tumugaygay sa mga iglesya mula sa umpisa hanggang sa dulo. Ano kaya ang sinasabi ng siya ring denominasyon na ’yun tungkol sa kasaysayan ng iglesya, tungkol kay Ireneo, tungkol kay San Martin? At tungkol sa lahat ng mga martir noon sa buong kapanahunan, sa loob ng daan-daang taon pagkatapos mamatay ng mga alagad, na nagsalita ng iba’t ibang wika at pinagaling ang mga maysakit at binuhay ang mga patay at nagpamalal ng mga himala, ang buong iglesya mismo. Paano nga sila, kung para lang ’yun sa mga alagad?

³¹ Nakita n’yo na kung gaano itong kakitid? Wala silang espirituwal na pang-unawa, ganoon nga. Kita n’yo, “Bulag! Patay dahil sa kasalanan at mga pagsalangsang!” Ang ibig sabihin ng *kasalanan* ay “kawalan ng pananampalataya.” Ang anumang kawalan ng pananampalataya ay kasalanan. Kung ang isang tao ay may isang—isaing titulo na *ganoong* kahaba (na D.D., dobleng L., Ph.D., L.L.D.) at nagsasabing “walang ganyang bagay tulad ng Makalangit na pagpapagaling o bautismo man ng Espiritu Santo,” patay ’yung tao na ’yun sa kasalanan. Maaaring kaya niyang ipaliwanag ang lahat ng uri ng hiwaga sa Biblia, pero ang buhay niya mismo (ang kanyang patotoo) ang nagpapatunay na siya’y patay. Siya’y patay sa kasalanan at mga pagsalangsang dahil isa siyang makasalanan.

³² Ang kasalanan ay kawalan ng pananampalataya. Ang sinuman ay dapat... Ang kasalanan, hindi ito ’yung pangangalunya at paghithit ng sigarilyo at pagsasayaw at— at kumikilos nang ganoon. Hindi ’yun ang kasalanan, ’yung mga ’yun ang dulot ng kawalan ng pananampatalaya. Pero ang isang—isaing mananampalataya... Kahit ang isang tao’y hindi umiinom ng alak, hindi naninigarilyo, hindi gumagawa ng mga bagay na ganoon, na hindi kailanman nagsalita ng masamang salita, na tinutupad pa nga mismo ang lahat ng Sampung Utos, siyanga’t maari pa rin siyang maging isang itim na makasalanan, kita n’yo, maging labis na karima-rimarim. Kung itinatanggi niya ang anumang ukol sa kapangyarihan ng Diyos, isa siyang makasalanan! Ang salitang *kasalanan* ay “kawalan ng pananampalataya.” Ngayon, hanapin n’yo lang, tingnan n’yo kung ’yun ba’y tama o hindi. Ang isang di-nananampalataya sa Salita ng Diyos, siya nga’y isang makasalanan at hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit.

³³ Ngayon, oh, naisip ko pagkatapos kaninang umaga, nagkusa ako sa kalooban ng Panginoon, sa utos ng Espiritu Santo, na magpuntang muli sa tabernakulo at marahil ay panatilihin kayong lahat nang dalawa o tatlong oras. Haya’t gusto kong

tapusin ang aklat ng ika-4 na kabanata ng Apocalipsis bago ako umalis. At ngayon ay umaasa ako na hindi ito makakapagod sa inyo, sana ito’y—ito’y maging kaluwalhatian sa inyo. Umaasa ako na ito’y magiging isang bagay na makakabuti sa inyo at makakatulong sa inyo sa mga darating na araw.

³⁴ At ngayon siguro . . . Sinabihan ko si Billy na pumunta rito kaninang umaga at mamigay ng mga prayer card kung mayroon mang mga estranghero sa gitna natin, dahil aalis kami, at . . . ngayon, at hindi ko alam kung kailan kami babalik. Diyos lang ang nakakaalam nun. At gusto kong . . . naisip ko na baka ang huling pagtitipon kung . . . at noong tinawagan niya ako pagkatapos ng bandang—bandang alas nuwebe at sinabing, “Daddy, may ilang tao roon na kailangang maipanalangin. Tinanong ko sila, pero” sabi, “mga dumadalo—mga dumadalo na pala sila lagi sa simbahan.”

³⁵ Sabi ko, “Kung ganoon ay huwag ka nang mamigay ng prayer card, kita mo.” Sabi ko, “Dahil sila nama’y . . . Kung may pananalangin tayo para sa mga maysakit ngayong umaga, tatawagin natin ang mga taong ito sa harap at ipapanalangin sila.” Pero sabi ko, “Kung sila—sila’y mga dati nang dumadalo sa tabernakulo na kakilala natin . . . Hindi, ang gusto ko sana’y estranghero.”

³⁶ At sinabi niya pagkatapos, lumabas siya roon ilang minuto na ang nakalipas noong sinalubong niya ako habang nakatayo roon, sabi, “Buweno, namigay po ako ng ilang prayer card.” Sabi, “May ilan nga, kaya namigay ako ng mga prayer card.” Sabi, “Maaari mong gawin ang anumang gusto mo.”

³⁷ Sabi ko, “Buweno, titingnan natin kung paano ang takbo ng mensahe, titingnan natin kung saan tayo dadalhin, at pagkatapos ay dadako tayo. Ako . . .”

³⁸ Sabi niya, “Buweno, marami sa mga tao ang gusto ng prayer card, siyanga, pero” sabi “sila’y taga-rito naman sa simbahan.” Kita n’yo?

³⁹ Buweno, alam natin na ang Diyos ay Diyos. At, grabe, ang mga bagay mismo na ginagawa Niya! Aba, ang—ang telepono nga’y ring nang ring, dahil sa tawag ng mga tao tungkol sa iba’t ibang bagay, na kung minsan nga’y napakaliliit lang na bagay, at kung gaanong tinutugon ng Diyos ang panalangin!

⁴⁰ Narito kaya ’yung munting ginang o ang kanyang asawa na mula pa roon sa New Albany, na dinala nila ’yung munting sanggol na nahihirapang huminga noong isang gabi, na may pulmonya, sa bahay ko nang bandang alas-dose, ala-una? Ayan, mabuti naman. Kumusta na ’yung sanggol? [Sinababi ng isang kapatid, “Maayos po.”—Pat.] Maigi, mabuti, sige.

⁴¹ Hayaan n’yo lang na ipakita ko sa inyo, kita n’yo, na ito’y tungkol sa isang bagay na hindi n’yo alam, na nawawala mismo maliban na magsalita ang Espiritu Santo. Si Fred

Sothmann, ang mahal nating kapatid, na Fred; narinig ko siyang nagsabi ng “Amen” kanina, pero hindi ko matukoy kung nasaan siya. Nasaan siya? Nandito ba siya? Heto, banda rito pala, si Kapatid na Fred Sothmann. At para ipakita kung gaano itong kapayak. . . May mga darating siyang kaibigan, sina Kapatid na Welch Evans, sa palagay ko, hindi ko alam. Mayroon silang trailer doon; ikinandado nila ang mga pintuan at naiwala ni Fred ’yung mga susi, at hinanap-hanap na niya kung saan-saan at hindi niya ’yun makita kahit saan. At parating na si Kapatid na Welch. Pagkatapos dumating na ’yung araw na parating na siya at ganoon, haya’t hindi nila mahanap ’yung susi kahit saan, kaya tinawagan niya ako sa bahay, sabi, “Kapatid na Branham, nasaan kaya ’yung mga susi? Saan namin mahahanap ang mga susi?”

42 Ngayon, maaaring mabigla ang ilan sa inyo, na may tao na magtatanong ng tanong na gaya nun. Pero sandali lang, naaalala n’yo ba ’yung mga anak ni Jesse na hinahanap ’yung mga mola? “Kaya kung mayroon akong maaaring ibigay na nasa aking kamay, dadalhin ko ito at ipapakita. . . itatanong, ibibigay ito sa propeta, at marahil masabi niya sa atin kung nasaan ang mga mola na ’yun.” Naaalala n’yo ’yun?

43 At habang naglalakad siya sa lansangan ay nakasalubong nila ang propeta. Sinabi niya, “Hinahanap n’yo ’yung mga mola.” Sabi, “Siyanga, umuwi na kayo,” sabi, “nakabalik na sila.” Tama ba?

44 Nanalangin ako. Pinuntahan ni Fred at pinulot nga ang mga susi. Ganoon lang. Kita n’yo?

45 Kapatid na Ed Daulton, nasaan ka? Nasaan si Ed Daulton? Alam kong narito siya sa kung saan, nakita ko na siya kanina. Oh, doon sa. . . hayun siya. Narinig niya ako sa pamamagitan ng intercom o sa public address system. Noong isang gabi ay may tumawag at si Kapatid na Ed ay nasa malubhang problema. Gusto ko siyang tulungan. “Hindi,” sabi, “Nais ko lang na hilingin mo sa Diyos.” Hiniling ko sa Panginoon na tulungan siya. At kinabukasan ay tumawag ang kanyang asawa, may dumating mismo para sumalba. Buweno. Tama ba, Kapatid na Ed?

46 Kita n’yo, Siya talaga’y Diyos. Ganoon nga, Siya’y Diyos mismo. Kita n’yo, Kanya ngang. . . Ganoon mismo sa tuwina saanmang lugar at sa ibang lugar pa, sa isang lugar at sa ibang lugar pa. Kahit anong problema pa ito, Siya ang Diyos. Hindi tayo umiikot-ikot, na ipinagayabang ang ganoong mga bagay, hindi kasi dapat ganoon. Huwag n’yo nang ipaalam sa kanang kamay o kaliwang kamay kung ano ang ginagawa ng kanang kamay. Pinag-uusapan natin ito nang tayo-tayo lang pero hindi natin ito ipinagkakalat sa ibang lugar. Dahil pagmamataas na ’yun sa sarili, na para bang, “Sa isang tao lang ito ginagawa

ng Diyos.” Siyanga’t gagawin Niya ito para sa kaninuman na—na maniniwala sa Kanya. Ito’y paniniwala, pananampalataya! Anuman—anuman ang gusto n’yong gawin, anuman ang iniisip n’yo, dalhin n’yo ’yun sa Diyos. Kanyang—Kanyang—Kanyang—Kanyang ipinagkakaloob ang lahat ng bagay. Hindi ba’t tama ’yun? Kaya’t tinutugon Niya ang panalangin. Isa Siyang. . . Ang Diyos ay isang Ama na tumutugon sa panalangin.

⁴⁷ Ngayon, kaya naman sa. . . Naisip ko, sa pagsasara sa huling mga pagtitipon na ito at iba pa, gaya ng ating. . . gaya ng ginagawa natin, magkakaroon tayo—magkakaroon tayo marahil ng ilan sa espirituwal na pagkilala sa dulo ng pagtitipon, kung loobin ng Panginoon, at marahil habang oras ng pagtitipon. Hindi lang natin alam kung ano ang gagawin Niya. Gusto ko ito na ganoon. Na hindi magtatakda ng anumang bagay, hayaan lamang Siya na gawin ang gusto Niyang gawin.

⁴⁸ Ngayon, dumako kayo sa ika-4 na kabanata ng Aklat ng Apocalipsis, at itigil ang orasan.

⁴⁹ [Nakikipag-usap ang isang kapatid kay Kapatid na Branham—Pat.] Oo. Oo, kapatid. [Ang kapatid ay nagpapatuloy sa pagsasalita. Blangkong bahagi sa teyp.] Siyanga, naniniwala ako roon. Walang pagdududang, pinaniniwalaan ko ’yan.

⁵⁰ Dito, si Kapatid na Welch Evans, sa palagay ko siya yata ’yan na nakaupo ryan. Sige’t aking. . . Habang bumubuklat tayo sa Apocalipsis 4.

⁵¹ Dito kamakailan lang, nabalitaan n’yo nang lahat at nabasa sa mga pahayagan ’yung tungkol dito sa gang sa Louisville na nagnanakaw nitong mga sasakyan, na dinadala ’yung mga ’yun sa Kentucky saanman, nang talagang mabilisan. At sa Kentucky haya’t hindi mo kailangang magkaroon ng titulo, gagawan ka mismo nila ng titulo doon sa Kentucky. Kaya inyo lang. . . ang bagay lang na kailangan mong gawin ay ang dalhin ito roon at ibenta. Kaya dinadala nila ’yung mga sasakyan at ipinapasok ’yung mga ’yun sa isang lugar at pipinturahan nang panibago, at ilalabas ’yung mga sasakyang ’yun at ibinebenta ang mga ’yun. Ang kailangan mo lang ay numero ng bloke mo at kanilang—kanilang igagawa ka na agad ng titulo. Kaya basta na lang nila tinatangay ’yung sasakyan sa kalye at talagang mabilisan nga ang pagtangay nila at ipinapasok ’yun sa isang pagawaan sa kung saan man, haya’t talagang babaguhin nila ang kabuoan nun, kita n’yo, at—at pipinturahan nila ito nang panibago’t lahat na, ilalabas ito at ibebenta ito. Talamak ’yung ganyang raket, at lalo na sa buong Estados Unidos, at ang karamihan—karamihan nun ay doon sa Kentucky. Nabasa ko ang isang artikulo sa pahayagan dito kamakailan lang ang tungkol dito.

⁵² Buweno, ang kalugud-lugod, na mabuti ang puso’t, minamahal na si Kapatid na Evans at ang kanyang pamilya, na nagmamaneho mula pa sa Macon, Georgia, papunta rito tuwing

Linggo para makapakinig ng Ebanghelyo. Oh, napakatapat, at napakatotoong mga kaibigan! Pagkatapos ay pumupunta siya sa Miller's Cafeteria kung saan. . .

⁵³ Hindi po ako nag-aanunsyo para sa Miller's, pero sa palagay ko sila ang talagang may pinaka masarap na pagkain sa Kentucky; Louisville, Kentucky, siyanga. Sa abot ng . . .Hindi ko po sinasali rito kayo na mga pribadong tahanan kung saan ako'y nakakakain sa inyo, siyanga, ang ibig ko pong sabihin ay 'yung (alam n'yo na) pagkain sa labas. At kumakain din ako, roon. Nakakatipid nga ako kung doon ko pinapakain ang pamilya ko kaysa sa bahay kami kakain. Siyanga.

⁵⁴ Kaya heto't nagpunta ako roon, at mangyari na si Kapatid na Evans ay pumasok siya at bumili siya ng makakain at ipinarada ang sasakyan niya roon sa labas. Paglabas niya (nasa loob po ng sasakyan ang lahat ng mga damit niya) at kasama ang pamilya niya't lahat sila, haya't wala na siyang sasakyan o anumang. Wala nang lahat. Buweno, kaawa-awa nga, si Kapatid na Evans ay isang tao lang na tulad nating lahat, mayroon siyang maliit na negosyo roon, nagkukumpuni siya ng mga kotse, bumibili ng mga sira at kinukumpuni ang mga 'yun. Isa lang siyang mahirap na tao, at gumagastos siya para makapunta rito dahil naniniwala siya sa ganitong uri ng Ebanghelyo. Ipinapanalangin kong padalhan sila ng Diyos ng isang mensahero roon saanman, para tulungan sila sa lugar nila roon.

⁵⁵ Ngayon, dumating si Kapatid na Evans, mangyari nga na di na niya malaman kung anong gagawin. Inabisuhan na niya ang mga pulis at hindi nila mahagilap ang sasakyan. Kaya't pumunta siya sa bahay, siya at si Kapatid na Fred at kasama ang iba pa, umupo kami sa silid at pinag-usapan ito. Sabi ko, "Ngayon. . ." Ganoon ang ginagawa namin, nauupo kami sa silid, inaalam kung anong nangyari, at pagkatapos ay dumudulog kami sa Diyos. Kaya noong hilingin namin sa Panginoon, "Na pabalikin 'yung lalaki na kumuha nung sasakyan, paikutin siya at pabalikin siya, kung nasaan man siya."

⁵⁶ Kadalasan ay dinadala nila ang mga 'yun sa paligid ng Bowling Green o kung saan, dinadala nila ang mga 'yun kaagad palayo mula sa mataong lugar dito, kita n'yo, para magawa nilang. . . hanggang sa mapinturahan nila 'yun nang panibago at ibahin ang ayos nun. Isa po itong mainam na kotse, sa tingin ko'y isang station wagon. Tama ba, Kapatid na Evans? Isa 'yung—isa 'yung station wagon.

⁵⁷ Tapos, at kaya ang nangyari, lumuhod kami at nanalangin. At ang—ang Panginoon ay sumaksi sa amin, na ang lahat ay lubos lang na maayos, na mainam lang ang lahat. Pagkatapos nga'y ang kapangyarihan ng Panginoon ay pumasok kasama namin. Lumabas si Kapatid na Evans at nagsimulang umalis, pinangunahan siya na pumunta sa isang daanan.

58 Bumalik siya rito mismo sa Jeffersonville. Ninakaw 'yung sasakyan sa Louisville; hayun nga ang sasakyan niya'y nakaparada roon na may sapat lang na gasolina para kunin ito. . . oh, na parang 'yung tirang gasolina, dinala 'yung sasakyan sa halos malapit na sa Bowling Green at pagkatapos ay bumalik. Bumaba sila ng sasakyan, inihinto 'yung sasakyan, iniwan ang susi sa loob nito, basta na lang lumakad palayo at iniwan itong nakaparada roon, dito mismo sa Jeffersonville kung saan niya ito mahahanap; hindi sa Louisville, dito sa Jeff., dinala nga 'yun dito pabalik.

59 Alam n'yo, kayang gawin ng Panginoon na pasunurin sa Kanya ang mga ibon, kaya Niyang pasunurin ang mga tao sa Kanya, mapapasunod Niya ang Kanyang kaaway. Siya. . . Siyanga, po, Siya ay Diyos. Narito 'yung sasakyan niya na ni walang isa mang bagay na nawala, 'yung kalahating tangke lang ng gasolina kung saan halos nadala nung tao 'yung sasakyan sa Bowling Green, at sinabi marahil ng Espiritu Santo, "Umikot ka! Bumalik ka roon at dalhin ang kotse na 'yan sa Jeffersonville. Iwanan mo mismo rito sa kalye, at iparada mo ito *rito*, (dahil papupuntahin ko siya sa *ganitong* daan at dito sa *ganitong* daan para mahanap niya ito)." Tama ba, Kapatid na Welch? Tama. Kita n'yo.

60 Siya ay Diyos! Tinutugon niya ang panalangin, Kapatid na Roy. Siya lang. . . Yung kay, Kapatid na Slaughter, ganoon din, pinagaling Niya ang maliit mong aso. At alam kong nagpapagaling Siya, tinutugon Niya ang panalangin, gumagawa pa rin Siya ng mga himala, Siya ay Diyos pa rin, noon pa ma'y Diyos na Siya, sa tuwina'y Diyos Siya lagi!

Siya—Siya ang Diyos sa bubungan, (Ano nga uli 'yun, 'yung inaawit nung kapatid dito sa simbahan?)

Diyos sa kusina, Diyos doon sa bukid,
Ang Diyos sa sasakyan, Siya'y Diyos sa lahat
ng dako,
Siya ang Diyos mula—mula umpisa hanggang
wakas, Diyos.

61 Oh, kamangha-mangha talaga! Baka mapadako na tayo sa pangangaral maya-maya at hindi na makadako sa araling ito.

Sige, iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali para sa panalangin.

62 Mapagbiyayang Makalangit na Ama, labis kaming nalulugod sa Iyong Banal na Salita hanggang sa ang aming mga puso'y sadyang mag-alab sa kaibuturan namin, sa panahon na napagkikilala namin na ang Iyong Espiritu'y bumababa sa kalagitnaan namin at doon ay nakikipag-usap sa amin, at ang aming mga puso'y umaabot at humahawak Dito. At parang napakasarap ng pakiramdam namin ukol Dito, Panginoon.

⁶³ At malaman na sa madilim na oras na ito kung saan napakaraming kalituhan...Tulad ng sinabi ng propeta, “Sa mga huling araw ay darating ang taggutom,” isang bagay sa ganoong kalagayan, “hindi taggutom sa tinapay at taggutom sa tubig, kundi taggutom sa pakikinig ng tunay na Salita ng Diyos; at maglalakbay ang mga tao mula sa silangan hanggang sa kanluran, hilaga at timog, na naghahangad na mahanap ang tunay na Salita ng Diyos.” Salita! Ano ang Salita? Si Jesus ang Salita, “Ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” Para makita ang pagpapamalas ng tunay na Salita ng Diyos na nahahayag ayon sa mga Kasulatan at natutupad, na, kung papaanong maglalakbay at maghahanap ang mga tao at mabibigo sila na mahanap Ito. Oh Diyos, labis kaming nagagalak, labis na nagagalak na natagpuan namin Siya maraming taon na ang nakararaan, mahalaga sa aming puso, at ang makitang hindi kami nalilito ni katiting man.

⁶⁴ Oh Diyos, sinabi Mo, “Sila na nakakakilala sa kanilang Diyos ay gagawa ng mga kabayanihan sa araw na 'yun.” At narito na kami sa mga huling araw, na nakikita ang lahat ng mga bagay na sinabi noon ni Jesus na mangyayari, na ipinamamalas mismo sa kalagitnaan namin. Ang mismong mga tanda, mga kababalaghan, mga himala na isinasakatuparan, ginagawa sa paraang ginawa Niya ito noon. Gaya ng sinabi Niya, “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.”

⁶⁵ At, Panginoon, ibinunsod Mo po kami, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na abutin ang Salitang 'yun at makamit 'yung mga totoong bagay at iugnay ang mga 'yun sa Kalbaryo, sa pamamagitan ng Salita, at makita na sa Kanya'y nakamit namin ang kabuoan. At ang mga kayamanan at ang mga pagpapala at ang kaluwalhatian at ang lahat ay mauwi sa Kanya na Siyang karapat-dapat, na dumating at kumuha sa Aklat mula sa kanang kamay Niya na nakaupo sa Luklukan, at naupo Rito Mismo, dahil pinatay na Siya mula pa noong itatag ang sanlibutan.

⁶⁶ Pinag-uusapan namin Siya ngayong umaga, Ama. Dalangin namin na pagpalain Mo ang aming mga puso. Iyong ibunsod na kumilos ang Kanyang Espiritu sa amin at pagpalain kami, at pagyamanin ang aming karanasan, at pagalingin ang karamdaman sa kalagitnaan namin, at pagkalooban kami ng biyaya ng pananagumpay.

⁶⁷ At, Diyos, sa paglabas ko roon sa ibayo para harapin ang kalaban, mapagtanto ko nawa na ako'y nakakanlong bawat oras sa pamamagitan ng panalangin. Oh, lubos akong dumedepende sa kanlungang 'yun, papalapit na po ang kalaban, pero ako'y may kabatiran mismo na matibay ang kanlungan dahil ang mga nanay at tatay, at ang mga kabataang lalaki't kabataang babae, mga Cristiano, mga ipinanganak na muli sa karanasan, mga tao na sa Langit ang punta haya't sila'y nakaluhod

na nanalangin “Oh Diyos, ipagkaloob Mo ang pagliligtas!” At, Ama, idinadalangin namin na Iyong pahintulutan kaming makapunta roon sa mga hanay ng kalaban sa dako roon at mapagtagumpayan ang bawat mahahalagang kaluluwang naghihintay. Ipangyari Mo po, Panginoon, at ilabas Mo sila sa kadiliman tungo sa Liwanag. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁶⁸ Ngayon, sa ika-4 na kabanata ng Aklat ng Apocalipsis. Tinapos na natin ang ika-3 kabanata, at tayo’y maging mas mapitagan pa’t sisikapin kong huwag kayong patagalin. Hayan nga na dito sa ika-3 kabanata, umakyat ang Iglesya bilang isang tipo, noong dinala paitaas si Juan. Umakyat ang Iglesya, at mula noon ito ay pakikitungo na sa Israel, hanggang sa muling Pagparito. Hindi ba’t nakikita n’yo na kung paano ito? Ang mga tao ngayon, hayan nga na sinasabi-sabi nila, “Isang kamangha-manghang bagay ang yayanig sa buong mundo at sa lahat.” Hindi ’yun nakabatay sa Kasulatan! Hindi, po. Ang susunod na bagay sa pagkakasunod ay ang pag-alis na ng Iglesya. Basahin n’yo ang mga kapanahunan ng iglesya, makikita n’yo kung ano . . .

⁶⁹ Ngayon, itong iba pang mga bagay na magaganap, ay sa panahon ng Seremonya ng Pagkakasal kapag ang Iglesya’y nasa Kaluwalhatian na. Babalik ang Diyos na may mga dakilang kababalaghan na gagawin, mga pandaigdigang himala at mga bagay, sa mga Judio, hindi nga pupunta sa Iglesya ano’t anuman.

⁷⁰ Sa ika-3 kabanata ay nagtatapos ang kapanahunan ng Iglesya. Ganoon nga. At matatapos ang kapanahunan ng Iglesya na may kakarampot na minoritya na makikita natin . . . Sige’t makinig lang kayo rito. Binasa ko—binasa ko ulit ito kaninang umaga, talagang halos gutay-gutayin ako nito, ang lugar at ang saloobin ni Cristo sa katapusan ng kapanahunan ng Iglesya, na matatagpuan mula sa ika-20 talata hanggang ika-22 talata ng Apocalipsis 3. Isipin n’yo ’yun si Cristo, sa dulo, kung saan Siya naroroon ngayon! Nasaan Siya sa katapusan ng kapanahunan ng Iglesya? Sa labas ng Kanyang iglesya, itinulak palabas ng mga denominasyon at mga kredo. Ano ang Kanyang saloobin? Sinusubukang pumasok muli. Nakakaawa ang ganoong kalagayan!

⁷¹ Pagkatapos ay nasumpungan natin dito, “pagkatapos ng mga bagay na ito,” narinig niya ang isang Tinig na nagsasalita sa kanya na . . . Oh, ano ’yun? Umalis na ang Espiritu sa lupa. “Pagkatapos ng mga bagay na ito,” magsisimula ang unang kabanata, o—o ang unang talata:

Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at, narito, ang isang pintong bukas sa langit: . . .

⁷² Apocalipsis 4:1, matapos ang pag-alis ng Iglesya, ay heto ang isang—isang Pinto na bukas. At nadaanan na natin ang lahat

ng 'yun at nalaman na 'yun si Cristo, ang Pinto. At ang siya ring Tinig na lumalakad sa gitna ng pitong gintong kandelero ay ang pareho ring Tinig na narinig niya sa Langit, na nagsasabi, "Umakyat ka rito." Umakyat si Juan. Kinakatawan nito ang pag-alis ng Iglesya sa Pag-agaw.

⁷³ Umakyat sa Espiritu si Juan, dinala sa Langit at nakita ang lahat ng mga bagay na ipinangako ng Diyos at sinabi noon sa mga alagad, "Ano nga sa iyo kung siya'y manatili hanggang sa ako'y dumating?" Nakita nga niya ang pagdating ng Panginoon at kung ano ang mangyayari. Nakita niya sa lupa kung ano ang magaganap sa lupa sa Pag-agaw sa Iglesya, at iniakyat siya sa itaas at ipinakita hanggang maging lampas pa ng Milenyum. Oh, hindi ba't kahanga-hanga ito?

⁷⁴ Ngayon, iniwan natin siya noong nakaraang Linggo sa ika-4 na kabanata at sa ika-4 na talata.

At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda, na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto.

⁷⁵ Ngayon, nalaman natin na ang mga ito ay matatanda. Ang isang *matanda* ay hindi kailanman tumukoy sa isang Anghel o anumang Nilalang. Ito'y isang tao na tinubos, mga matanda! Dahil sila . . . Ang mga luklukan, mga putong, at kapangyarihan ay hindi kailanman tumukoy, sa mga Anghel. Kundi ang mga putong at mga luklukan, at iba pa, ay nauukol sa mga tao. At ang mga matatandang ito ay nakakorona at nadaramtan at nakaupo sa mga luklukan. At natagpuan natin sila sa iba pang bahagi ng Kasulatan na sila ang labing-dalawang alagad at sila ang labing-dalawang patriyarka. *Dalawampu at apat* sila, na ibig sabihin "dalawampu't apat": labing-dalawang apostol, labing-dalawang patriyarka.

⁷⁶ At, nalaman natin, maging ang lungsod na bumababa buhat sa Diyos mula sa Langit. . . Matapos sumabog ng lupa at ang lahat ay nagkapira-piraso na at wala nang natira sa lupa kundi mga abo na lang ng bulkan ('yun lang ang maiiwan), wala nang dagat. Matutuyo ang dagat.

⁷⁷ Gaya ng sinasabi ko kagabi sa isang tao, o kahapon, doon sa isang lugar, nakadiretso noon ang lupa nang *paganito*, doon, sa paglibot sa araw, na pantay ang init mula taas at pababa. Doon sa kaparangan ng yelo sa Britanya, maaari kang magpasabog doon sa lalim nang limang daang talampakan at makakakita ka ng mga palma. Bigla itong dumating, pinagyelo ang mga 'yun gaya ng refrigeration ngayon. Gaya ng *pagdi-dehydrate* n'yo, at iba pa, at 'yung *pagpapayelo* n'yo at pinagyeyelo nang husto sa lamig na pinanatili 'yung mga istroberi at mga bagay sa loob ng mga taon at mga taon at mga taon pa na darating. Kita n'yo?

Ganoon ito noong panahong 'yun. Pagkatapos biglang dumating ang pangmalawakang paggunaw sa pamamagitan ng baha at binaha ang sangkalupaan. At nang mangyari ito, pinatalsik ng mga puwersa atomika ang mundo mula sa mga orbit nito, at nagyelo ito at doon ay nahimlay ito. Kita n'yo? Maghukay ka at matatagpuan mo ang mga 'yun, doon sa may rehiyong arctic at mga bagay, 'yung mga puno ng palma at iba pa. Nagpapakita lang na minsan itong tinirhan nang maganda, ang pagkakaayos. Pero ngayon ay pinabalikwas ito.

⁷⁸ Ngayon, kung saan sa tingin ko pinagkaroon ng Diyos 'yung tubig, noong magsimula ang Genesis, sa Genesis 1, "Ang lupa ay walang anyo, at walang laman, at ang tubig ay nasa kalaliman. Ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa ibabaw ng tubig at sinabi, 'Magkaroon ng liwanag.'" Pinaghiwalay ng Diyos ang lupa at ang tubig pagkatapos, na siyang gumawa ng lupa. Pero ang buong lupa'y nababalot nang buo. Ngayon, ang ginawa Niya, Kanya lamang... sa pamamagitan ng mga atmospera, Kanya mismong... ang atmospera ay... Napuno ang atmospera ng hydrogen at oxygen, at iba pa. Pagkatapos ay itinaas lamang Niya ito mula sa lupa at inihiwalay ito. Wala pang dagat sa mundo noon. Dinidiligan ng Diyos noon ang lupa, hindi pa noon umuulan. Diniligan niya ito sa pamamagitan ng mga bukal at mga bagay-bagay, irigasyon. Pagkatapos noong Siya'y... Ang tanging ginawa Niya noon...

⁷⁹ Noong pasabugin ito ng tao palabas ng orbit nito, para pumaling, anong nangyari? Humilig ito pabalik sa... ang init ay napunta *rito* sa ibaba, at 'yung lamig naman ay *doon* sa itaas. At ang init at lamig, anong naging dulot? Pakiramdaman n'yo rito sa mga bintana ngayon mismo, mainit dito at malamig sa labas. Nakikita n'yo ang pawis? At ang ulan ay walang iba't pawis mismo, pagpapawis. At ang tubig ay mga abo. At kaya kung ganoon kapag ito...

⁸⁰ Gusto ko ang kantang 'yun:

Ipinatong Mo ang Iyong kamay, mahal na
Panginoon, sa mga parang,
Ipinatong ang Iyong kahanga-hangang kamay
sa pastulan;
Panginoon, ibinuhos Mo ang bukal,
Itinaas ang bundok,
Oh Panginoon, panatilihin Mo ang iyong
katangi-tanging kamay sa akin.

Ginawa mo ang mga ulap, binuo ang mga ulap
na gumawa ng ulan,
Mula sa ulan ay ginawa ang dagat,
Mula sa dagat ay nabuo ang mga ulap,

Upang bigyan kami ng buhay na sagana;
 Hawak Mo ang lupa at ang kalangitan sa Iyong
 utos, Panginoon,
 Oh, mangyaring panatilihin Mo ang Iyong
 katangi-tanging kamay sa akin. (Oh, napaka
 dakila! Oo, ang Diyos ng Langit.)

⁸¹ Pagkatapos sa dakilang panahon na 'yun, nakasandal na ito nang *paganito* ngayon, haya't nangako Siya sa atin, "Wala nang tubig, kundi apoy na sa pagkakataong ito!" Sa halip na humilig ito... Pinahilig nila ang lupa palayo sa araw, kaya naman, lumamig. Kung ihihilig mo naman ito palapit sa araw, masusunog ito. At kung papaanong winasak Niya ito sa pamamagitan ng tubig at inilagay ang bahaghari sa alapaap, Kanyang "di na ito gagawin," ngayon, nangako Siya na Kanyang "susunugin ito!" Kaya heto na kayo ngayon kung saan ang kasalanan at ang lahat ng kagarbuhan at lahat ng karumihan...

⁸² At kailan lang ay nangangabayo ako sa parang. Bilang batang paslit noon inisip ko dati, kapag binabasa ko ang mga aklat ko ng kasaysayan at mga heograpiya at iniisip ang kamangha-manghang kapatagan doon sa kanluran. "Balang araw," sabi ko, "maninirahan ako roon nang payapa at tahimik kung saan walang kasalanan, at lilibutin ko ang mga kaparangan at mangangaso ako tulad ng Indian. At ako'y—ako'y maninirahan doon, ng isang payapang pamumuhay, sa lahat ng mga araw ng aking buhay." Pero ngayon ito'y... napuntahan na 'yun ng mga puti. Kung saan pumupunta ang mga puti, dala-dala niya ang kasalanan. Siya ang pinakamatinding mamamaslang at mamamatay-tao sa lahat ng mga tao sa mundo, ang taong puti nga. Siya ang sugapa sa lahat ng mga kulay!

⁸³ Dito kamakailan lang sa pahayagan (nandito nga si Kapatid na Thom, mula Aprika), nakita ko ang isang artikulo sa diyaryo dalawang linggo na ang nakakalipas, sa pagkakataanda ko, at sabi niya...sabi nila, "Kung pahihintulutan pa ring pumunta ang mga Amerikano sa Aprika, haya't sampung taon mula ngayon ang maringal na leon ng Aprika ay ganap nang mauubos, pati 'yung mga elepante." Yung mga sugapa'y baril lang nang baril kahit saan na maibigan nila. Naroon nga ang litrato ng dalawang dambuhalang lalaking hayop na 'yun na sinisikap nilang alalayan ang isa pang sugatan na lalaki. Parang may mga luhang tumutulo mula sa mga mata nila. Hindi nila gustong... ayaw ng mga lalaking hayop na mamatay 'yung babae. At bawat isa sa kanila'y nakaalalay sa tagiliran nung babae, parang *paganito*, na pinipigilan siyang tumumba sa kanyang... sa lupa. Haya't binaril pa rin hanggang sa magutay-gutay 'yun. Ang isang tao na bumabaril ng anumang bagay na tulad nun ay hindi karapat-dapat na magkaroon ng baril sa kanyang

kamay. Siyanga. Wala kang sapat na katinuan para humawak ng ganoon.

⁸⁴ Ngayon, mga ilang taon pa lang ang nakakalipas, heto't nagtataboy kami ng ilang kawan, ng usang elk, papunta sa direksyon ng mabuti kong kaibigan, na si Kapatid na Roy Roberson at sila sa dako roon, noong tagaturo pa ako ng daan para sa mangangaso sa Colorado; alam kong mayroon kaming magandang kawan dun. Si Jeff at ako'y mayroon nga nun nang ilang mga taon at mga taon na rin, halos walumpung ulo ng usang elk doon sa kawan. Nagpapapunta sila ng ilang mga lalaking nag-oopisina sa Denver na mga nakasuot ng blusang pantalon, at may laso-laso pa sa binti. Mga mangangaso raw sila. Hmm! Heto nga sila na umakyat doon, isang pangkat sila, naka-jeep at mga bagay na ganoon, napunta dun sa teritoryo namin.

⁸⁵ At itinataboy ko ang mga usang elk doon sa kabila nung bundok sa likod nila, mga isang milya o dalawa, at nagtitipun- tipon sila. Kinakailangan mo ngang panipisin 'yun, 'yung malalaking matatandang toro at iba pa; kung hindi, maghihiwahiwalay ang kawan mo. Para lang silang nag-aalaga ng baka o kung ano. Ang maiilap na hayop ay dapat na katulad din nun sa atin. Hindi ito target-target. Kung gusto mong mamaril nang target-target ay mayroon naman silang dako roon para makapagsanay na bumaryl dito para 'yun ang baril-barilin. Siyanga. Kahiya-hiya na basta na lang patayin ang mga bagay na gaya nun. Masyadong makasalanan ito, hindi nga maka-Diyos!

⁸⁶ At ang nabilang ko'y sandaan at dalawampu't tatlong putok mula sa mga machine gun, tila ba, na pinapaputok ito mula sa kanilang mga balikat. At kinaumagahan, kasama ko si Kapatid na Banks Wood dito, umakyat kami sa bundok, nakabilang ako ang labing-siyam na duguang damuhan. Wala man lang silang kaalam-alam tungkol sa pangangaso; puwede mo namang barilin ang isang malaking hayop nang paganoon, matataamaan at matataaman mo siya nang sapat para mapatay siya. At sila nga'y basta-basta na lang, "bang, bang bang," mamamaril nang isa't babarilin din 'yung isa pa. Aba, mamamatay silang lahat. At anong. . . Pagkatapos na lagnatin sila, matagpuan mo man sila'y wala nang halaga, agad-agad silang mabubulok; at 'yung mga hayop na kumakain ng bulok, mga koyote at mga iba pa, haya't kakainin sila. Labing-siyam na duguang damuhan, malalaking lalaking usa, na 'yung mga paa'y *ganoong* kalalaki, at 'yung bulwak ng dugo'y abot ng dalawang talampakan mula doon sa butas ng sugat na nilikha ng mga baril. Hindi nila dapat pahintulutan ang isang sugapa na tulad nun na magkaroon ng baril sa kanyang kamay. Siyanga. Wala man lang siya sa katinuan para humawak ng baril. Oh, napakalaking, kasalanan ang gawin 'yun.

⁸⁷ Hindi kanais-nais 'yun, pero ganoon ang pagiging Amerikano. Canada, kayo na mga kalugud-lugod na mga taga-Canada! Kung magpapatuloy sa pagiging ganoon ang Amerika, ang Canada'y magiging kasing karumal-dumal din ng Amerika, di magtatagal. Pumunta kayo sa mga bansang-hangganang ng Canada kahit saan, at mararamdaman n'yo na Amerikano 'yung pakiramdam ng paligid. Ang Amerika na ito'y ang patotot sa mga bansa. Ganoon nga mismo siya, at magiging mas masahol pa siya kailanman mula ngayon. Papalapit na siya sa kanyang katapusan! Sinasaysay ng Biblia ang tungkol sa kanyang kapahamakan, sinasabi mismo kung anong mangyayari sa kanya. Ang Amerika: na karumal-dumal, bulok, marumi, walang saysay. Ganoon nga mismo. Siya'y naging isang dakilang bansa. Dinala niya ang mensahe ng Ebanghelyo. Kaya ano ang nagbunsod na maging ganyan siya sa kalagayan niya ngayon? Dahil tinanggihan niya ang Mensahe ng Ebanghelyo, at itinakuwil ang mga Katotohanan. Siya'y kakila-kilabot. Sasapit na ito sa kanya, huwag kayong mag-alala. Nakita ko ito sa pangitain bilang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Papalapit na ito. Pagbabayaran niya ang kanyang kasalanan.

⁸⁸ Noong ang Amerika'y Amerika pa, isa siyang dakilang bansa. Ang pinaka dakilang nakilala kailanman sa buong mundo maliban sa Israel, ay ang Amerika, pero tunay na sinalaula niya ang kanyang sarili ngayon. Tinanggihan niya ang Mensahe. Wala siyang kinuha kundi basta . . . Ngayon isinadlak niya ang kanyang sarili . . . Nakikita n'yo kung nasaan na siya ngayon. Hindi na 'yun kaila sa lahat, na 'yung nakaraang halalan ay pagpapakita mismo kung saan naroon ang kanyang espirituwal na katayuan. Uh-huh. Wala siyang kamalay-malay.

⁸⁹ Ngayon, itong mga matatandang nakaupo sa luklukan suot ang kanyang korona. Ngayon, sa ika-5 talata, magsisimula na tayo:

At mula sa luklukan ay may lumalabas na kidlat . . . mga kulog . . . at mga tinig: At may pitong ilawang apoy na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan, na siyang pitong Espiritu ng Dios.

⁹⁰ Oh, gustung-gusto ko ito! Hindi ba? Oh, pakiramdam ko nga'y sukat na sukat sa akin ang amerikana ko, alam n'yo. Akin lang . . . kapag . . . Oh, ang ibig ko pong sabihin ay itong espirituwal na amerikana, siyanga, alam n'yo na. Buweno.

⁹¹ "Mula sa Luklukan." Sige't pag-usapan natin ang Luklukan na ito ngayon sa loob ng ilang minuto. Hindi ito isang Luklukan ng awa. Tapos na ang Luklukan ng Awa; wala nang awa, wala nang awa rito. Papaano natin . . . Papaanong ang luklukan ng paghatol ay magiging luklukan ng paghatol ni Cristo, ang luklukan ng paghatol, ang Puting Luklukan ng Paghatol?

Magkakaroon pa ba ng awa sa panahon na 'yan? Wala nang kahit isang dipa ng awa ang maibibigay roon. Sa Luklukan ng paghatol kahit magsisigaw ka pa ng "awa" hanggang sa hindi ka na makasigaw, haya't, mas mabuti pang sumigaw ka na lang sa hangin sa ibang lugar, dahil wala na roong awa.

⁹² *Ngayon* ang araw ng awa! Ngayon, bumalik tayo sa Lumang Tipan dito nang sandali lang at alamin kung ano ang awa. Bumalik tayo at tingnan kung ano ang nangyari sa Luklukan na ito. Ang Luklukan na ito, hayan nga, ay ang—ang luklukan ng paghatol. At maging. . . ang dahilan kung bakit ngayon ay mayroong awa, ay dahil ang luklukan ng awa'y winisikan ng isang pagtutubos. Dugo! At hangga't ang Dugo'y nasa luklukan ng paghatol mangyari nga na hindi paghatol ang umiiral, kundi awa, dahil may Isa na namatay para pigilan ang paghatol. Kung nakikita n'yo ito, magsabi kayo ng "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hangga't ang Dugo'y nasa luklukan ng awa, ipinapakita nga n'yan na may Isa na namatay para pigilan ang paghatol. Pero kapag ang Iglesya'y inagaw na, ang luklukan ng awa'y magiging isa nang luklukan ng paghatol!

⁹³ Doon sa, alam n'yo na, sa Bagong Tipan, dito, "At ang santuwaryo." Doon 'yung dako kung saan ang—ang hurado. . . sa santuwaryo, 'yung hukom ay nauupo sa santuwaryo. Ngayon, ang luklukan ng paghatol sa santuwaryo'y napuno ng usok. Ano 'yun? Katulad nga sa Bundok ng Sinai, paghatol! Nilisan na ng awa ang—ang Luklukan ng Diyos. Hahatulan ng Diyos ang sanlibutan nang walang awa. Ilan po ang nakakaalam nun?

⁹⁴ Isang bagay lamang ang kikilalanin Niya sa araw na 'yun, ano Yun? Dugo. Yun ang tanging bagay na magpapahinahon sa isang galit na Diyos.

⁹⁵ Gumawa sina Adan at Eba noon ng kasing inam na panapi na kayang gawin ng sinumang Methodist, Baptist, Presbyterian, o Pentecostal, tinakpan nito ang kanilang kahubaran. Pero nakikita ito ng Diyos nang tagus-tagusan, kaya pumaslang Siya ng isang bagay at kinuha ang mga patay na balat ng—mga balat ng patay na hayop at pinantakip. Kailangang humalili ang dugo sa lugar nito. Pinigil nun ang Kanyang poot, nakita Niya ang dugo at umurong mula rito, dahil may nagpatulo nung dugo nito. Oh Diyos!

⁹⁶ Isipin n'yo 'yun! Ang tanging bagay na magpapaurong sa Diyos ay Dugo. At mayroon lamang isang Dugo na Siya'y uurong dito, at 'yun ang Kanyang Sariling Anak. Kapag nakita Niyang 'yun ang Dugo ng Kanyang Sariling Anak, uurong Siya. Dahil 'yun ang kaloob na. . . Ibinigay ng Diyos sa Kanyang Anak, upang tubusin yaong mga noon pa ma'y Kanyang pauna nang nakilala, At pinapaurong nito ang Diyos mula sa Kanyang paghatol. Pero kapag inalis na ang Dugong 'yun, at ang lahat ng paunang nakilala'y tinawag na papasok sa kalugud-lugod

na Katawan, ang Kanyang Iglesya'y inihanda na't iniakyat na, pagkatapos nun ang poot ng Diyos ay nasa mga tao na.

⁹⁷ Oh, kapatid, huwag mong kailanman gustuhin na tumayo roon! Patayuín n'yo na ako sa harap ng machine gun, putul-putulin n'yo na ako na magpira-piraso, lagariin n'yo na ako nang pulga-pulgada, hayaan ngang mangyari ang kahit ano (tulad ng panata ng Knights of Columbus), busbusin na nila ang tiyan ko't sunugin ng asupre at lahat na ng iba pa'y gawin sa akin, at ang mga braso ko't binti'y putulin, kahit na ano pa, pero *huwag kailanman* na ako'y patatayuín sa Paghatol ng Puting Luklukan na 'yun sa harap ng Diyos.

⁹⁸ Oh, hayaan n'yo mismong kunin ko itong munting luklukan *dito* sa harap ng upuan ni Cristo at tanggapin ang Kanyang Dugo. Wala akong sukat maihahandog mula sa aking mga bisig, Panginoon.

Walang ibang bukal na nalalaman ko,
Wala ngang iba kundi ang Dugo ni Jesus. (Yun
lang ang tanging nalalaman ko.)

Ito ang buong saligan at pag-asa ko,
Wala ngang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

⁹⁹ Kaya hindi na nakapagtataka na si Eddie Perronet . . . 'yung mga kanta niya'y inayawan na ng mga tao. Noong siya'y naging Cristiano, isang matatag na Cristiano, ayaw nang bilhin ng mga tao 'yung mga kanta niya. Isang araw sabi niya, "Magsusulat ako ng isa, at balang araw . . . tatanggapin 'yun ng mga tao." (Haya't 'yung mga tao kasi'y gusto nila ng isang bagay na pagkamoderno sa mga awiting pangrelihiyon.) Isang araw ay sumakanya ang Espiritu Santo, at dinampot niya ang panulat at isinulat niya:

Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng
Jesus na Pangalan!
Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod
magpatirapa;
Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,
At Siya'y putungang Panginoon ng mga
panginoon.

Sapagkat kay Cristo, sa matatag na Bato, ako
nakatayo;
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho,
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho.

¹⁰⁰ Ito ma'y simbahan, ito ma'y kaibigan, ito ma'y kaaway, ito ma'y bansa, ito ma'y kayamanan, ito ma'y kahirapan, ito ma'y mabuti, o ano pa man ito, ang lahat ng iba pang pinagsasaligang tayo ay buhanging gumuguho! Ganoon nga mismo, mawawala rin sa wakas. Pero:

...kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
 Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanginang gumuguho. (Isadiwa n'yo 'yan.)

¹⁰¹ Pansinin! Dumako tayo sa Levitico 16, at magbasa roon, sige't doon sa unahan ng Biblia ngayon, sa mga batas ng Levitico, at tingnan dito ang Levitico—Levitico sa ika-16 na kabanata. At simulan natin sa ika-14 na talata ng ika-16 na kabanata. Oh, gustung-gusto ko—gustung-gusto kong gugulin ang oras ko sa mga bagay na ito, na ilahad ang mga ito. Levitico ikaapat-...o Levitico 16:14.

At siya'y kukuha ng dugo ng toro, at iwiwisik ng kaniyang daliri sa ibabaw ng luklukan ng awa (Sa ibabaw ng luklukan ng awa! Masdan n'yo, dadako tayo rito maya-maya). . . sa dakong silanganan;. . .

¹⁰² Huwag n'yong kalimutan 'yang salita na 'yan na "Dakong Silanganan"! Saan manggagaling si Jesus? Sa dakong silangan, sa isang ulap ng Kaluwalhatian. Saan sumisikat ang a-r-a-w? Sa silangan. Saan babangon ang A-n-a-k? Sa silangan. Saan naroon ang luklukan ng awa? Sa dakong silanganan. Bakit ko kayo pinaupo sa gawing ito paharap sa silangan? Bakit? Ang altar ay nasa gawing silangan. Makikita natin 'yan maya-maya, kung gaano itong kaganda, na iguguhit ko. Nagpasuyo ako ng maraming papel na madadala rito't iba pa, para maiguhit ang mga mapa na ito maya-maya. Buweno:

. . . iwiwisik . . . sa dakong silanganan; at sa harap ng luklukan ng awa ay iwiwisik . . . niyang makapito ng kaniyang daliri ang dugo.

¹⁰³ Oh, hindi ba't kay ganda nun? "Makapito sa dakong silanganan." Ano ito? Tatakpan Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya ng Dugo. Hallelujah! Ang Dugo ni Jesus Cristo'y sapat pa rin dito, kahapon, ngayon, at magpakailanman, at sa bawat kapanahunan, para iligtas ang bawat makasalanan, pagalingin ang bawat taong may sakit, papangyarihin ang bawat himala, bawat tanda na maganap. "Makapito," doon pa lang sa Lumang Tipan, labing-apat na raan at siyamnapung taon bago dumating si Cristo. Bulayin n'yo 'yun! Simbolo, "pitong ulit na . . ."

Kung magkagayo'y papatayin niya ang kambing . . . na handog dahil sa kasalanan, na patungkol sa bayan, at dadalhin ang dugo niyaon kasama sa . . . sa loob ng tabing, upang ang gagawin sa dugo niyaon ay gaya ng ginawa sa dugo ng toro, . . . at iwiwisik sa ibabaw ng luklukan ng awa, at sa harap ng luklukan ng awa:

At itutubos niya sa dakong banal, dahil . . . sa . . . dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang mga pagsalangsang sa makatuwid baga'y sa lahat nilang kasalanan: at gayon ang kaniyang gagawin

sa tabernakulo ng kapisanan, na nasa kanila na nasa gitna ng—ng kanilang mga karumalan.

104 Ano ito? “Ang luklukan ng awa.” Nasaan na sila ngayon? At doon sa loob ng kaban ay ano ba mismo ang naroon? Ang kautusan. At ang kautusan, ang pagsuway sa isang utos ay ang mamatay nang walang awa. Pero dahil maaari kang magtamo ng awa, kinakailangan na nakalagay ang dugo sa dambana. Winiwisikan nila ang luklukan ng awa. At ang luklukan ng awa ay yaong altar kung saan ka lumuluhod at humihingi ng awa. Huwag nawang itulot ng Diyos na alisin natin ito sa ating mga simbahan, itong makalumang altar kung saan maaaring lumuhod ang mga tao’t tumawag sa Diyos para sa awa. At mayaman ang awa, at malaya itong umaagos mula sa Dugo ng Panginoong Jesus. Ngayon, ngayundin, ’yun ang awa. Yun ang luklukan ng awa.

105 Pero mapapansin n’yo rito, hindi ’yun luklukan ng awa, dahil may “mga kidlat at kulog at mga tinig.” Walang kidlat at kulog sa awa. Paghatol ’yun.

106 Buklatin po natin ang Exodo, 19 na kabanata ng Exodo at sa ika-16 na talata. Exodo, 19 na kabanata ng Exodo, at simulan natin sa ika-16 na talata:

At nangyari . . .

Pakinggan n’yo kung anong . . . noong pumaitaas ang Diyos sa ibabaw ng Bundok Sinai:

At nangyari ng ikatlong araw ng umaga, na kumulog . . . kumidlat, at may isang salimuot na ulap sa ibabaw ng bundok, at ang tunog ng isang pakakak ay lubhang napakalakas; (Ano ba ang tunog ng trumpeta? Ang arkanghel.) at ang buong bayan . . . (Pakinggan n’yo!) . . . ang buong bayan . . . na nasa kampakamento ay nanginig.

107 “Paghatol!” Whew! Nagmartsa sila palabas doon at binigyan sila ng Diyos ng biyaya para makapaglakbay sa pamamagitan nito, pero humingi sila ng batas. Sila . . . Ibig ng Diyos na sila’y maging interdenominasyon; ang gusto nila’y gumawa ng isang denominasyon mula rito, na isang bagay na maaari nilang pagtalunan, sa halip na sundin lamang ang Diyos at mamuhay sa ilalim ng Kanyang hurisdiksyon, sa ilalim ng Kanyang kapangyarihan. Ang biyaya’y nagkaloob ng isang propeta, ang biyaya’y nagkaloob ng isang pantubos (isang kordero), inilaan ng biyaya ang lahat ng mga bagay na ito, at sa kabila nun ay ginusto nila ng paghatol. Gusto nila ng isang bagay na magagawa nila.

108 Sabi ng Diyos, “Tipunin sila nang sama-sama, ipapabatid Ko sa kanila kung ano ito. Ipapakita Ko sa kanila kung ano ito.” Basahin! Pakinggan n’yo! At ang tunog ng trumpeta’y lubhang lumakas nang lumakas hanggang sa niyanig nito ang

lupa. Nakikita n'yo na kung ano ang paghatol. Ayaw ko ng ganoon. Kahabagan lang!

¹⁰⁹ [Sinabi ni Kapatid na Fred Sothmann, “Kapatid na Branham?—Pat.] At. . . [Kapatid na Branham?”] Ano po 'yun? [“Ano nga po uli 'yung—'yung huling Kasulatan na binasa mo?”] Exodo, ang—ang—ang ika-19 na kabanata at sa ika-16 na talata, Kapatid na Fred. Exodo 19:16.

¹¹⁰ Ngayon, pansinin ang ika-17 talata:

At inilabas ni Moises ang bayan sa kampamento upang salubungin . . . ang Dios; (Oh, grabe! Gusto ko Siyang salubungin nang payapa, hindi katulad nun.) at sila'y tumayo sa paanan ng bundok. (Sa malayo.)

¹¹¹ Alalahanin n'yo, ang bundok na 'yun ay may hangganang linya sa palibot nun. Dahil kahit ang baka'y makaapak lang siya sa bundok na 'yun, kinakailangang mamatay ito dun mismo, hindi ito maaaring lumapit sa Presensya ng Diyos. At ang Diyos . . . “At inilabas ni Moises ang bayan.”

¹¹² Ngayon, sa ika-18 talata, ang susunod na talata:

At ang buong bundok ng Sinai ay . . . umuusok, sapagka't ang PANGINOON ay bumaba sa ibabaw niyaon na nasa apoy: . . . (Umuusok lamang at nasusunog na tulad sa isang hurno.)

¹¹³ Ano ang pagkakapanaog Niya? Hindi sa Kanyang Kaluwalhatiang Shekinah, kundi sa poot ng Kanyang mga paghatol.

. . . at ang usok niyaon ay napaiilanglang na parang usok ng isang hurno, at ang buong bundok ay umuugang mainam. (Kapatid, di ko gugustuhing nandoon ako!)

At nang ang tunog ng pakakak ay tumunog ng mahaba, at lumalakas ng lumalakas, ay nagsalita si Moises, at sinasagot siya ng Dios sa pamamagitan ng tinig. (Nagsalita si Moises; hindi ang bayan, ang mga tao nga'y nagsisipanginig sa takot.)

At ang—at ang PANGINOON ay bumaba sa ibabaw ng bundok ng Sinai, sa taluktok ng bundok: at tinawag ng PANGINOON si Moises sa taluktok ng bundok; at si Moises ay sumampa.

At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Bumaba ka, at pagbilinan mo ang bayan, baka sila'y lumagpas upang makita ang PANGINOON, at mamatay ang karamihan sa kanila.

¹¹⁴ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hayan minsan ang mga tao na nauupo sa likod ng simbahan at pinagtatawanan ang isang taong nagsasalita ng iba't ibang wika, o sumasayaw sa Espiritu; aba'y wala na, pinusong mismo ang Espiritu Santo, tinatakan na

magpakailanman! “Ang sinumang magsabi ng isang salita laban sa Espiritu Santo ay hindi kailanman patatawarin sa mundong ito, o maging sa darating.” Huwag n’yo Itong matain! Layuan n’yo Ito o tanggapin n’yo Ito!

115 Mas mabuting iwanan na natin ang Kasulatang ’yun. Sige’t ituloy pa natin ang pagbasa rito, ang iba pa nito, tingnan natin kung ano ang sinabi ng Diyos. At ang sabi ng mga tao, “Oh, Moises, magsalita ka. Huwag mo nang papagsalitaan ang Diyos! Sana pala’y hindi na namin ito hiniling.” Kita n’yo? “Ikaw na lang ang magsalita sa amin, Moises. Kung ang Diyos ang magsasalita, mamamatay kaming lahat.” Kita n’yo, gumawa ang Diyos ng pantubos.

116 Ngayon, “Ang Tinig ng Luklukan.” Pansinin n’yo sa Luklukang ito, “sa harap ng Luklukan ay ang pitong bituwin,” ang Tinig ng mga bituwin. “Mga tinig,” nakita n’yo. Mayroon pa sa Apocalipsis 4 dito, o 5, na masusumpungan natin, “At mula sa Luklukan ay lumalabas ang kidlat, mga kulog, at mga tinig.” Hindi *isang* tinig; “mga tinig,” maramihan. Ano ito? Ang Diyos na nagsasalita sa iglesya, na isinasalamin ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng pitong Espiritu. Kapag ang tunay na pinahiran ng Diyos ay nagsasalita, ito’y ang Tinig ng Diyos! Ang pagtangga Rito’y ang pagtanggap sa kandelerero. Kita n’yo? “Mga tinig,” ang Tinig ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya (dito sa sulok), nagsasalita ang mga tinig na may kasamang kulog at kidlat.

117 Sa panahon na ngayon ay ganito na ang mga tao, “Buweno, hindi kami naniniwala sa pangungusap ng ‘impverno’ sa pulpito.” Oh, mahabag! Napaka karnal! Hmm! Kailangan natin ng mga tao ng Diyos, mga lalaking hindi magpipigil!

118 Ngayon, hindi naman lahat ay puwedeng maging mangangaral, pero mayroon kayong tinig. At kung hindi n’yo kayang pangaralan ng pangangaral ang mga tao... Haya’t kung isa kang mangangaral, tinawag ka mismo sa pulpito para mangaral. Kung hindi naman, isa ka pa ring mangangaral, kaya *isabuhay* mo sa mga tao ang isang pangangaral. *Isabuhay* n’yo ang inyong pangangaral, at ang Tinig ng Diyos ang magdadala ng kadustaan sa kanila na tumatangi Rito. Sasabihin nila, “Walang sinuman ang makapagtuturo ng daliri sa buhay ng lalaki o ng babae na ’yun. Kalugod-lugod sila, namumuhay... Sila... Kung mayroon mang tao ng Diyos, ito’y ang lalaking ’yun o ang babaing ’yun.” Kita n’yo, isabuhay n’yo ang inyong mga pangangaral. Huwag mong ipilit na ipangaral ang mga ito kung hindi ka tinawag para maging isang mangangaral; malilito ka lang, sa kung anong paraan, at masisira ka lang, at guguluhin mo lang ang mga tao, at hindi mo na alam... Buweno, sisirain mo—sisirain mo sila’t ang sarili mo, rin. Isabuhay mo lang ang iyong pangangaral!

119 Tinawag ang mangangaral para ipangaral ang pangangaral niya, at siyempre't isabuhay rin ito. Kung di mo Ito kayang isabuhay, kung ganoon ay itigil mo na ang pangangaral Nito. Anupa't dapat mong isabuhay ang iyong mga pangangaral.

120 Buweno, dito'y may "mga tinig." Oh, ganoon nga mismo na kailangang-kailangan natin sa Jeffersonville ang libu-libong mga tinig na isinasabuhay, na ang kulog ng Diyos ay dumadagundong sa katimyasanan at kabanalan, kadalisayan, mga buhay na walang dungis, naglalakad sa mundo ngayon, na walang dungis. Siyanga, po, mga tunay na Cristiano, 'yan ang kulog laban sa kaaway. Walang pakialam ang diyablo kung gaanong kalakas ka sumigaw; walang pakialam ang diyablo kung gaanong kayang-kaya mong tumalon o kung gaanong kayang-kaya mong gawin ang *ganito* o humiyaw. Anupa't ang makakapanakit sa diyablo ay ang makita ang pinaging malinis, na banal na buhay na talagang itinalaga sa Diyos; na salitaan man siya ng anumang bagay, bansagan siya ng kung anu-ano, kalugod-lugod pa rin siya't nagpapatuloy lang. Oh, grabe! Ikagigitla 'yan ng kaaway, 'yun ang kulog na nagpapanginig sa demonyo.

121 Parang, "Buweno," sasabihin n'yo, "kung kaya lang sana niyang mangaral tulad ng isang Billy Graham o ng isang Oral Roberts, o kung sino man, na isang mahusay na maimpluwensyang tagapagsalita, siya'y magiging..." Oh, hindi! Kung minsan nga'y tinatawanan lang 'yan ng diyablo. Hindi niya 'yan alintana't wala lang sa kanya. Makamit mo man ang lahat ng teolohiya—teolohiya na gusto mo't lahat ng pagsasanay sa seminaryo, at mauupo lang ang diyablo at tatawanan lang ito. Pero kapag nakita niya ang Buhay na 'yun!

122 Tingnan n'yo 'yung mga alagad noon, 'yung batang abnormal ang kilos noong araw na 'yun na may epilepsy, noong sinasabi nila 'yun, "Lumayas ka sa kanya, demonyo! Lumayas ka sa kanya, demonyo! Lumayas ka sa kanya, demonyo!"

123 Ang diyablo na naroon, ang sabi lang, "Ngayon, hindi ba't ginagawa n'yong kahiya-hiya ang sarili n'yo? Ngayon, nakikita n'yo ba kung anong ginagawa n'yo? Sinabi sa inyo ni Jesus, inatasan Niya kayo, na palayasin ako. Wala ni isa sa inyo ang makagawa nito."

124 Pero, kapatid, noong makita nila Siyang dumarating, Isang lumalakad nang tahimik. Uh-huh. Oh, grabe! Hindi na Niya kinailangang magsalita ng anumang. Natakot mismo ang demonyong 'yun noon din. Alam niyang kailangan na niyang umalis, siyanga, dahil may dumarating na isang Buhay; hindi lamang isang pangangaral, kundi isang Buhay mismo. Sabi, "Lumabas ka sa kanya." Oh, grabe! Winakasan 'yun mismo! Nang tahimik; alam Niya kung ano ang sinasabi Niya, alam Niya kung ano ang ginagawa Niya.

125 Ngayon, “Mga Tinig,” ang mga tinig ng pitong trumpeta, ay mga tinig ng pitong bituwin, pitong mensahero. Pero ngayon masdan n’yo rito:

. . . *at . . . pitong ilawang . . . sa harapan ng luklukan, na siyang pitong Espiritu ng Dios.*

126 “Pitong ilawan.” Gumuhit tayo ng kaunti rito, ang Luklukan, ang banal na dako, ang kongregasyon. At *dito* mismo ay (isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito) pitong bituwin, pitong ilawan, pitong mensahero, pitong Espiritu; hindi ibig sabihin nito’y ang Diyos ay nasa pitong Espiritu, kundi “pitong pagpapakita ng siya ring Espiritu Santo.”

127 Nasaan ba ang Espiritu Santo? Dito sa Luklukan, na nagliliwanag sa bawat kapanahunan ng iglesya. Ang kapanahunang *ito* ng iglesya’y isinasalamin nang *paganito*, ang mga tinig ng Diyos, si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n’yo, pito, mayroong “mga tinig.” “At pitong ilawang nag-aapoy,” pitong Espiritu, “na siyang pitong Espiritu ng Diyos.”

128 Naaalala n’yo na ilang Linggo na ang nakalipas natalakay natin ito, ang malaking brilyante? Hayan nga’t tinapyas ito sa maraming iba’t ibang paraan para ipaaninag ang apoy at mga ilaw mula rito. Ganoon mismo, “Si Jesus Cristo ang pasimula ng paglalang ng Diyos,” Apocalipsis 1. Tama ba? Kung ganoon ay kailan nilikha ang Diyos? Siya ang pasimula ng paglikha ng Diyos. At ang Diyos ay Walang Hanggan. Tama ba? Pero noong nilikha ang Diyos . . . noong ang isang maliit na sanggol ay ipinaglihi sa sinapupunan ng isang ina, isang birhen. At nagsimulang mabuo ang mga selyulang ito sa loob ng isang birhen upang maipanganak itong munting sanggol, na pasimula ng paglikha ng Diyos, “Sapagkat naging tao ang Diyos at tumahang kasama natin, at naging *Emmanuel*, ‘kasama natin ang Diyos,’ ang pasimula ng paglalang ng Diyos.”

129 Pagkatapos doon sa dakilang Batong-Hiyas na ’yun na nagmula sa alabok . . . dahil gawa Siya sa alabok. Tama ba? Kumakain Siya ng pagkain tulad ko, kumakain Siya ng pagkain tulad n’yo. Na, alabok ng katawan, Siya’y naging calcium, potash, petrolyo, kosmikong liwanag, pero sa Kanya nga’y nananahan ang Walang Hanggang Liwanag. Hindi nakapagtata kang sinabi ng mga pantas sa Bituwin, “Patnubayan mo kami papunta sa iyong sakdal na Liwanag.”

130 Sinasalamin lamang nila ang Liwanag ng Isang sakdal na Liwanag. At naroon Siya, ang sakdal na Liwanag ng Diyos, ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Ngayon, doon Siya nga’y . . .

131 Papaano Niya isinalamin ang Kanyang Sarili sa mga bituwin Niya sa lupa, pagkatapos Siyang makita ng mga pantas sa Langit, at sila’y naging mga espiritung naglilingkod dito sa lupa? “Siya’y nasugatan (ang malaking Brilyante, tinapyas) dahil sa

ating mga pagsalangsang, binugbog dahil sa ating kasamaan, ipinataw sa Kanya ang parusa para sa ating kapayapaan, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo.” Ano ang ginagawa Nito? Sumasalamin!

132 Sinumang tao na nagsasabing isa siyang lingkod ng Diyos, at pagkatapos nama’y tumatanggi sa Makalangit na pagpapagaling at sa Kanyang kapangyarihan, ay hindi kumukuha ng kanyang liwanag mula sa Brilyanteng ’yun, hindi siya kumukuha ng kanyang liwanag mula sa Luklukang ’yun. Dahil sinasalamin Siya Nito kahapon, ngayon, at magpakailanman hanggang sa pitong bituwin at sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya.

133 Oh, purihin ang Diyos! Palagay ko’y angkop para sa isang ministro na sambahin ang Diyos mula sa pulpito, nang may pasasalamat at papuri at parangal at lakas. Oh, napakatotoo, gaano nitong sadyang pinaliligaya ang kaluluwa ko hanggang sa pakiramdam ko’y mapapasigaw ako, at mapapatakbo at mapapatalon nang kasing taas ng makakaya kong tumalon, dahil mayroong Isang bagay sa kaibuturan ko na nagpabago sa akin mula sa kung ano ako dati. Hindi nga ako naging kung anong dapat na maging ako, at hindi rin naging kung anong gusto kong maging, kundi alam kong nabago ako mula sa kung ano ako dati. May naganap, may nangyari nga!

134 At tumayo rito’t nakita ang Walang-hanggang Salita na nanatiling nakatindig sa bawat bagyo! Noong sinikap nilang sunugin ang mga Biblia at lahat ng bagay, nanaig pa rin Ito, dahil sinabi Nito, “Ang kalangitan at lupa’y lilipas, subalit ang Aking Salita’y hindi lilipas.”

135 Dito po malapit sa Chicago ngayon, haya’t may isang—isang Biblia na nakapatong sa pulpito ng isang simbahan. Noong bago ang Unang Digmaang Pandaigdig, nasa isang misyunero ito at isang lalaki ang naakay sa pananampalataya, at gusto niya sanang ibigay sa misyunero ang kanyang Biblia, sabi, “Hindi ko maibibigay sa iyo ang isang ito, ibinigay kasi ito sa akin ng nanay ko.” Sabi, “Sige, pag-uwi ko, padadalhan kita ng isa.”

136 Naglayag na siya patawid ng dagat at pinasabog ng submarinong Aleman ’yung—’yung barko. Hindi na nila nakita ang kapisaso man nito. At makalipas ang dalawang taon, doon sa dalampasigan, nakakita sila ng isang kahon na lumulutang. Inisip ng ilan sa kanila na baka isang bagay ito na nalubog sa dagat, at kaya hinango nila ’yung kahon at binuksan nila ito, nung dalawang lalaki na napadaan. At sa loob nun, ang tanging bagay na nakaligtas, nasa loob ang Bibliang ’yun na ipinadala niya sa misyunero. Nakapatong po ito sa isang pulpito rito malapit sa Chicago ngayon, sa isang simbahan ng Methodist. “Ang kalangitan at lupa’y lilipas, subalit ang Aking Salita’y hindi lilipas.”

137 Noong bumaha rito noon, noong 1937, ang munting simbahan pong ito, noong ang mga sahig ay nabalot ng putik at iba pa na nasa loob nito, kami nga'y nakakadaan-daan pa sa ibabaw nito sakay sa isang—sa isang bangkang de sagwan. Ganoon na kataas 'yung baha. At, buweno, noong gabing 'yun na nangaral ako ang Ebanghelyo at siyanga't iniwan kong nakabuklat ang Biblia ko sa pulpito tapos umuwi na ako; inihula ko na noon itong baha na ito na parating, sabi ko, “Nakita ko siyang sumukat ng dalawampu't dalawang talampakan sa may Spring Street dito.”

138 Tinawanan lang ako ng matandang Kapatid na Jim Wiseheart at maging ng iba. Naaalala mo ba 'yun, Kapatid na George? Sabi ko . . . Sabi niya—sabi niya, “Oh, Billy, noong '84 ay halos anim na pulgada lang dito sa Spring Street.”

139 Sabi ko, “Nakita ko ang isang lalaki na bumaba mula sa langit, at kumuha ng panukat na patpat at ipinansukat doon sa Spring Street, ang sabi'y dalawampu't dalawang talampakan.”

Sabi niya, “Dala lang 'yan ng pagkanerbiyos.”

Sabi ko, “Hindi ito dala ng pagkanerbiyos! Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON!”

140 Tanungin n'yo sila kung ilan ngang talampakan ang inabot na taas sa Spring Street. Dalawampu't dalawang talampakan hanggang sa—sa pinaka pulgada nito! Eksakto.

141 At 'yung lumang Biblia kung saan ipinangaral ito noong gabing 'yun. . . Nagsimula nang umulan, pumasok ang mga baha't iba pa, at itong lumang simbahan. . . Umabot mismo sa kisame 'yung mga upuan, umabot din sa kisame 'yung Biblia, pumasok dito mismo ang baha na iniangat ang mga ito ng lahat ng tubig na pumasok. Lumutang mismo ang pulpito paitaas. Noong bumaba na ang mga 'yun; haya't ang bawat upuan ay bumalik mismo sa dating puwesto, at lumapag din 'yung Biblia sa dating puwesto nito, at sa kabila ng lahat ng tubig na 'yun, siyanga't nakabuklat pa rin, sa parehong kabanata't sa siya ring lugar.

142 “Ang kalangitan at lupa'y lilipas, subalit ang Aking Salita'y hindi lilipas.”

143 Papaanong lumutang ang Bibliang 'yun doon sa maalat na tubig sa loob ng dalawang taon nang hindi man lang nabubura 'yung mga salitang nakasulat Doon! Ang Salita ng Diyos ay totoo. Amen.

144 Naaalala ko pagkatapos nun, ang matandang Kapatid na si Jim Wiseheart siya nga'y nasiyahang labis dahil dun, na sa tuwing sumasakit ang braso niya. . . Nagkaroon siya ng kung anong diperensya sa kanya noong tumungtong siya ng mga pitumpu't limang taong gulang, nagkaroon siya ng rayuma. Sa tuwing aatake 'yung pananakit *dito*, tatakbo siya para kunin

ang Biblia, at bubuklatin ito, ipapatong doon, tapos kung may pananakit na naman sa kabilang ito *rito*. Pumunta ako roon isang araw at napakarami niyang Bibliang nakapatong sa kanya na hindi ko na makita si Kapatid na Jim, sadyang nababalot siya ng mga Biblia! Sabi niya, “Pangako ito ng Diyos!” Ganoon nga.

¹⁴⁵ “Ang kalangitan at lupa’y lilipas, subalit ang Aking Salita’y hindi kailanman lilipas.”

¹⁴⁶ Tanda n’yo pa ba ’yung matandang lalaking ’yun na datirati’y dumadaan rito’t nakikipagkita sa akin. At wala siguro sa mga kamag-anakan niya ang nandito ngayon sa tingin ko. At tinutulungan ko siya nang kaunti dati, alam n’yo, dahil matanda na siya’t nangangailangan ng pera at bumibisi-bisita nga siya. Sabi niya . . . Paalis ako isang araw papuntang Canada, bumaling na ako, kalalabas lang ng tarangkahan, at sabi niya, “Billy, anak, isa sa mga araw na ito’y babalik ka’t ang matandang Tito Jim mo’y hindi na paika-ika rito nang paroo’t parito sa kalsadang ito.” Yun na po ang huling beses. Noong nasa Canada ako, nakatanggap ako ng telegrama; namatay siya dun mismo sa mga bisig ni Kapatid na babaing Morgan. Inatake siya sa puso, at itinakbo nila siya sa ospital, tumingala lang sa kanya’t pumanaw na.

¹⁴⁷ Si Kapatid na Margie, nandito ba siya ngayong umaga? Kadalasan dumadalo siya. Alam n’yo itong lahat. Isa siya sa may pinaka matinding kaso ng kanser doon sa Baptist Hospital kung saan itinala nilang patay na sana siya nang labimpitong taon, doon sa Klinikang Medikal doon sa mga talaan, haya’t “mamamatay na sa kanser,” labimpitong taon na ang nakalipas. Nakatira siya sa 412 Knobloch Avenue, na nagnanars sa ospital dito. Oh, kamangha-manghang biyaya, kay tamis sa tainga!

¹⁴⁸ Si Jim Tom Robertson, isang abogado sa Louisville, at kilala nating lahat si Jim Tom. Yun ang nagdulot sa kanya para maniwala sa Mensaheng ito, nagpunta siya roon. At ang kanyang tatay ay isa sa mga namumuno ng mga tauhan doon sa ospital. Pumunta siya’t hinanap ito, para alamin kung totoo ba na naghihingalo na sa kanser si Kapatid na Margie, at sinukuan na’t pinauwi na, at inakalang sa abot ng kaalaman nila’y patay na siya. At hinanap ito ng kanyang ama, at totoo nga. At ang sabi ni Jim Tom, “Hindi ito totoo; nakaupo nga siya mismo rito ngayon, puwede kitang dalhin sa kanya.”

¹⁴⁹ Oh, oh, Siya—Siya’y isang tunay na Diyos, hindi ba? Labis akong nagagalak na kaya Niyang tumingin lampas sa mga pagkakamali natin, hindi ba? Nagbubunsod ito sa atin na mahalina Siya nang buong puso natin.

¹⁵⁰ Mga luklukan, mga kidlat. . . Ano? “Pitong ilawan,” o mga ilawan, o pitong bituwin, na tinatawag na “pitong Espiritu,” ibig sabihin ang kaha-. . . pitong kahayagan ng Espiritu Santo ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya sa pitong luklukan ng awa para

sa mga tao. Heto ang mga ito: pitong luklukan ng awa, pitong luklukan, pitong iglesya, pitong bituwin, pitong kahayagan, pitong Espiritu, pitong ilawan. Oh, grabe napaka perpekto ng Diyos! Bawat . . .

¹⁵¹ Nakalagay roon sa mga numero ng Biblia; ang mga numero ng Biblia'y ang pinaka perpektong bagay na mayroon sa mundo. Hindi ka makakakuha ng isang kapintasan man mula Genesis hanggang Apocalipsis, sa mga numero ng Biblia. Hindi lang basta obrang pampanitikan na isinulat na wala kang mahahanap na isang kapintasan bago mo basahin ang tatlong talata; pero hindi sa Bi- . . .

¹⁵² Tinatangka nila sa loob ng higit dalawang-daang taon na magdagdag ng isang parirala sa Panalangin ng Panginoon, o mag-alis ng isa mula Rito. Ganap ito! Hindi ka maaaring magdagdag o mag-alis ng anuman mula Rito. Iniisip nila kasing gawing mas kaaya-aya nang kaunti ang panalangin na 'yun. Susubukan nilang isingit 'yung *ganito* sa loob Nito, at ilagay ang *ganoon* sa loob Nito, o alisin 'yung *ganito* mula Rito; hindi na talaga tumutugma. Kita n'yo, sakdal talaga Ito! Ang lahat ng pamamaraan ng Diyos ay sakdal.

¹⁵³ Samakatwid tayo ang hindi sakdal, pero sinabi Niya na “Kaya't kayo nga'y maging sakdal gaya ng inyong Ama sa Langit na sakdal.” Papaano tayo magiging sakdal? Sa pamamagitan ng mahalagang Dugo ni Jesus Cristo, ang kalimutan ang ating mga sarili't mamuhay lamang sa Kanya. Hayan nga. Ganoon ngang katangi-tangi Ito!

¹⁵⁴ Sige, ika-6 na talata ngayon kung makadadako tayo rito. “Pitong ilawan.”

At sa harapan ng luklukan. . . ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin: at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran. (Oh, grabe! Tingnan n'yo ito!). . . nilalang na buhay na puno ng mga mata—puno ng mga mata sa harapan at sa liku- . . . (Ngayon, sandali). . . sa harapan ng luklukan. . . ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin: at sa gitna ng luklukan, ay may apat. . . at sa palibot. . . ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran.

¹⁵⁵ Ngayon, ang “dagat na salamin.” Kayo na . . . Akin lang. . . Hindi ito masyadong simbolo rito, sige't gusto ko lang burahin ito pansumandali. Ngayon, gusto nating pag-aralan ito nang kaunti. Ang dagat na salamin na 'yun ay isinasagisag noon sa lumang templo, dahil inutusan ng Diyos si Moises na itayo ang templo sa lupa gaya ng pagkakita niya Rito sa langit. Alam ng lahat 'yan. Buweno.

156 At hayaan n'yong gumuhit lang ako nang kaunti rito ngayon, pangalanan natin, *narito* ang kaban sa Lumang Tipan, sige, 'yung kasunod, tinawag naman 'yung "Kabanal-banalang Dako." At ang susunod na lugar dito'y ang dambana, na tinawag na "banal na dako." At dito mismo bago lamang *dito* ay ang "dagat na tanso," 'yun ang tawag dito. Sa madaling salita, ito'y isang dako kung saan ang hain. . . ang mga hain ay hinuhugasan—ay hinuhugasan dito bago sila tinatanggap sa . . . sa dambana; sa dambanang tanso, o sa dambana na yari sa tanso kung saan sinusunog ang hain.

157 Ngayon, gusto nating antabayanan ito ngayon kung saan ang . . . kung saan ba ito naroon. At ngayon—ngayon, sa dagat na salamin na ito . . . haya't nasa harap ng Luklukan at sa harap ng banal na dako. Sige't . . . Ngayon tandaan n'yo, nakalagay ang pitong gintong kandelerero *rito* nang paganito, at sa pagpasok ay may isang hugasan. Kita n'yo? Ngayon, 'yun ang sumasalamin sa liwanag mula sa banal na dako papunta *rito*. Ngayon, kung kayo . . . hindi, hindi n'yo kailangang isulat ito maliban na gusto n'yo po, pero 'yun ay . . . May iba pa ako rito na iginuhit ko mismo, na gusto kong maiparating sa inyo. Sige't ngayon, kita n'yo, tinawag *itong* dagat na tanso; hindi ito gaanong kalakihan, nakalagay ito nang humigit-kumulang ay nakaposisyon sa templo. Nakalagay ito nang *paganito* rito, ang dagat na tanso, isa itong hugasan na gawa sa tanso kung saan nila hinuhugasan ang mga hain. Bago sunugin o tanggapin ang mga hain, kinakailangan nilang mahugasan ang mga ito.

158 Oh, hindi ba't maaaring gawing pangangaral 'yan ngayon, Doktor. Oh, grabe! Hindi ba't—hindi ba't 'yan nga'y sadyang . . . Bigla na lang pong dumating sa akin, "hinuhugasan sila." Bago tanggapin ang anumang hain para sa Diyos, kailangan muna itong mahugasan. Paano? Hindi sa pagiging emosyunal, kundi ang mahugasan sa pamamagitan ng Salita. Ngayon, maaari tayong bumalik at humantong sa kung saan itong Judiong rabi. . . noong ipangaral ko ang tungkol sa pangangaral na 'yun ukol sa mga tubig ng paghihiwalay, 'yung ukol sa pulang dumalagang baka, mga tubig na naglilinis, na ginawa ang mga 'yun na tubig para sa paghihiwalay. At bago tayo makalapit sa Diyos nang may tunay na pananampalataya, kailangan muna nating lumapit sa pamamagitan ng tubig para sa paghihiwalay. Siyanga, po. Kinakailangan mong lumapit sa pamamagitan ng ano? Ng Salita!

159 Oh, sige't titingnan ko kung maaari akong makapangusap sa paraan na kayo'y . . . na maunawaan ito ng bawat isa. Ngayon, isuot n'yo ang espirituwal n'yong pag-iisip. Isantabi n'yo muna ang pamandong n'yo na pandigma at isuot n'yo ang espirituwal n'yong pag-iisip ngayon, dahil heto po ang isang bagay. "Hinugasan bago ito matanggap sa dambana," dapat munang mahugasan ng mga tubig para sa paghihiwalay.

160 Ngayon, samahan n'yo akong bumuklat agad sa Mga Taga-Efeso 5, manatili lang po kayo sa kinaroroonan n'yo at umatras lang, nang ilang pahina pabalik, sa ika-5 kabanata ng Efeso at sa ika-26 na talata:

Upang kaniyang pakabanalin ito at linisin ito. . . (Ang Iglesya, ang tinutukoy niya.)

161 Kita n'yo, ngayon, hayaan n'yong bumalik ako nang mas malayo pa riyan. Bumalik tayo sa bandang ika-21 talata, habang hinahanap n'yo:

Pasakop kayo sa isa't isa sa takot sa Diyos.

162 "Pasakop kayo." Kongregasyon, pasakop kayo sa inyong pastor. Pastor, pasakop ka sa iyong kongregasyon. Kung may umusbong na grupo-grupo, huwag kayong pumanig sa alinman, kayo'y magpasakop sa buong kongregasyon. Kongregasyon, kung kayo'y tangkang magpapasimula ng grupo-grupo, pasakop kayo sa inyong pastor na may takot sa Diyos. Kita n'yo? Oh, kapatid! Hmm!

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawang lalaki, na gaya ng sa Panginoon, (Dahil siya ang inyong panginoon.)

163 Ilan ang nakakaalam n'yan, sa inyo na mga kababaihan? Ganoon nga mismo. Ganyan ang sinabi ng Biblia sa simula. Nananatili pa rin itong ganoon.

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawang lalaki, na gaya ng sa Panginoon.

Sapagka't ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia: na siya rin ang tagapagligtas ng katawan.

164 Ganoon din ang asawang lalaki. Alam n'yong lahat 'yan, kayong mga may asawa at nasa hustong gulang, o mga kabataan na nasa hustong gulang na para malaman n'yo ang paraan ng buhay-buhay. Buweno.

. . . na gaya ng sa Panginoon.

Sapagka't ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia: na siya rin ang tagapagligtas ng katawan.

Datapuwa't kung paanong ang iglesia ay nasasakop ni Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya; (Huwag n'yo siyang tapak-tapakan! Kung ganoon kayo, hindi kayo angkop para maging asawang lalaki. Tama!)

Upang kaniyang . . .

Makinig kayo, heto na! Kunin n'yo ito ngayon:

Upang kaniyang pakabanalin ito at linisin sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may...
[Sinasabi ng kongregasyon, "Salita."—Pat.] Hmm!

¹⁶⁵ Kung magkagayon, ang bawat mananamba na magkakaroon ng pagkakataon na makapasok *Dito* ay kinakailangang dumaan sa pamamagitan ng Salita. Napakaraming dumadaan sa iba. Naniniwala ako sa mga mumunting kuwento at mga bagay-bagay, 'yung tungkol sa "nanay mo na matagal nang namatay at hinihintay ka niya sa Langit," mainam naman pero 'yun ay dapat *pagkatapos* na ang Salita'y mapairal. Maraming tao ang dumudulog sa altar dahil gusto nilang makita ang kanilang nanay sa Langit. Mabuti 'yan, dapat n'yong gawin 'yun, pero hindi 'yun ang dapat na dahilan mo kung bakit ka dumudulog sa altar. Dumudulog ka sa altar na ipinapahayag ang iyong mga kasalanan dahil namatay si Cristo bilang kahalili mo, sa pamamagitan ng Salita!

¹⁶⁶ Kung ganoon, ang anumang hain na hindi dumarating sa pamamagitan ng Salita ay hindi tinatanggap kung ganoon. Tama ba? (Oh, kapatid, ayaw ko sanang sabihin ito. Oh, ayaw ko sanang sabihin ito. Patawarin n'yo ako sa pagsasabi nito.) Yan ang dahilan kung bakit nasa Biblia ang Mga Gawa 19, "Tinanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula nung kayo'y nanampalataya?"

Sabi nila, "Kami... hindi pa sa ganyan..."

Sabi, "Kung ganoon, papaano kayo nabautismuhan? Bakit hindi pa kayo nakapasok Dito?"

¹⁶⁷ Dumaan sila sa ibang daan maliban sa Salita! Sabi, "Oh, dumaan din naman kami sa pormula, nabautismuhan na kami... kay Juan."

Sabi niya, "Hindi na 'yun uubra. Nagbautismo lamang si Juan ukol sa pagsisisi't, hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan."

¹⁶⁸ At nang marinig nila Ito, muli silang binautismuhan. Bakit? Sa pamamagitan kasi ng Salita! "Hinugasan ng mga tubig ng Salita." Sabi ng Salita, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo!" Ang anumang magdikit ng anumang iba pang bagay Doon ay kabulaanan!

¹⁶⁹ Ngayon, mahal kong kapatid, alam kong sa teyp din ito. Ngayon, huwag kayong mabibigla. Hayaan n'yong sabihin ko ito nang may banal na pag-ibig, dumating na ang oras kung saan hindi ko na kayang manahimik pa sa mga bagay na ito, napakalapit na ng Pagdating. Kita n'yo? "Ang trinitarianismo ay sa diyablo!" Sinasabi ko 'yan na GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Tingnan n'yo kung saan ito nagmula. Nagmula ito sa Konseho ng Nicea noong naghari ang iglesyang Katoliko.

Ang salitang “trinidad” ay ni hindi nabanggit kailanman sa buong Aklat ng Biblia. At ’yang *tatlong* Diyos, mula ’yan sa impyerno. Isa lang ang Diyos. Ganoon nga mismo.

170 Ngayon, masasabi n’yo nga, “Naniniwala ka ba na ang lahat ng mga taong ito na—na mga trinitarian ay mula sa impyerno?” Hindi, po. Naniniwala ako na sila’y mga Cristiano. Pero nalalapit na ang oras, kapatid, kung saan sila’y may sinseridad na mali.

171 Sinumang tao, saanmang lugar, anumang oras, na gusto n’yong makipag-usap tungkol sa paksa na ito, lumapit lang po kayo sa akin; sinumang ministro, obispo, arsobispo, ano ka man. Siyanga’t naka-teyp po ito, na ipapamahagi sa buong mundo. Hinihiling ko nang may pagmamahal sa kapatid, na sinumang nakikinig sa akin sa teyp na ito sa buong mundo, na pumunta kayo sa akin at magpakita sa akin ng isang teksto ng Kasulatan o isang talata man sa anumang kasaysayan (na awtentikong kasaysayan mismo) kung saan may sinumang tao na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo” hangang sa panahon na inorganisa nila ang iglesyang Katoliko, hayang nga’t babaguhin ko ang doktrina ko. Ang bawat tao noon ay talagang nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo! At mahal kong mga kapatid, nabulag ang mga mata n’yo sa mga bagay na ’yun. Manalangin kayo na pagkalooban kayo ng Diyos ng Kaliwanagan!

172 Ngayon, kung mayroon kayong Kasulatan na sumusuporta rito, kayo po’y hihintayin ko o pakikinggan ko ang inyong tawag. Kayo’y . . . kayo . . . Na nariyan sa kabila ng teyp na ito, kayo po’y kusang-loob na lumalakad sa espirituwal na kamangmangan kung hindi n’yo ako hahamunin tungkol dun. Kung gusto n’yong mapagkilala kung ano ang Liwanag at kung ano ang dilim, tanungin natin ang Diyos. Tandaan n’yo, ang sinasabi ko’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Kung naniniwala kayong ako’y lingkod Niya . . . At kung hindi ’yun ayon sa Salita, ’yun nga’y anupa’t mali. Kaya naman kung hindi ito batay sa Salita, tungkulin n’yo na ituwid ako, uh-huh, tingnan n’yo kung anong mangyayari. Uh-huh. Isa itong pagkakamali!

173 Naniniwala ako na makailang libo-libo na trinitarian na naniniwala sa tatlong Diyos ang maliligtas, dahil di nila alam ang kaibhan. Dadako tayo riyon sa pagpapatuloy pa ng mensahe.

174 Ngayon, huwag na huwag n’yong pahintuin ang inyong teyp lahat kayo at lalakad palabas ng bahay, kayo po na mga kapatid na trinitarian; pakinggan n’yo Ito. Bagkus manatili lang kayong nakaupo nang ilang minuto. Responsibilidad mo ito sa sarili mo. Responsibilidad mo ito sa kongregasyon mo. Kita n’yo? Huwag kayong huminto sa pagkuha ng mga teyp, manatili lang kayo Rito. Saliksikin n’yo Ito sa pamamagitan ng Salita’t tingnan n’yo

kung Ito ba'y tama. Ang sabi ng Biblia, "Subukin n'yo ang lahat na mga bagay."

¹⁷⁵ Alam kong hindi Ito popular sa karamihan, ganoon din si Jesus, ganoon din ang Mensahe, noon pa man. Minahal n'yo ako noong naparito ako at pinagaling ang mga maysakit at nagdadalamhati sa inyo, inisip n'yo na ito'y katangi-tangi, napakaraming tao at lumalaki ang iglesya. Ngayon, ganoon din ang ginawa noon ni Jesus hanggang sa isang araw ay kinailangan na Niyang sabihin ang Katotohanan. At noong gawin Niya, pati yaong pitumpu'y tumalikod sa Kanya. At bumaling Siya sa iba pa, sa labindalawa, at ang sabi, "Aalis din ba kayo?"

At sinabi ni Pedro ang kahanga-hangang mga salita na 'yun, "Panginoon, kanino pa kami dadako, yamang Ikaw lamang ang may mga Salita na Walang Hanggan?"

¹⁷⁶ At ang Salita ng Diyos lamang ang Walang Hanggan! At sumpungan n'yo ako saan mang dako na pinabautismuhan ng Diyos kailanman ang sinuman sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

¹⁷⁷ Dumako kayo sa Mateo 28:19, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," kung saan sinabi ni Mateo, "Dahil dito'y magsiyaon nga kayo, at turuan ninyo ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo"? At ang sinumang nag-iisip na ang "Ama, Anak, Espiritu Santo" ay pangalan, ipinapakita nitong may mali sa kanilang edukasyon. (Ngayon, para sa isang estudyante na ikapitong baitang lang ang naabot na sasabihin ang bagay na 'yan sa mga obispo na nakikinig *Dito*.) Ang *Ama* ay hindi pangalan, ang *Anak* ay hindi pangalan, at ang *Espiritu Santo* ay hindi pangalan. Ang mga ito'y mga *titulo* na kalakip ng *Pangalan* (ng Ama, Anak, Espiritu Santo), na Jesus Cristo.

¹⁷⁸ Tandaan n'yo, hindi 'yan dahil sa galit, sinasabi ko ito nang may pag-ibig at banal na paggalang, na may kalakip na pag-ibig at pagsasaalang-alang para sa buong Katawan ni Cristo kung saan ako'y naimbitahan ng mga kapatid kong trinitarian (at sa buong mundo) para pumunta't mangaral sa kanilang kongregasyon. Pero hindi ko ito binabanggit kapag kasama ko kayo. Gusto kong maging . . . Maliban na hilingin n'yo mismo sa akin, at pupunta ako sa parokya kasama n'yo at makikipag-usap sa inyo tungkol dito. Pero sa harap ng kongregasyon n'yo, magugulumihan sila rito. Tungkulin n'yo na kunin ang Kapahayagan at kayo ang pupunta roon at magtuturo sa inyong kawan, kayo ang pastol ng kawan. Nakikipag-usap ako sa mga ministro. Kung hindi n'yo maintindihan, halikayo, maupo tayo at lutasin na sama-sama. Sabi ng Biblia, "Subukin n'yo ang lahat na mga bagay, at panghawakan n'yo ang mabuti."

¹⁷⁹ "Dagat na salamin," kung saan hinuhugasan ang hain . . . At tayo'y hinuhugasan . . . Oh, huwag n'yong kalimutan 'yan,

babalikan natin ito maya-maya, “Hinugasan ng tubig ng Salita.” Pagkatapos ay kailangan mong marinig ang Salita bago ka makapasok doon, dahil nag-iisa lang ang paraan para makalapit ka sa Diyos, ’yun ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Tama ba? “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita,” na hinuhugasan ang ating budhi. Hindi para makita ang isang tao, hindi para makita si tatay, hindi para makita si nanay, hindi para makita si bunso (totoo naman lahat n’yan, ginagawa natin ’yan), pero ang unang bagay na kailangan nating daanan ay ang daan ng Diyos ng paglapit; mahuhugasan tayo kapag narinig natin ang Salita ng Diyos.

180 Sa pananampalataya tayo’y lumalakad. *Biyaya*, “ang bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo.” Tama. Sumasampalataya ka sa Diyos, nananampalataya ka sa Diyos; at sa sandaling magsisi ka, napatawad ka na.

181 Habang nakikipag-usap ako sa isang kapatid kahapon, na medyo naguluhan siya tungkol dito, at ang sabi ko, “Tingnan mo, kapatid, kung may masabi kang nakakasakit sa damdamin ng asawa mo, agad-agad kang maaawa sa kanya, pagsisisihan mo ang ginawa mong ’yun, haya’t nagsisi ka na sa puso mo. Tama. Pero kailangan mong sabihin sa kanya ang tungkol dito. Kailangan mong lumapit at sabihin, ‘Mahal, pinagsisisihan ko—pinagsisisihan kong nasabi ko ’yun.’ Pagkatapos nga’y nakapagsisi ka na nang lubos.” Ngayon, ganoon din ito sa Diyos.

182 Ang isang lalaki na pupunta’t magsasabi, “Nasaktan ko ang damdamin niya, hindi naman mahahalata, kung sasabihin ko sa kanya na nagsisi ako, pero hindi naman talaga,” isa kang ipokrito. Kita n’yo? Siyanga. Hinding-hindi ’yun tatanggapin ng Diyos.

183 Kailangan ay lubusan kang magsisisi sa mga pagkakasala mo. Pagkatapos kapag batid mo nang pinagsisisihan mo ang mga kasalanan mo, at pagkatapos nga’y “Pagsisisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kapatawaran ng iyong mga kasalanan, at tatanggap ka ng kapatawaran, tatanggapin ang Espiritu Santo.” Kita n’yo, simple lang, ginawa ito ng Diyos nang ganoong kasimple.

184 Dito po . . . mapapansin natin dito sa “dagat na salamin,” ito’y inihalintulad sa kristal. Ngayon, ang dagat na salamin ay isinasagisag noon, tumitipo sa dagat na tanso. Ito yaong dagat na salamin, sa Langit. Nakita ito ni Moises na parang dagat na salamin at ginawa yaong tinatawag na “dagat na tanso,” isang dambanang tanso, hain na tanso . . . o dambanang tanso, pala.

185 Alam n’yo kung ano ang tinutukoy ng tanso sa Biblia? Kahatulan. Gumawa siya noon ng tansong ahas. Ano naman ang ibig sabihin ng *ahas*? Ang sinisimbolo ng *ahas* ay “kasalanan na hinatulan na,” doon sa halamanan ng Eden, noong, “Ang

iyong sakong ang dudurog ng kanyang ulo; ang kanyang ulo ang dudurog sa sakong.”

¹⁸⁶ At ang *tanso* ay kumakatawan sa “Banal na Paghatol,” ang dambanang *tanso*, kung saan sinusunog ang hain; hugasang gawa sa *tanso*, kung saan ang hain ay hinuhugasan ng tubig ng Salita. Kita n’yo? Si Moi- . . . Si Elias, noong panahon niya, siya’y lumabas at tumingala, at ang sabi niya, “Parang *tanso* ang langit.” (Banal na Kahatulan ’yun na ipapataw sa isang tinanggihang bansa.) Oh, grabe! *Tanso*, gawa sa *tanso*!

¹⁸⁷ Ngayon tayo’y naroon na sa “hugasan.” At mapapansin n’yong walang laman ang hugasang ito at kasing linaw ito ng kristal. Bakit? Natubos na ang iglesya!

¹⁸⁸ Ngayon, ngayon, mapapansin natin maya-maya, hayan nga, noong sumapit doon sa mga banal mula sa Kapighatian, muli natin itong makikita na puno na naman ng apoy. Alam n’yo ba . . . Gusto n’yo bang basahin ’yun? Pumunta tayo sa Apocalipsis ngayon, sa ika-15 kabanata, sa ika-2 talata, at basahin kung saan natin uli makikita itong tansong apoy. Sige:

At nakita ko ang ibang anghel . . . nakita ko ang ibang tanda sa langit, (Hayan nga.) dakila at kagilagilalas, pitong anghel na may . . . pitong salot na siyang mga panghuli; sapagka’t sa mga yao’y magaganap ang kagalitan ng Dios.

Ngayon ang “galit” ng Diyos. Masdan:

At nakita ko ang gaya ng isang dagat na salamin na may halong apoy: (Ngayon, masdan n’yo.) at yaong nangagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa tatak, at sa bilang ng kaniyang pangalan, ay tumayo sa tabi ng dagat na salamin, na may . . . mga alpa ng Dios.

At inawit nila ang awit ni Moises na lingkod ng Dios, . . .

¹⁸⁹ Oh, nakikita n’yo ba? “Panahon ng kapighatian.” Oh! Nagmamadali ba kayo? [Sumagot ang kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Sige, makinig kayo, pansinin natin ang isang bagay rito.

¹⁹⁰ Paano tayo makakarating? Kailangan nating makarating (ang Iglesyang Gentil na ito) sa Salitang ito, sa dagat na salamin, tubig, tubig ng Salita (Tama ba?), kilalanin ang Salita sa paraan ng pagkakasulat Nito. Pagkatapos ay matatanggap na ang hain at mapupuspos ng Espiritu Santo mula sa loob, na nagniningning sa Liwanag ng panahon na ’yun. Mula rito . . . Lumalabas na Ito mula sa banal na dako papunta rito, mula sa bituwin papunta *rito*. Nakukuha n’yo ba?

¹⁹¹ Pansinin, ngayon, sa katapusan ng kapanahunang ito, si Juan, nang makita niya ang dagat na *tanso* roon, ito’y “kasing

linaw ng kristal.” Ano ’yun? Kinuha na ang Salita mula sa lupa, inagaw sa Iglesya, at ito’y “kasing linaw na ng kristal,” wala nang Dugo, tapos na ang kapanahunan ng Iglesya.

¹⁹² Ngayon, sa Apocalipsis 15, ang nalabi sa Binhi ng babae, na ang mga banal mula sa Kapighatian na mga dumaan sa Kapighatian, haya’t sila’y natagpuan (Tingnan n’yo!) na nakatayo sa dagat na ito. At ito’y napuno ng apoy, dugo, mga pulang apoy na naglalagablab, ang apoy ng Diyos. Nakamit nila ang tagumpay laban sa hayop (ang Roma), laban sa kanyang bilang, laban sa titik ng kanyang pangalan, at laban sa kanyang larawan (ang Kompederasyon ng mga Kaiglesyahan), at napagtagumpayan ’yun. At sa pamamagitan ng pangangaral nina Moises at Elias, ang dalawang propetang ’yun na magpapakita sa Israel upang hatakin palabas ang... ang grupong ito ng mga tao, na mga banal na nalampasan ang Panahon ng Kapighatian, ang panahong ’yun na darating, haya’t. . .

¹⁹³ Kita n’yo, ang Iglesya ay inagaw na, pero tandaan n’yo na ang Asawang Babae’y nasa Luklukan na. Sa Panahon ng Kapighatian. . . Nanirahan sa mga kaharian, sa labas, at dinadala ang lahat ng kanilang mga hari’t kanilang karangalan at kaluwalhatian papasok sa Lungsod. Pagsapit natin sa Apocalipsis 22, makikita n’yo ito. Kung inililista n’yo ito at hawak-hawak na, kapag sumapit na tayo rito’y makikita n’yo kung anong ibig sabihin natin. Wala lang tayong oras para sahurin ang bawat mumunting detalye’t tugaygayin ito nang pabalik-balik, pero tutumbukin lang natin ’yung pangunahing mga bahagi nito. Pagkatapos isang araw, siguro, kung loloobin ng Panginoon, magkakaroon tayo ng maraming oras para pag-usapan ito.

¹⁹⁴ Ngayon, itong mga banal na mula sa Panahon ng Kapighatian na sumapit dun, sila’y dumaan sa matitinding kapighatian. (Hindi dadaan ang Iglesya sa Kapighatian! Nakikita n’yo ba na nasa Kaluwalhatian na sila nun?) At narito ang mga banal na mula sa Kapighatian, ang mga pinabanal na nagkaroon. . . dahil ito’y pagkukulang ko’t pagkukulang n’yo hindi nila narinig ang Salita kailanman. Kung narinig nila Ito’t tinanggihan Ito, mapupunta sila sa impyerno; itatapon sila sa kadiliman sa labas dahil tinanggihan nila ang Salita. Pero kung hindi nila Ito narinig kailanman, ang Diyos ay makatarungan, darating ang Panahon ng Kapighatian sa kanila.

¹⁹⁵ Ngayon, pansinin n’yo pansumandali lang. Mga banal na hinugasan ng pareho ring Salita, dahil ito’y ang pareho ring dambana, ito yaong parehong dagat na salamin at yaong parehong Salita. Apocalipsis 2:5, Apocalipsis 15: (o ano po pala) :2 hanggang :5. Pansinin n’yo, pansumandali lang. Ngayon, hindi natin kailanman dinala ang Salita sa kanila, ’yun ang dahilan kung bakit sila’y—sila’y ganoon. Hindi natin kailanman

dinala ang Salita sa kanila, mananagot tayo. Kaya't hindi natin maaakay ang lahat na mga tao; hindi 'yun magagawa ng Iglesya (sa panahong ito) na nagtataglay ng Katotohanan. Kaya dadaan sila sa Kapighatian, hindi sila ang mga Banal na namatay noon sa mga kapanahunan ng iglesya, kasi ang sabi niya "Sila'y nanggaling sa malaking Kapighatian," at ang malaking Kapighatian ay sa hinaharap pa, pagkatapos na ang Iglesya'y makauwi na sa Tahanan.

¹⁹⁶ Oh, hayan nga! Oh, gustung-gusto ko ito! Pakinggan n'yo! Dakuan natin ang nasa unahan pa, gusto kong makita kung anong uri ng Salita ang narinig nila. Ngayon, simulan natin muli sa ika-2 talata ng ika-15 kabanata.

At nakita ko ang gaya ng isang dagat na salamin na may halong apoy: at yaong nangagtagumpay sa hayop, . . . sa kaniyang larawan, . . . sa kanyang tanda, . . . sa bilang ng kaniyang pangalan, ay nakatayo sa tabi ng dagat na salamin, na may . . . mga alpa ng Dios.

¹⁹⁷ Ngayon, kita n'yo, hindi pa sila nakapasok, pero narinig nila ang Salita. Narinig na nila ang Salita. Ngayon, pakinggan n'yo, tingnan n'yo kung ano kayang uri ng Doktrina ang narinig nila, tingnan n'yo kung maihahambing ito sa Iglesya ngayon.

At inawit nila ang awit ni Moises na lingkod ng Dios, (Yun nga'y, matapos na makatawid noon si Moises.) at ang awit ukol sa Cordero, na sinasabi, Mga dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, Oh Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat; (Sino ang Corderong 'yun?) Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga banal.

¹⁹⁸ Nakita n'yo kung ano ang pagkakilala nila sa Kanya? Hindi ikatlong persona sa isang trinidad, kundi "ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang Hari ng mga Banal!" Pakinggan n'yo! Handa na ba kayo? Ika-4 na talata:

Sinong hindi matatakot, Oh Panginoon, (malaking titik na P-a-n-g-i-n-o-o-n, Elohim) at luluwalhatiin . . . Sinong matitira na hindi matatakot sa iyo, . . . at luluwalhatiin ang iyong pangalan? . . .

¹⁹⁹ Hinugasan sila sa pamamagitan ng parehong tubig na hinuhugasan ka ngayon, pakikinig sa Salita, at ang pananampalataya't kapangyarihan ni Jesus Cristo bilang ang Pinakamakapangyarihan. Ito ang buong Kapahayagan mismo sa simula. Ang buong bagay na ito ay nakabalot sa Kapahayagan kung Sino si Jesus Cristo, "Ang Diyos na nagkatawang-tao sa kalagitnaan natin!"

. . . Dakila at kagilagilalas ang iyong Pangalan . . .

Sinong hindi matatakot . . . at pararangalan ang iyong pangalan? ikaw . . . ay . . . sapagka't ikaw lamang ang banal: sapagka't ang lahat ng mga bansa ay darating at magsisisamba sa harapan mo; sapagka't ang iyong mga matuwid na gawa ay nangahayag.

200 Sa madaling salita: Nakikita namin kung anong ibig sabihin ng hindi pagtanggap Nito, ang Iyong mga paghatol ay nahahayag. Kaya narito kaming nakatayo, hinuhugasan kami ngayon, hinuhugasan kami ng tubig pagkatapos naming dumaan sa Panahon ng Kapighatian. Nanindigan kami para sa Iyo at sumampalataya kami sa Iyo, at kami ngayon ay nakatayo sa dagat na salamin, at pinarangalan at niluluwalhati Ka namin bilang repleksyon ng Iyong Espiritu Santo. At ang Iyong mga ilawan ay totoo at ang Iyong mga paghatol ay matuwid.

201 Oh, grabe! Maaari tayong manatili ng isang linggo sa bagay na 'yan. "Bautismo ng Espiritu Santo," gumuhit tayo ng isang bagay rito ngayon, pansumandali lang po, may gusto akong iguhit. Ngayon, sige't . . . bakit di na natin tugaygayin 'yan diyan kung nasaan na tayo.

202 Ngayon, kung mapapansin natin, heto ang isang magandang pagsasalarawan. Ngayon, *heto* ang Kabanal-banalang Dako. Sige. *Heto* ang banal na dako. At *heto* ang una, na bago dumating doon, ay 'yung—'yung dagat.

203 Sige, pansinin n'yo ngayon. Paano tayo lalapit sa Diyos? "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita ng Diyos," nasasalamin 'yun mula sa Kabanal-banalang Dako papunta sa mensahero ng kapanahunan.

204 Pabalik sa, at 'yung . . . Sa templo ni Solomon, sumasalamin ito, sinasalamin ng mga ilawang 'yun ang mga liwanag nito palabas doon sa hugasang gawa sa tanso. Kaya, *dito*, sinasalamin ng anghel ng kapanahunan doon sa tubig kung sino ang Lalaking ito *rito*, sinasalamin ang Kanyang awa, ang Kanyang mga Salita, Kanyang paghatol, Kanyang Pangalan. Ang lahat ay nasasalamin dito sa dako kung saan kayo'y inihihawalay sa pamamagitan ng pagsampalataya Rito. Nakukuha n'yo ba?

205 Pansinin natin kung gaanong kaganda ito rito, tinalakay natin ito noong isang araw. Masdan n'yo rito, *heto*, "Yamang tayo'y inaaring-ganap, inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya." Sige, *pangalawa*, pagkatapos mahugasan, "pinaging banal." At, *pagkatapos*, "pinuspos ng Espiritu Santo." Pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo! Nakikita n'yo ba? Papaano ang Kanyang Mensahe? Pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pakikinig; ang pagpapaging banal ay kung anong ginagawa n'yo; at tungkol sa ginawa mo bilang pagpapahalaga roon, tinatakan kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

206 Ngayon, ikaw, kapatid kong Baptist, may gusto akong itanong sa iyo. Sasabihin mo, “Ano pang magagawang iba ni Abraham kundi ang manampalataya sa Diyos? At ibinilang ’yun na katuwiran sa kanya ng Diyos.”

207 Yun lang ang maaari niyang gawin, *dito*, Siya’y nanampalataya sa Diyos. Pero ang Diyos, para tanggapin ang kanyang pagsampalataya, ay ibinigay sa kanya ang tatak ng pagtutuli at tinatakan siya, na nagpapakita na ang Diyos ay kailangang tang- . . . tinanggap ang kanyang pananampalataya. At kung nagpahayag kayo ng pananampalataya sa Diyos, at di pa kailanman tinatakan ng Espiritu Santo . . . Mga Taga-Efeso 4:30, kung gusto n’yo itong isulat, Mga Taga-Efeso 4:30, “Huwag n’yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan niya ay kayo’y tinatakan!” At hindi kayo natatakan hangga’t hindi n’yo natatanggap ang Espiritu Santo.

208 Gaano ito magtatagal? Hanggang sa susunod na rebaybal ba? “Hanggang sa ating pagkatubos, sa mismong Araw ng pagkatubos.” Walang paraan para mapalayo kayo Rito. Hindi na kayo mapapalayo Rito, dahil hindi Ito lalayo sa inyo. Kita n’yo? “Sapagkat kayo’y tinatakan hanggang sa Araw ng inyong pagkatubos.” “Walang hinaharap, walang kasalukuyan, panganib, gutom, uhaw, kamatayan, o anumang ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo.” Sabi ni Pablo, “Ako’y lubos na sumasampalataya roon!” Hayan nga! Hayan nga, tinatakan kayo hanggang sa Araw ng inyong pagkatubos.

209 Pansinin n’yo, ibabalik tayo nun sa tinalakay noong huling—huling Linggo. May oras pa ba ako? Akin lang. . . Masdan, masdan n’yo ito, ang espiritu. . . espiritu, kaluluwa, at katawan. Sige, tingnan n’yo: katawan, kaluluwa, espiritu.

210 Ngayon, sige’t buburahin ko lang ito’t aayusin ang isang bagay rito para sa inyo. Ngayon, may iguguhit ako rito, Hindi kasi ako nagkaroon ng pagkakataong iguhit ito noong nakaraang Linggo kaya iginuhit ko na lang ito rito mismo sa kapisirang dilaw na papel. Gusto kong markahan n’yo ito at makikita n’yo kung ano mismo ang ibig kong sabihin, ngayon, sige’t kayo na may mga lapis. Ngayon, *ito* ang katawan; at *ito* ang kaluluwa; at *ito* ang (malaking titik na E-s-p-i-r-i-t-u) Espiritu, ang Espiritu Santo. Buweno. Ngayon, ’yan ang bumubuo sa atin.

211 Kung mapapansin n’yo *rito*, banal na dako, Kabanal-banalang Dako; ang dambana *rito*, ang banal na dako; at *dito* ang dagat—ang dagat, doon n’yo naririnig ang Salita, “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa Salita,” paghihiwalay, dagat ng paghihiwalay, dagat na naghhihiwalay. Ngayon, pansinin n’yo. Ngayon, nag-iisa lamang ang pasukan para makapasok *dito*, at ’yun ang kailangan mo munang dadaanan papunta *rito*. Tama ba?

212 Ngayon, sana'y mayroon pa akong espasyo, ilalagay ko *rito*, “ang—ang mga birhen.” Sa panahon na ang . . . Ang “Hapunan ng Kasalan,” ’yung isa pa. Nakita n’yo kung papaano nakapasok ang lalaking ito *rito* sa Hapunan ng Kasalan, at pumasok siya sa ibang daan? Pero *narito* ang Pinto. Sabi ni Jesus, “Ako ang Pintuan.” At ang hapag ng kasalan na ito ay nakalagay *rito* at nakaupo sa palibot nun ang mga tao, at heto ang isang lalaki *rito* na walang suot na Damit Pangkasal. At noong pumasok ang Hari, ang sabi Niya, “Papaano ka nakapasok dito, kaibigan? Paano ka nakapasok dito?” Ipinakita mismo na hindi siya pumasok sa pamamagitan ng Pintuang ito. Pumasok siya sa isang bintana o pumasok sa daan sa likod, o sa pamamagitan ng kung anong kredo o denominasyon. Hindi siya pumasok sa pamamagitan ng Pintuan!

213 Mangyari nga na sa mga sinaunang taga-silangan ay mayroon pa rin sila nito, ukol sa nobyo na ikakasal, siya nga’y namimigay ng mga imbitasyon at nagbibigay ng kasuotan sa lahat ng inimbitahan niya.

214 Oh, gaanon na lamang na umiikot nang umiikot ang puso ko kapag naiisip ko ito! “Walang taong makalalapit sa Akin malibang bigyan muna siya ng Aking Ama ng paanyaya, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin.” Paano tayo tinawag? Bago pa itinatag ang mundo’y ang mga pangalan nati’y inilagay na sa Aklat ng Buhay ng Cordero, upang makita ang Liwanag, upang matanggap ang Espiritu Santo, upang lumakad Dito. Ang ating mga pangalan (noong pinatay ang Cordero) ay inilagay na sa Aklat sa mismong sandali na inilagay roon ang Pangalan ng Cordero. Ang Biblia, dadako tayo *rito* pagkatapos ng ilang sandali, sabi, “nilinlang niya ang lahat sa lupa na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero buhat nang itatag ang sanlibutan.”

215 Pansinin n’yo, kung ganoon kung siya . . . ang lalaking ikakasal mismo, noong tumayo siya sa pintuan. At dala-dala ng tao ang imbitasyon, sabi, “Heto po.”

216 “Salamat.” Kukunin niya ang imbitasyon, ilalagay dito, at susuotan siya ng damit para magkakaparehas ang itsura nilang lahat. Gusto ko ’yun! Kita n’yo? Sa kapangyarihan ng Diyos, sa Iglesya ng Diyos na buhay, ang mayaman, mahirap, alipin, malaya, itim, puti, kayumanggi, dilaw, ay magkakapareho ng itsura dahil sila’y nadadamitan ng iisang Kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kita n’yo?

Ngayon, ipinapakita lamang nun na hindi dumaan ’yung lalaki sa Pintuan.

217 Ngayon, pansinin n’yo *rito*. Oh, kapag sinubukan ng isang tao noon na pumasok sa Kabanal-banalang Dako (isang tao, nabanggit ito sa akin ng isang tagapagturo ng Biblia), kapag may tangkang papasok sa Kabanal-banalang Dako nang

hindi dumadaan *dito*, siya'y namamatay. Yung anak ni Aaron noon ay nagdala ng ibang apoy isang araw, na kung anong denominasyong apoy (gayong hindi naman Ito denominasyong apoy), at namatay sila sa may pintuan pa lang. Tama ba? O anak yata ni Eli, sa palagay ko. Ipinasok 'yun ng mga anak ni Eli, gayong kumakatawan ito sa mga anak ni Aaron na siyang saserdote.

218 Ngayon, ngayon, may isang paraan para makapasok sa katawan. Papaano kinokontrol ang katawan na ito? Ngayon, masdan n'yong mabuti ngayon at ihanda n'yo ang mga lapis n'yo. *Narito* ang pintuan sa bahaging ito na papasok sa katawan: isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Ngayon, naiguhit n'yo na ba? Ngayon, ang unang pintuan *dito* ay: paningin, pang-amoy, pandinig, at panlasa, at panghipo o pakiramdam (sa alinman n'yo ilagay, hindi na mahalaga). Ngayon, ito ang mga pandama ng katawan. Tama ba? Ilan ang nakakaalam n'yan? Kinokontrol ng anim na pandama ang katawan. Ngayon, mayroon naman tayong kaluluwa paglampas mo *rito*. Ang mga pandama'y nasa labas, 'yun ang sistemang panlabas.

219 Ngayon, *dito* mayroong isa, dalawa, tatlo, apat, lima, limang katangian na nasa kaluluwa. Ngayon, gusto n'yo bang isulat ang mga ito? Ang una'y imahinasyon, imahinasyon. Ang pangalawa'y konsiyensya. At ang pangatlo'y memorya. At ang pang-apat ay pangangatwiran. At ang panlima'y pagmamahal.

220 Ngayon, nakuha n'yo bang lahat 'yun? Kung hindi, kung ganoon ay sabihin n'yo lang sa akin. Naisulat n'yo bang lahat 'yun? Paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, at pandinig; ang katawan, 'yan ang pasukan sa katawan.

221 Yung sa kaluluwa'y imahinasyon, konsiyensya, memorya, pangangatwiran, at pagmamahal, 'yun ang mga pandama o mga katangian, katulad nung mga pandama ng kaluluwa. At ang kaluluwa'y ang kalikasan ng espiritu na nasa loob, dahil ang kaluluwa'y naglalabas lamang ng isang kalagayan ng kapaligiran ng kung ano mismo ang nasa loob mo. Dito nagaganap ang pagpapakabanal, ang kaluluwa nga, naroon 'yun sa kaparehong kategorya roon. Sige, ngayon, bawat . . . naisulat na ba ng bawat isa ang lahat? Sige.

222 Ngayon, ang pagpasok sa pintuang *ito* ay sa pamamagitan ng isa lamang, isang pintuan, tinatawag 'yun na "sariling kalooban." Ikaw ang amo ng kung ano ang pumapasok doon. At ano ang ginagawa nito? Ano ito? Kinakailangang mahugasan ang *katawan*, 'yung dako na pinaguhugasan; pagpapaging banal, *dito*; mapuspos ng Espiritu Santo, *dito*, at ito ang nagiging luklukan muli ng paghatol ng Diyos, kung saan nakaupo ang Diyos sa inyong puso, at kung gumawa ka ng isang pagkakamali, siyanga't magsasabi, "Ooh, naku, mali 'yang ginawa ko."

223 Sinasabi ng ilang tao, “Hindi naman ako nakokondena na—na magmaikling buhok,” ang kababaihan po. “Hindi ako nakokondena kahit magmanikyur o magpahid ng kolorete, o kung ano man. Hindi ako nakokondena kahit pumunta sa mga sayawan. Hindi ako nakokondena kahit na magsabi ako ng mumunting kasinungalingan. Hindi ako nakokondena kahit maglaro ng baraha sa paglalaro ko ng baraha.” Alam n’yo ba kung bakit? Wala kasing anuman sa kaibuturan n’yo para kayo’y makaramdam ng pagkokondena. “Hindi nasasaktan ang inyong konsiyensya.” Wala ka ngang konsiyensya na parang isang ahas na walang balakang. Kaya kayo’y basta na lang. . . Wala kang konsiyensya, walang anuman diyan para kondenahin kayo. Dahil nga sa sanlibutan ka nabibilang!

224 Pero hinahamon kita na hayaan n’yong pumasok si Jesus Cristo *rito* at subukan n’yong gawin ito minsan! Kapatid, makokondena ka nang husto at aatras ka’t mapapailing ng inyong ulo ukol sa bagay na ’yun nang kasing tiyak ng pagkakatayo ko rito, dahil Siya’y banal. Pakinggan n’yo, babanggitin ko ang Kasulatan, “Kung iniibig n’yo ’yang mga bagay na nasa sanlibutan, mga bagay ng sanlibutan, ito’y dahil ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo.”

225 Papaano ’yun nabunsod? Sariling kalooban. Bakit mo ’yun tinatawag na ‘sariling kalooban,’ Kapatid na Branham?” Dahil dinadala nito ang isang lalaki’t isang babae pabalik tulad nina Adan at Eba noon sa halamanan ng Eden. Sa ano? Sa dalawang punongkahoy! Sariling kalooban, ang isang *ito* ay kamatayan. *Itong* isa naman ay Buhay, sariling kalooban. Pagpapasasa. . . Malayang pagpapasya! Inilagay ng Diyos noon ang unang tao, sina Adan at Eba, sa dako rito mismo na may kalayaang pumili. Inilagay ka Niya sa parehong kalagayan. At ang tanging paraan para maiayos mo ang bagay na ito *rito* ay sa sarili mong kalooban. Hallelujah! Ang sarili mong kalooban! Kailangan mong loobin ang Kalooban ng Diyos. Kailangan mong alisin ang sariling mong kalooban para mapapasok ang Kalooban ng Diyos, dahil ito ang tanging daluyan na patungo sa puso.

226 Oh, maaari kayong umanib sa iglesia, kayong mga Baptist at mga Presbyterian. At kayong mga Methodist at Pilgrim Holiness haya’t maaari kayong makarating sa pagpapaging-banal. Pero kailangan n’yong loobin ang Kalooban ng Diyos, sariling kalooban, para hayaan ang Espiritu Santo na pumasok *dito*, para mamunga. “Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nananampalataya. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo. Sila *nga’y* magsisipagsalita ng mga bagong wika. Ipatatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit o hahawak ng mga bagay na nakamamatay, at iba pa. Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na ibinubunsod ang kanilang kalooban na maging Aking Kalooban, at ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman nila.” Umaasa akong hindi n’yo

Ito mapalampas. May kalooban mismo na gawin ang Kalooban ng Diyos. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

²²⁷ Tumingin kayo rito, pinag-uusapan natin dito ang tungkol sa banal na dako, ang hugasan. *Narito* ang mga ilaw, ang mga kandelerero (isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito), may ilaw ang bawat isa sa kanila. Saan ba nila kinukuha ang kanilang liwanag? Saan ba nasasalamín ang kanilang Liwanag, saan Ito nagsasalamín? Hindi ito sumasalamín dito sa isang sulok sa kung anong denominasyon. Ito ay sumasalamín dito sa Salita! Ito ay tubig para sa paghihiwalay. Whew!

²²⁸ “Sapagkat ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan” (Lucas 24:49) “ay kailangang ipangaral sa Kanyang Pangalan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.” Paano ba itinuro sa Jerusalem ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan? Gaano ngang kalayo? Dapat tutungo ito sa buong mundo. “Magsisi kayo,” sabi ni Pedro, sa Mga Gawa 2:38, “at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan.” Dapat makakarating ang Mensaheng ’yun sa buong mundo, at pagkatapos ay darating ang wakas. Kung ganoon ay magwawakas na, pagkatapos na maiparating ang Mensaheng *ito* sa buong mundo.

²²⁹ Mangyari ba, na ang mga kandelerong ito rito’y sumasalamín sa liwanag dito sa kung sinong Methodist, Presbyterian, o Pentecostal na denominasyon? Buweno, tiyak na hindi!

²³⁰ Sumasalamín ito *rito* bilang ang “AKO NGA,” hindi ang “Ako noon.” Hindi tatlo o apat na magkakaibang tao, kundi ang Diyos ay naroon mismo na sinasalamín ang Kanyang Sarili sa bawat isa sa mga iglesyang ’yun. Balikan n’yo at tingnan kung ano ang ginawa nila noon (na katatalakay lang natin sa kasaysayan), sinalamin nila Siya kung ano Siya noon, kung ano Siya ngayon, at katulad ng kung ano Siya mismo sa tuwina.

²³¹ “Siya noon. . .” Noong sandali mismo na unang nasulyapan Ito ni Juan, ang sabi niya, “Siya Noon, na Ngayon, at ang Parating, ang Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat, ang paglalang ng Diyos, Alpha, Omega, ang Pasimula at ang Wakas.” Yan ang tunay na Liwanag na dapat maipaananinag. Nakikita n’yo ba Ito? Amen! Whew!

²³² Paglampas ng alas dose, at kailangan ko—kailangan ko nang. . . Pakinggan n’yo, bilisan na lang natin para makopya n’yo ito. Ayaw na ayaw ko talagang pinatatagal kayo, pero hindi ko alam kung kailan ko kayo uli makikita. Kita n’yo? At gusto kong makuha n’yo ito, mga kaibigan, ito kasi’y Buhay. Ngayon, tingnan n’yo, hindi ko lang sinasabi ’yan dahil ako ang nagsasabi Nito. Kung ako—kung ako’y nagpapaananinag ng ganyang uri ng. . . kung ganoon ako. . . hindi n’yo—hindi n’yo nauunawaan ang puso ko. Hindi ko tinatangkang ipaaninag, “Oh, ito lang. . . Wala kayong kabuluhan.” Hindi ’yun ang sinisikap kong gawin.

Kung hindi n'yo pa natatangap ang Liwanag, haya't sinisikap kong ituro sa inyo ang Isa rito. Hindi ang narito sa pulpito, kundi Yaong naroon sa Luklukan na 'yun. At ang Luklukan na 'yun ay dapat na mapunta sa inyong puso, pagkatapos ay makikita n'yo ang eksaktong bagay rin na 'yun kung papaanong sumasalamin ito rito.

²³³ Ano *itong* nasa itaas dito? Sinasalamin nito *Ito*. At *ito* ay Ito, ang Salita. Hinugasan ng tubig ng Salita, sa pamamagitan ng Salita; hinugasan (sa pamamagitan ng tubig para sa paghihiwalay) mula sa mga bagay ng sanlibutan—ng sanlibutan, sa pamamagitan ng Salita. Sinasabi ng Salita na Siya'y siya ring kahapon at magpakailanman. Hindi Nito sinasabi, "Siya'y siya pa rin sa kapanahunan ng Pentecostal, doon noon sa mga alagad, at pagkatapos sa kasunod na kapanahunan ay nagbago Siya." Hindi, Siya'y siya pa rin! Kita n'yo? Hindi n'yo Ito maaaring papagsalитай ng iba. Talagang makakapanatili tayo sa isa sa mga bagay na 'yan nang maraming oras, pero umaasa akong nauunawaan n'yo na Ito ngayon. Tinawag kayo ng Diyos, siyanga't mauunawaan n'yo Ito. Yan ang pinaniniwalaan ko. Sige, po.

²³⁴ Ngayon, ano ito? Pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo; kaluluwa, katawan, espiritu; parehong lahat. Ngayon, sinasalamin ng ilawan ang Salita. Sinasalamin ng tunay na Salita ang ano? Ano bang ginagawa ng ilawang ito, kung kumukuha ito ng kanyang repleksyon mula rito sa Kaluwalhatiang Shekinah? Isasalamin nito ang Kaluwalhatiang Shekinah. Tama ba?

²³⁵ Kung pumasok ka sa isang seminaryo, ang liwanag mo, haya't sasalaminin mo ang seminaryo. Kung nakuha mo ito sa isang seminaryong Methodist, sasalaminin mo ang pagiging Methodist. Sumasalamin ka! Kung nakuha mo ito sa isang seminaryong Pentecostal, sinasalamin mo ang pagiging Pentecostal. Pero kung nakuha mo Ito sa Kaluwalhatian ng Diyos, sa pamamagitan ng nagniningas na kahoy . . .

²³⁶ Aba'y, noong lumabas si Moises mula sa Kanyang Presensya, kinailangan niyang magtaklob ng kung anong bagay sa ibabaw ng kanyang mukha, na umabot sa, ni hindi man lang siya matingnan ng mga tao. Tama ba? Puspos siya ng kapangyarihan ng Diyos.

²³⁷ Si Esteban, isang lalaking puspos ng Espiritu Santo. Ang subukang pigilan siya'y, aba, para ka na ring sumubok na apulahin ang isang nasusunog na bahay sa isang mahangin na araw, 'yung apoy; apulahin 'yung apoy rito. . . at isang nasusunog na bahay sa isang mahangin na araw. Oh, mas lalo pa nga nilang—mas lalo pa nga nilang pinapaypayan ito, lalo pa itong nag-aalab. Aba, hindi mo nga siya mapipigilan. Diretsahan

mismo, noong iharap nila siya sa Korte ng Sanhedrin, ang sabi ng Biblia, “Tumayo siya roon, na para siyang anghel.”

²³⁸ Ngayon, sa palagay ko 'yung pagkakabanggit ng “anghel” diyan ay di lang basta isang naturang Nilalang na nakatayo roon; kundi, ang isang anghel kasi'y alam niya nang eksakto kung ano ang sinasabi niya. Gayundin ito sa sinumang anghel, sa isang mensahero ng kapanahunan ng Iglesya, na hindi na siya kailangang bumaling pa't tingnan kung ano ang iniisip ng seminaryo. Alam niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa Kanyang Biblia, at ang kapangyarihang nasasalamain para patunayan na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi siya natatakot, sinasaysay niya mismo 'yung bagay na alam niyang Katotohanan. At nakatayo ang Diyos doon mismo na sinusuportahan Ito ng siya ring uri ng mga tanda't kababalaghan, at ng parehong Salita. Hayan nga ang isang anghel!

²³⁹ Tumayo roon si Esteban, sabi, “Alam ko kung anong sinasabi ko.” Sabi, “Kayong matitigas ang leeg at hindi tuli sa puso't mga tainga, lagi n'yong kinakalaban ang Espiritu Santo. Gaya ng ginawa ng mga magulang n'yo noon, ay ganoon din ang ginagawa n'yo ngayon!” Sabi, “Sino sa inyong mga ninuno ang hindi pumatay sa mga propeta't pagkatapos ay itinayo ang kanilang mga libingan para sa kanila?”

²⁴⁰ Kayong mga denominasyon, sino sa inyo ang hindi ba't ginawa ang siya ring bagay na 'yun? Kita n'yo? Nagtatayo ng malalaking kastilyo na may mapuputing pader at mga morge at mga bagay-bagay sa paligid dito, at pagkatapos ay magsasalita tungkol sa Diyos! Kayo nga mismo ang siyang naglagay sa Kanya sa morge, kayo mismo ang siyang naglagay sa Kanya sa libingan. Yan ang mismong bagay na naglagay sa Kanya sa libingan doon, iyang malaking simbahang may puting kastilyo, ang denominasyon, ang mga Fariseo't mga Saduceo ang naglagay sa Kanya roon at pagkatapos ay nagtangkang magtayo ng isang alaalang-bantayog ukol Dito.

²⁴¹ Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo na si Cristo'y isang buhay na Persona. Hindi Siya isang bagay na namatay, Siya'y isang Bagay na “nabuhay *mula* sa mga patay at nabubuhay magpakailanman.” Oh, kapatid! Siguradong-sigurado! Ano ang ginagawa nito? Sinasalamain nito ang ano? Ito'y sumasalamain mula *rito*, tungo sa magiging kung ano ito? Ito ay suma-... Ano ba ang tunay na repleksyon Niya? Mangyari mismo na ang unang bagay na isasalamain nito, ay ang Kanyang Pangalan. Tama ba? Isasalamain Nito ang Kanyang Pangalan. Ang susunod na masasalamain, ay ang Kanyang kapangyarihan. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Isasalamain nito ang lahat ng kung ano Siya.

²⁴² Kaya kung sumasalamin *ito* sa kapanahunang *ito rito*, ang lahat ng kung ano Siya noon, kung ganoon Siya'y nananatili pa rin tulad ng dati! Whew, maluwalhati! Maluwalhati! Ano ito? Sinasalamin Siya nito kung ano Siya noon, kung ano Siya ngayon, kung ano Siya sa tuwina, dahil nagmumula ito mismo sa Luklukan ng Diyos; si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; siya ring Diyos, siya ring Kapangyarihan, siya ring Kaluwalhatian, siya ring lahat-lahat. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, kapatid!

²⁴³ Medyo tumugaygay pa tayo nang kaunti. Ngayon, kunin natin ang natitirang bahagi ng ika-6 na talatang ito rito, ng ika-4 na kabanata. May ilang komentaryo akong isinulat dito tungkol diyan, at gusto ko nang madaliin ito't tugaygayin mismo kung kaya ko. Ngayon ang—ang natitira, pagkatapos n'yong iwan ang kaba- . . . pagkatapos nating iwan ang talatang ito, sadyang umiikot lang po ito, sinasabi ang kanilang ginawa. Tingnan natin kung matatapos natin ito.

. . . *salamin . . . dagat na salamin . . .* (Ngayon, alam na natin kung ano ito.) *sa gitna ng luklukan, . . . apat na Nilalang na buhay, ang mga nilalang . . .*

²⁴⁴ Ngayon, ngayon, ilan ba ang may binagong bersyon ng Biblia? Sa inyong binagong bersyon, ang sabi ryan ay “mga Nilalang na buhay.” Buweno, nagtataka ako kung papaano nasabi nitong King James dito na buhay . . . na apat na “*hayop*”? Buweno, kumuha ako ng isang Griyegong—Griyegong diksyunaryo, at bumaling sa diksyunaryo ng Biblia at inalam ko kung anong ibig sabihin nun. Ngayon, heto na po. Ngayon, pansinin n'yong mabuti. Ang salitang isinalin dito, ngayon ay markahan n'yo ito para matingnan n'yo rin ito, naman, para makatiyak. Kita n'yo, gusto kong markahan n'yo ang sinasabi ko, at . . . kung magagawa n'yo at kung gusto n'yo. Sige, ang sabi ng binagong bersyon, “mga Nilalang na buhay,” dito. Ngayon, masdan:

At . . . may . . . ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran.

²⁴⁵ At nagpapatuloy ito at inilalarawan ang naturang “mga hayop,” na dadakuan natin diyan maya-maya. Ngayon, ang *hayop* dito'y kumakatawan mismo. Mayroon ba kayong mababasang talaan sa gilid sa inyong Biblia, tungkol sa—tungkol sa *mga hayop*? Kung mayroon kayo, puntahan n'yo 'yung talaan na 'yun na mababasa sa gilid. Napansin kong minarkahan ito ni Doctor Scofield dito sa kanya. Ang ibig sabihin ng *mga hayop*, mayroon siya rito, na sinasabi, “Mga Nilalang na buhay.” Oh, grabe! Ngayon, masdan n'yo. Ang salitang Griyego roon ay, “Z, dalawang o, m” . . . o, “Z, dalawang o, n” ito ay, “Z, dalawang o, n.” Ngayon, sa—sa Griyego, tinatawag itong Zoon na ang ibig sabihin ay “isang Nilalang.”

246 Ngayon, hindi ganoon...kung gusto n'yong basahin ito ngayon. Wala lang tayong oras. Babasahin ko sana ito, pero hindi na. Ilista n'yo riyang ang Apocalipsis 11, 13, at 17. Ngayon, diyan n'yo matatagpuan 'yung *hayop*, sa Apocalipsis mga kabanatang 11, 13, at 17, binanggit diyan 'yung *mga hayop* sa ganoong paraan din; pero 'yang *mga hayop* diyan, ang interpretasyon ay "t-h-e-r-i-o-n," *therion*. Ang salita, salitang Griyego na *therion*, na nangangahulugang "isang mabangis, mailap na hayop." *Therion*, na ang ibig sabihin nun ay "isang mabangis, na mailap na hayop."

247 Pero ang ibig sabihin ng Zoon ay "isang Nilalang," kita n'yo, "Apat na buhay (Zoon) na Nilalang." Hindi *mga hayop* na "mabangis," *therion*; kundi, "Zoon, mga Nilalang na buhay."

248 At ang *therion* ay "mailap, na mababangis na ganid." Sa madaling salita, kung pagmamasdan n'yo sa ika-11 kabanata, "ang hayop ng Roma." Sa ika-13 kabanata, "ang Estados Unidos." Sa ika-17 kabanata, "kapwa na Estados Unidos at Roma," na tumutukoy sa mga denominasyong iglesya na nakipag-isa sa Katolisismo na ibinunsod sila na hindi mabagong-loob, na di naturuan ukol sa Ebanghelyo. Whew! Mabangis!

249 "Purihin ang Diyos, galing kami sa malaking iglesya ng Methodist, sa Baptist, sa Presbyterian, sa denominasyong Pentecostal. Alam namin ang sinasabi namin! Walang makakapanguna...makapagsasabi sa amin!" Hayan nga. Mabangis! Walang pagbabagong-loob! Walang likas na pag-ibig! Mga walang paglulubag! Mga palabintangin! Walang pagpipigil sa sarili! Mga hindi maibigin sa mabuti! May mga anyo ng...

250 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...daanan natin 'yan ngayon. At gusto ko lang po talagang himay-himayin ang bagay na 'yan ngayon mismo, pero ako...para mailagay rito sa teyp, kahit papaano. Pero wala na tayong oras para gawin 'yan. Ngayon, nauunawaan n'yo. Ilan po ang nakakaunawa? Magsabi ng "Amen." [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."] Kita n'yo, ito'y mga...

251 Ano ang Zoon, Z-dalawang o-n? Mga Nilalang na buhay. Marahil ang pagkakabigkas dito'y Zoon, Z, dalawang o, n. Paano ang bigkas n'yo dun, "Zoon"? "Zoon," sa palagay ko.

252 At ang *therion* ay t-h-e-r-i-o-n, *therion*, kita n'yo. Mangyari pong ang ibig sabihin nun ay "mabangis na hayop, mailap, ganid." Yun 'yung mga hayop na tinutukoy dun...kunin n'yo ang inyong...kunin n'yo ang diksyunaryo n'yong Griyego at bumaling dun at tingnan n'yo kung hindi ba parehong salita. Hanapin n'yo roon at tingnan n'yo. Kunin n'yo ang inyong—kunin n'yo ang inyong batayang-aklat na Griyego, kunin n'yo ang Emphatic Diaglott n'yo. Ngayon, alamin n'yo kung hindi ba't

ganoon nga ito, na tama nga, na ang ibig sabihin nito'y "isang mabangis na hayop," sa Apocalipsis 11, 13, at—at 17.

253 At dito naman sa Apocalipsis 4, ang ibig sabihin nito'y "isang Nilalang na buhay," hindi isang *hayop*; bagamat ito'y tinatawag na "hayop" pero ito'y hindi nga. Ganoon din sa Ezekiel 1:8, 1 hanggang :28, siyanga. Marahil ay dadako tayo riyang maya-maya.

Sige, "Mailap, hindi napagbagong-loob, na mabangis na hayop." Mailap!

254 Pero 'yung mga *narito'y* "mga Nilalang na buhay." Ano sila? Hindi sila mga Anghel. Sasabihin ko sa inyo kung ano, basahin natin sa Apocalipsis 5, sa kabila lang mismo na pahina. Apocalipsis 5, at sa ika-11 talata:

At nakita ko, at . . . narinig ang tinig ng maraming mga anghel ("mga anghel," marami) sa palibot ng *luklukan* ("At" isang pang-ugnay.) *at ng mga nilalang na buhay at . . . matatanda: . . .*

255 Kita n'yo, "at," isang pang-ugnay. Kita n'yo? Hindi sila mga Anghel, hindi rin sila matatanda, sila'y "mga Nilalang na buhay" sa may Luklukan. Oh, hindi nga ba't ikinagagalak n'yo ito? Mga Nilalang na buhay! Hindi sila mga Anghel, dahil pinapatunayan nga ito rito, kita n'yo:

. . . nakita ko, at . . . narinig ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng *luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda: . . .*

256 Ngayon ay may tatlong magkakaibang kategorya rito. Umaasa ako na nakuha n'yong lahat ang sistemang ito rito ngayon. Ngayon, gusto kong ipakita sa inyo. May tatlong magkakaibang kategorya ito, tatlong magkakaibang klase (Ngayon, tingnan.) sa paligid daw ng Luklukan.

257 *Narito* ang Luklukan. Ngayon, ang una sa Luklukan na ito'y ang apat na Nilalang na buhay. Sa labas nun ay dalawampu't apat (parang *ganoon*) na matatanda na nakaupo sa luklukan, sa kanilang—kanilang mga luklukan, maliliit na luklukan sa ilalim. At sa paligid nito, ay malaking hukbo ng mga Anghel sa paligid ng Luklukan. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Magkakaiba sila sa bawat isa, magkaiba. *Diyan* ay mga Anghel; *dito'y* matatanda; at *dito'y* mga Nilalang na buhay.

258 Huwag nating iwan 'yan pansumandali. Manatili lang tayo riyang pansumandali, "mga Nilalang na buhay." Ano sila kung hindi sila mga Anghel, kung hindi sila mga tinubos na tao? Ano sila? Gusto n'yo bang malaman? *Narito* ang aking interpretasyon. Sana tama ito; naniniwala akong ganito nga ito. Sila'y mga bantay ng Diyos sa Kanyang Luklukan. Ngayon, buburahin natin ito pansumandali. Ngayon, kita n'yo, hindi

sila—hindi sila mga Anghel o tao man. Hindi rin sila mababangis na hayop. Sila’y mga Nilalang, “mga Nilalang na buhay.”

²⁵⁹ Ngayon, *narito* ang Luklukan ng Diyos. *At heto* ang Kanyang mga bantay. Bumasa lang tayo nang kaunti nun at alamin ito sa loob ng ilang minuto. Kita n’yo, sila’y mga Anghel ng Diyos o mga bantay ng Diyos sa Kanyang Luklukan, at sila . . . Kunin natin . . . nang—nang pansumandali pa, bumalik tayo sa Ezekiel. Aking—aking isinulat ang mga bagay na ito rito, at talagang ayaw ko lang palampasin ang mga ito, alam kong isa itong . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Bumalik tayo sa unang kabanata ng Ezekiel, at magsimula tayo sa ika-12 hanggang ika-17 na talata, pansumandali.

At yumaon ang bawa’t isa sa kanila na patuloy: . . .

²⁶⁰ Ngayon, usisain natin nang ilang minuto . . . At tandaan n’yo itong ika-7 talata rito, ngayon, tingnan n’yo kung ano ang itsura nila rito sa ika-7 talata ng parehong kabanata ng Apocalipsis, “ang apat.”

At ang unang nilalang ay katulad ng isang leon, . . . ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang baka, . . . ang ikatlong nilalang ay may mukha . . . ng . . . sa isang tao, at ang apat na nilalang ay katulad . . . ng lumilipad na mga agila . . . ang ikaapat na nilalang . . . katulad ng isang agila na lumilipad.

²⁶¹ Ngayon, noong makita ni Ezekiel ang Kaluwalhatian ng Diyos, nakita niya ang parehong bagay na nakita ni Juan. Naaalala n’yo noong nakaraang Linggo kung papaano natin nakuhanan “ang Kaluwalhatian ng Diyos,” at may litrato tayo na pinakuhanan Niya Ito kasama natin? Naaalala n’yo ba? “Ang Kaluwalhatian ng Diyos,” ang parehong bagay na nakita ni Ezekiel, ang parehong bagay na nakita ni Juan, heto nga Ito ngayon. Pinapaging pareho si Jesus Cristo noong panahon ni Ezekiel, pareho rin noong narito Siya sa lupa, parehong Diyos din na narito’t kasama natin ngayon; siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; Siya Noon, Siya Ngayon, at ang Parating; ang pasukan patungong kaluluwa, katawan, at espiritu; ang tansong dagat (ang Salita), ang Tagapagbanal ng ating kaluluwa, at ang Tagapuno ng Espiritu Santo. Ang siya ring bagay, kita n’yo, ang siya rin mismo!

²⁶² Ngayon, masdan n’yo ito. Sige:

. . . at ang espiritu . . . saanman sila nangaparoroon; . . . ngayon . . . napaparoon, doon sila napaparoon; sila’y hindi nagsisipihit nang sila’y yumaon.

²⁶³ Hindi sila maaring pumihit. Kung papunta sila sa *ganitong* direksyon, ito’y papunta nga na tulad sa isang tao; kung papunta naman sa *ganitong* direksyon, haya’t papunta nga na tulad sa isang agila; papunta sa *ganitong* direksyon, haya’t papunta na tulad sa isang baka; kung papunta sa *ganitong* direksyon,

papunta naman silang tulad sa isang leon. Hindi sila maaaring umatras! Kailangan nilang sumulong saanman sila magpunta, bawat isa sa mga hayop na 'yun. Ngayon, ano ang ibig sabihin ng isang *hayop* sa Biblia? Kapangyarihan. Hayan nga, ang ibig sabihin ay “isang kapangyarihan.”

264 Ngayon:

Tungkol sa anyo ng mga nilalang na may buhay, at ang kanilang katulad ay parang mga bagang nagniningas, parang . . . sa . . . mga sulo: tumataas at bumababa sa gitna ng mga nilalang na may buhay; at ang apoy ay maningas, at mula sa apoy ay may lumabas na liwanag.

Yun ang Diyos. Mula sa apoy ay lumabas ang Liwanag; hindi kosmikong liwanag, siyanga, kundi Walang Hanggang Liwanag.

At ang mga nilalang na may buhay ay nagsitakbo at bumaling (Sige't tingnan natin.) . . . ang mga nilalang na may buhay ay nagsitakbo at nagsibalik, at na parang kislal ng kidlat.

Samantala ngang minamasdan ko ang mga nilalang na may buhay, narito ang isang gulong sa lupa sa siping ng mga nilalang na may buhay, sa baw't isa ng apat na mukha ng mga yaon.

Ang anyo ng mga gulong . . . ng kanilang pagkayari ay parang . . . kulay ng . . . berilo: at ang apat na yaon ay may isang anyo: at ang kanilang anyo at ang kanilang pagkayari ay . . . ito ay isang gulong sa loob ng isang gulong.

265 “Anong simbolo ba ito, Kapatid na Branham? Ano ito?” Ibig sabihi’y ang mga bantay na ito—ang mga bantay na ito ay ang kaban ng Diyos . . . Naglalakbay sila, gumugulong sa mga gulong nang makita sila ni Ezekiel; pero nang makita sila ni Juan, nakarating na sila sa kanilang tamang posisyon sa Langit. Ang kaban ng Diyos ay nasa lupa, na gumugulong sa pamamagitan ng mga gulong, habang dinadala nila ito sa iba’t ibang lugar, ibig sabihin ito’y nasa paglalakbay, dinala nila ito hanggang doon sa ilang at hanggang sa templo at iba pa; pero ngayon ay tinanggap na ito sa itaas dahil tapos na ang kapanahunan ng Iglesya, at tinanggap na ito roon sa Kaluwalhatian. Kita n’yo? Nakapirme na ito ngayon, sa Langit, kasama ang lahat ng mga Anghel at mga bagay sa paligid nito. Natagpuan natin sila kalaunan na hinuhubad ang kanilang mga putong at nagpapatirapa sa kanilang mga mukha at nagbibigay ng kaluwalhatian sa Kanya. Kita n’yo? Ito ang mga bantay ng Diyos sa templo, ng kaban.

266 Ngayon, alalahanin n’yo itong mga bantay ng Diyos sa kaban, o sa luklukan ng awa. Ngayon, tandaan n’yo. Kung ilan, ang nakita ni Juan, ilan nga ba? Apat. Ilan ba ang—ang nakita *niya*? Ang nakita niya’y apat, din, apat na nilalang na

buhay. Ngayon, masdan n'yo, pareho nilang nakita ang iisang pangitain.

²⁶⁷ At ang apat ay ang bilang ng lupa. Alam n'yo ba 'yun? Ilan na po ang nakakaalam ngayon bago tayo dumako rito, ang *apat* ay isang makalupang bilang? Siyanga! Tulad nung apat na Hebreong. . . Ito'y panglupa- . . . Ito'y bilang ng lupa, ng "pagliligtas, pagliligtas." Ngayon, panatilihin n'yo 'yan sa isip n'yo, "pagliligtas," dahil patitimuin ko ito, sa isang saglit, nang talagang matindi. Tingnan n'yo, "Pagliligtas!" Ngayon, mayroong tatlong binatang Hebreo sa loob ng nagliliyab na hurno, pero dumating Yaong ikaapat, 'yun nga'y pagliligtas. Tatlong araw na nasa libingan si Lazaro, pero noong dumating ang ikaapat ay naligtas siya. Ang *apat* ay bilang ng Diyos ukol sa "pagliligtas," kaya ipinapakita nito na ang mga Nilalang na ito marahil ay bagay na ukol sa lupa.

²⁶⁸ Sana'y hindi pa kayo masyadong nagugutom ngayon. Umaasa ako na ang espirituwal n'yong gana'y medyo—medyo mas higit kaysa sa inyong natural ngayon. Kita n'yo? Sige.

²⁶⁹ Ngayon, pansinin n'yo, "Mayroon silang mga mata" (dito sa Ezekiel) "na nasa harap at sa likod at sa loob." Sige't basahin nga natin 'yan. Tingnan n'yo rito, kita n'yo. Makikita n'yo rito, naniniwala akong sinasabi nila rito, "mga hayop," apat na mukha, tulad ng isang agila, at may mga pakpak, puno ng mga mata sa labas, sa loob. Tingnan n'yo rito:

At ang apat na nilalang na buhay at bawa't isa sa kanila ay may anim na pakpak; . . .

²⁷⁰ "At lumilipad sila," at kung ano pa, "at may mga mata sa labas, loob, at likod." Tumutukoy ito sa kanilang kabatiran. Batid nila kung ano ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating; dahil naroon sila mismo sa may Luklukan, napakalapit nila't hindi sila maaaring tao. Mga bantay sa templo, o, hindi po pala mga bantay sa templo (Ang mga bantay ng templo, ay ang sandaan at dalawampu't apat na libo.), pero ito nga'y ang bantay sa luklukan ng awa, ang mga bantay ng Luklukan, sa Luklukan, na sa tabi mismo ng Diyos, "mga Nilalang na buhay," katabi mismo ng Diyos, na nakatayo roon. Ang kanilang kabatiran, batid nila kung ano ang nakaraan, ang kasalukuyan, kung ano ang mangyayari pa lang. Mayroon silang "mga mata sa labas," na ipinapakita kung ano ang kaya nilang makita, kung ano ang darating; "mga mata sa loob," batid ang lahat sa kasalukuyan; at "mga mata sa likod," na batid kung ano ang nakaraan. Ang nakaraan, ang kasalukuyan, ang darating, na sumasalamin sa mga kapanahunan ng iglesia "Siya nang Nakaraan, Ngayon, at ang Parating; si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

271 Panghawakan n'yo ang mga 'yan ngayon. Mariin nating ipapaliwanag ang bagay na 'yan sa pisara sa loob ng ilang minuto. Masdan n'yo ito. Ngayon, sandali lang po.

272 Inihahayag ang kanilang kabatiran, at ipinapakita nitong nakababatid sila, batid nga nila. Batid nila ang lahat sa hinaharap at ang kasalukuyan at nakaraan, at ang lahat ng tungkol dito!

273 At ang kanilang... Wala silang kapaguran. Hindi sila napapagod. Hindi sila maaaring maging may kaugnayan sa tao, ang tao kasi'y napapagod. Pero wala silang pagod, umaawit sila ng "Banal, banal, banal! Banal, banal, banal! Banal, banal, banal, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Banal, banal, banal!" buong araw at buong gabi sa bawat kapanahunan. "Banal!"

274 Bumalik tayo pansumandali. Bumalik tayo, may naiisip akong isang Kasulatan, Isaias 6, madali lang po. Masdan n'yo! Nakita ni Isaias ang parehong bagay nang sadyang eksakto.

275 Bawat pangitain ng Panginoon... Yan ang sinasabi ko. Kung ang mga pangitain na mayroon tayo ngayon ay hindi sumasakto sa mga pangitain sa Biblia, kung ganoon ay mali ang mga ito. Kung sinasalamin nga ng mga ito, o, ng anumang kapahayagan na nagpapakitang ang Diyos ay anumang iba maliban sa kung ano na Siya noon pa man, ito'y isang maling kapahayagan. Itinatag kasi ang buong Iglesya sa ibabaw nito, Mateo 17.

276 Tingnan natin, Isaias, sa ika-6 na kabanata. Ang kabataang propetang ito'y nakasandal sa mga bisig ng mabuting hari, at binilhan siya ng hari ng lahat ng uri ng magagandang damit. At isa siyang propeta, at nakikisama siya sa lahat mismo ng... Pero isang araw ay namatay ang hari, kaya kinailangan niyang—kinailangan niyang mamuhay na mag-isa. Kaya nagpunta siya sa templo para manalangin. Dahil nagsimula na siyang lumabas mula sa dako ng hari, pagkatapos, para makakuha ng isang... Ang mabuting matandang hari na 'yun ay isang mabuti't banal na tao. Pero lumabas siya't nakita niya ang pamumuhay ng mga tao, kaya lumuhod siya sa templo. Ngayon, pakinggan n'yo.

Noong taon na mamatay ang haring Uzziyas ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang luklukan, matayog at mataas, at pinuno ang templo ng kaniyang kaluwalhatian.

277 Maluwalhati! Ano ang "Kanyang kaluwalhatian"? Hayun nga ito, "mga Anghel, mga Nilalang," 'yung Kanyang kaluwalhatian na nakasunod sa Kanya. Yung kaluwalhatian na nakasunod sa, kita n'yo?

... pinuno ang templo ng kaniyang kaluwalhatian.

At sa itaas niya ay nangakatayo ang mga serapin: at bawa't isa sa kanila ay may anim na pakpak; na

*may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mukha, . . .
may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mga paa, at
may dalawa na naglilipad sa kaniya.*

*At nagsisigawang isa't isa, at nagsasabi, Banal, banal,
banal ang PANGINOON ng mga hukbo: ang buong lupa ay
napuno ng . . . kaluwalhatian.*

*At nang ang mga patibayan ng mga pintuan ay nakilos
sa tinig ng sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok.*

278 Grabe! Oh, grabe! Nagpapakita 'yun na ang mga pangitaing 'yun ay eksaktong pareho sa bawat isa sa mga kalalakihang 'yun. "Banal, banal, banal!" Wala silang kapaguran, araw at gabi, "Banal, banal, banal, ang Panginoon!"

279 Bumalik tayo pansumandali ngayon, para masigurado na tama tayo ukol sa mga ito. Ang unang pagkakataon na binanggit ang mga bantay na ito, ay sa Genesis. Ngayon, tandaan n'yo, lahat ng ipinangangaral natin ay kinakailangan na magmula sa Genesis hanggang Apocalipsis. Anumang oras na gusto n'yong magtanong, lumapit lang kayo at tanungin ako. Kita n'yo? Dapat na sa buong Biblia mismo, hindi lamang bahagi nito, dahil ang Diyos ay hindi nagbabago! Kung ano Siya noon sa Genesis, ganoon Siya ngayon, at ganoon din Siya sa gitnang kapanahunan. Siya'y siya pa rin sa tuwina! Kita n'yo? Ngayon, sa Genesis, noong ang mga Kerubin na ito . . . Sa ganitong paraan ko sila nasumpungan, kinailangan kong bumalik para malaman kung ano sila noon sa pasimula.

280 Bumuklat tayo sa Genesis 3:24, pansumandali ngayon. Genesis, sa ika-3 kabanata at sa ika-24 na talata. Gustung-gusto n'yo ba Ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige. Ngayon, simulan natin sa bandang ika-22 talata. Ako—ako nga'y gustung-gusto ko talaga Ito! Isa itong bagay na sadyang gusto kong ilagay mismo rito, kaunting karagdagan lang, pero marami itong kabutihang maibubunsod balang araw.

*At ang PANGINOON . . . ay nagsabi, Narito, ang lalaki'y
naging . . . isa sa atin, . . .*

281 Ngayon, kalugud-lugod at tinatangi kong minamahal na mga kapatid na babae (Sige't hayaan n'yong sabihin ko ang ganoon.), huwag n'yong isipin na ako'y pumupukol laban sa—sa katapatan at sa magiliw, na mahalagang hiyas ng kababaihan. Sinisikap ko lang na ipakita rito kung ano ang isang babae . . . Ipinapakiusap ko! At sa inyo na nariyan sa teyp, kayong mga kababaihan na makikinig sa teyp na ito, hindi ko kayo sinusubukang kutyain, isa lamang akong lingkod ng Panginoon para dalhin ang Liwanag. Ang pinakamababa't pinaka imoral at pinakamaruming bagay sa mundo ay isang babae kapag siya'y masama. At ang pinaka mahalagang hiyas na mayroon ang isang lalaki, bukod sa kanyang kaligtasan, ay isang mabuting babae. At ang tinutukoy ko riyang ay ang nakasadlak, na imoral, na

masamang babae. Haya't ipapakita ko sa inyo rito habang narito tayo't tinatalakay ito, mabuti nang ipakita ko na rin sa inyo kung bakit ako . . . na itinuturo ng Biblia sa mga kababaihan na huwag maging mga mangangaral, maging mga pastor, mga guro, o anumang bagay sa iglesya. Ngayon, pakinggan n'yo po ito:

At ang PANGINOON . . . ay nagsabi, Narito, ang lalaki'y naging . . . isa sa atin, (Ngayon, hindi Niya kailanman sinabi na ang babae'y naging isa sa atin, "ang lalaki'y naging isa sa atin.") . . . at nakakaalam na ng mabuti at ng masama: . . . (Hindi alam ng babae; nadaya nga ang babae. Nakikita n'yo ba?)

282 Ngayon, sabi ni Pablo, "Hindi ko ipinapahintulot na ang babae'y magturo o magkaroon ng anumang pamumuno, kundi . . . sapagkat si Adan ang unang nilalang at pagkatapos ay si Eba. At si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae ang nadaya." Kaya ang babae'y hindi naging isa sa Diyos. Hindi niya alam na may kaibhan, nadaya ang babae. Nakukuha n'yo ba? Kung nauunawaan n'yo, sabihin n'yo "Amen," nang sa ganoon aking . . . [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

. . . ang PANGINOON . . . ay nagsabi, Narito, ang lalaki'y naging . . . isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama: at alam . . . at baka ngayo'y, iunat ang kaniyang kamay, at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain, at mabuhay magpakailanman:

Kaya pinalayas siya ng PANGINOON . . . sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.

Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin, at ang isang lumilipad na tabak . . . nagniningas na tabak na umiikot sa bawat gawi, (Nakikita n'yo ba ang apat na hayop? May apat na direksyon lang na maaari mong puntahan, kita n'yo: silangan, hilaga, kanluran, at timog. Ang mga kerubin na ito'y may nagniningas na tabak sa pintuan ng halamanan . . .) upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.

283 Dahil kung mahawakan kailanman ng tao ang Punongkahoy ng Buhay, pagdaka nga'y maaari siyang mabuhay magpakailanman.

284 At ang mga kerubin na ito, na unang binanggit rito, ay inilagay sa silangan na pintuang-daan ng halamanan, patungo sa apat na direksyon. Puwede ko pa sana itong saysayin nang mas mainam pa; pero di ko kayang bigyang-katarungan ang mga kaayusan ng Diyos at mga bagay na tulad n'yan, heto't akin—akin lang . . . pero para lang malaman n'yo ang ibig kong sabihin. *Hayan* ang halamanan ng Eden. At ito ang pintuan *dito*

mismo, ang bukas ay sa gawi rito, bumubukas palabas, at sa pintuang ito'y may mga Kerubin. Mga Kerubin! At, alalahanin n'yo, hindi nito sinasabing "isang Kerubin," ang sabi rito'y "mga Kerubin." Naglagay roon ng mga Kerubin upang bantayan ang Ano? Ang Punongkahoy ng Buhay. Yan ang dapat nilang bantayan, ang Daan ng Punongkahoy ng Buhay. Ang Daan, Sino ang Daan? [Sinasabi ng isang kapatid, "Si Jesus."—Pat.] Saan ito nasasalamin? *Narito* ang banal na dako, *narito* ang mga Kerubin.

²⁸⁵ Ngayon, masdan, isulat n'yo ang lahat ng ito. *Narito* ang Banal—Banal. . . itong Kabanal-banalang Dako, Kabanal-banalang Dako, *heto* ang banal na dako, at *heto* ang dagat, at *heto* ang mga ilawang kandelerero, ang pitong sumasalamin sa Liwanag mula *dito, dito, dito, dito, dito, dito, dito*. Kita n'yo? Ano ang kanilang sinasalamin? Binabantayan nila't sinasalamin sa pamamagitan ng Apoy ng Diyos ang Daan patungo sa Punongkahoy ng Buhay. Kita n'yo, hindi ito maaaring magmula *rito*, sa seminaryong Presbyterian o sa isang seminaryong Pentecostal, kinakailangan na magmula ito *Rito*, na sumasalamin sa Liwanag. Buweno.

²⁸⁶ Pansinin n'yo, ang mga—ang mga Kerubin na ito na nakita ni Juan dito ay masasabing interesado sa pag-iingat sa Punongkahoy ng Buhay, kaya interesado sila marahil sa tao. O basahin n'yo ang Genesis, bumalik kayo sa Genesis, "Iningatan nila ang Punongkahoy ng Buhay, binantayan Ito, ang Daan ng Buhay." Ang Daan ng Buhay! Paano ang Daan? Sabi ni Jesus, "Ako ang Daan na 'yun. Ako ang Tinapay na 'yun na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit. Kung kakainin ng isang tao ang Tinapay na ito, mabubuhay siya magpakailanman." Ngayon haya't may Daan pabalik sa Punongkahoy ng Buhay na 'yun. Nakukuha n'yo ba?

²⁸⁷ Ngayon, dito, gusto kong ipakita ngayon at para siguraduhin ito: isa itong dambana. Ngayon, ito sigurado'y isang dambana sa halamanan ng Eden. Sasabihin ko sa inyo kung bakit. Naaalala n'yo pa ba na parehong pumunta rito sina Cain at Abel para sumamba? Kaya ipinapakita riyan na ang dambana ng Diyos ay inilipat at inilagay rito sa halamanan ng Eden, at ang tanging daan pabalik sa Eden ay sa pamamagitan ng dambana. Heto muli kayo, kita n'yo, bumalik sa Eden sa pamamagitan ng dambana. At kanilang iniingatan mismo ang daang 'yun doon, binabantayan ito, na hindi sila makababalik doon hanggang sa ang dambanang 'yun ay matakpan ng dugo.

²⁸⁸ Oh Diyos, hindi ba ito nakikita ng mga tao? Kita n'yo, walang iba kundi ang Dugo! Kinakailangan mismo ng pagbabayad-sala, isang luklukan ng awa sa dako roon, ang dambanang ito ng paghatol ay kinakailangang maging isang luklukan ng awa; at kapag ang dambanang ito, kapag inalis na ang Dugo, titindig sa Araw ng paghuhukom na 'yun ang apoy ng galit ng Diyos

upang bantayan muli ang Punongkahoy na 'yun. Isang bagay lamang ang muling papasok sa pintuang ito sa Eden, 'yun nga'y sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. Nakikita n'yo ba?

289 Ngayon, pansinin. Oo, ngayon si Cain. . . Oh, *heto* si Cain; at *heto* si Abel, si Abel. Sige. Ngayon, ang dalawang lalaki na ito'y pumunta sa pintuang-daan na 'yun upang sumamba. Tama ba? Kaya tiyak mismo na dambana ito ng Diyos. Tama ba? At sa harap ng dambanang ito ay nagtayo sila ng kahalili, isa pang dambana. *Narito* ang tunay na dambana ng Diyos, na nasa puso ng tao. Pagkatapos ay may isa pang dambana *rito*, na kumakatawan sa Kabanal-banalang Dako sa banal na dako.

290 Oh! Oh! Parang gusto kong magsalita ng mga wika. Oh, grabe, ang Kaluwalhatian ng. . . Hindi n'yo ba nakikitang ganap na ganap Ito mismo? Pansinin n'yo! Oh, ang dahilan kung bakit nasabi ko 'yan, ay dahil hindi ako makahanap ng sapat na mga salita sa sarili kong dayalektong Ingles para ipahayag ang damdamin ko. Kita n'yo, may bagay kasi na kailangang maipahayag.

291 Kagaya ni Kapatid na Rowe, na isang diplomata para sa Presidente. . . mga apat o limang magkakaibang Presidente, sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham, isang gabi pumunta ako sa pagtitipon." Sabi niya, "Hindi ko alam ang gagawin," sabi niya, "Tumayo ako roon." At sabi niya, "Oh" sabi, "Iniibig ko ang Panginoon sa buong buhay ko." Sabi niya, "Ako'y naging isang" (Sa palagay ko) "Episcopalian." Sabi niya, "At ang akala ko'y kilala ko na ang Panginoon." Sabi niya, "At isang gabi tumingin ako sa paligid, hindi ko alam kung ano ang gagawin." Sabi, "Hindi ako—hindi ako papasok para sa wala lang, pero" sabi, "Narinig ko ang Salita na ipinapahayag. Oh, nagsimula nga Itong dumating." Sabi niya, "Nagsisimula akong maglakad nang pabalik-balik sa labas ng tolda, naglalakad nang pabalik-balik," at sabi "pagdaka'y hindi na ako makapaghintay na makapasok ng pinto, gumapang ako sa ilalim nun noong nagtawag na para sa pagdulog sa altar, at tumakbo ako patungo sa altar at nagpatirapa, na sinabi, 'Panginoon, isa akong makasalanan!'" At sabi, "Pagkatapos nga'y pinuspos Niya ako ng Kanyang Espiritu Santo."

292 At sabi, "Kaya ko namang magsalita sa walong iba't ibang wika," dahil isa nga siyang diplomata. Kita n'yo? Isa siyang. . . siya'y nasa isang. . . siya—siya'y isang—isang diplomata sa Presidente, at. . . mula pa roon kay Woodrow Wilson. Isa siyang diplomata sa bawat isa sa Presidente natin, diplomata para sa ugnayang panlabas, kaya niyang magsalita sa anumang wikang banyaga. Sabi niya, "Halos alam ko ang bawat kilalang lingguwahe sa mundo na nasusulat." Pero sabi, "Ganoon na lamang na puspos na puspos ako ng kaluwalhatian na hindi ko magamit ang alinman sa mga 'yun para purihin Siya, kaya

binigyan ako ng Panginoon ng isang bago mismo mula sa Langit para papurihan Siya.” Oh! Ooh! Hayan nga.

293 “Binabantayan ang pintuang-daan na ito.” Pumunta roon sina Cain at Abel para sumamba. Kaya siguradong isa itong dambana na binabantayan nila. Tama ba, ng mga Kerubin na ito?

294 Isa pang bagay, pansinin n’yo rito ang isa pang katunayan. Si Cain. . . Masdan n’yo ang Biblia ngayon! Ipabubuklat ko sana ito sa inyo, pero sige’t. . . di bale na lang, haya’t masusumpungan n’yo ito sa Genesis. Sige, masdan. Umalis noon si Cain, umalis si Cain mula sa Presensya ng Panginoon palayo ng pintuang-daan sa halamanan. Kaya ang Presensya ng Panginoon ay siguradong naroon sa dambana, at ang dambana ay naroon sa pintuang-daan na ’yun. Maluwalhati! Oh! Buweno. Ito’y tahanan ng Diyos, sa Kanyang dambana. Ngayon, umalis si Cain mula sa Presensya ng Panginoon, mula sa lugar na ito. Gusto n’yo bang ilista? Genesis 4:16, kung gusto n’yong ilista ito. Ngayon, ngayon, nakuha n’yo bang lahat, nakuha n’yo, naisulat na?

295 Ngayon, may isa pa akong gustong iguhit dito’t sandali na lang po ito. Sana po’y walang masunog sa mga patani n’yo, o anumang gulay sa inyong. . . Ngayon, pansinin. . . Hayaan n’yong masunog lang ang mga ito, ayos lang ’yun, maluluntoy rin naman ang mga ’yan ano’t anuman. Sige’t—sige’t bulayin natin itong bagay na ito rito, ito ang—ito ang bagay na—na totoo.

296 Iniakyat noon si Moises sa Langit, si Moises, kinuha siya mula sa lupa’t dinala sa Langit at nakita niya ang dambana ng Diyos. Tama ba? Sinisikap ko lang patunayan ang punto ko rito. Alam n’yo naman ang sinisikap kong gawin, hindi po ba? Buweno. Umakyat siya sa Presensya ng Diyos. At nang bumaba siya mula sa Presensya ng Diyos, sabi niya, Moi-. . . Sinabi ng Diyos kay Moises, “Gawin mo ang lahat ng bagay sa lupa na katulad sa Langit.” Tama ba? Buweno.

297 Ngayon, pagkatapos na gawin niya ’yun, noong gawin niya ang Kaban ng Tipan, naglagay siya ng dalawang Kerubin para magbantay sa kaban. Nakikita n’yo ba kung ano ito? Yun ang templo. . . ’yun ’yung dambana, mga bantay ng Luklukan. Yung dalawang Kerubin, ang sabi Niya “Hulmahin mo sila mula sa tanso at ilagay ang kanilang mga pakpak na dumidikit nang *paganito*,” dahil ganoon mismo ang nakita niya sa Langit.

298 Ganoon mismo ang nakita ni Juan sa Langit, ang apat na Kerubin na ito sa apat na panig ng kaban ng Luklukan sa Langit. Sila ang mga bantay ng kaban. Mga Kerubin, mga bantay sa luklukan ng awa.

299 Kung gusto n’yong basahin ang Kasulatan nun (wala lang kasi tayong oras para dumako dun), sige’t ilista n’yo Exodo 25:10 hanggang 22.

300 Ngayon, binabantayan nila ang luklukan ng awa noong ang Diyos ay nasa Kanyang Kaluwalhatiang Shekinah. Nasaan ba noon ang Kaluwalhatiang Shekinah? Sa luklukan ng awa. Tama po ba? Binabantayan nila ang Kaluwalhatiang Shekinah na 'yun. Hmm! Whew! Pakinggan n'yo, mga kaibigan! Kung ganoon ay ipinakikita nito na ang bawat tampalasan ay hindi makapupunta roon at kumuha mula Roon. Kinakailangan mong maging handa bago ka lumapit sa Presensya Nito.

301 Tingnan n'yo si Aaron, sa tipo. Bago pa . . . Ngayon, tandaan n'yo, ang kongregasyon noong mga araw na 'yun ay hindi man lang makalalapit dito sa anumang paraan. Pero noong pumasok na si Aaron. . . Ilang beses nga siya nakakapasok Dito? Isang beses sa isang taon. Papaano siya dapat . . .? Kailangan na nakasuot siya ng partikular na damit, na ginawa 'yun ng partikular na mga kamay, ito'y isang espesyal na uri ng damit. Kinakailangan na nakabihis siya sa ganoong paraan. Mayroon siyang bunga ng granada at isang batingting, na sa tuwing hahakbang siya ay tumutunog 'yun ng “Banal, banal, banal, sa Panginoon.” Lumalapit na siya nun sa luklukan ng awa, dala ang dugo.

302 At kinakailangan na napahiran siya ng isang partikular na langis, na pinabanguhan siya ng isang partikular na pabango na gawa sa rosa ng Saron. At si Jesus ang Rosa ng Saron. At, pansinin n'yo, ang isang rosas ay isang magandang bagay, mayroon itong pabango. Pero bago lumabas ang pabango, kinakailangang durugin ang rosas, at pagkatapos ay pinipiga ang pabango mula sa rosas na 'yun. Si Jesus, sa Kanyang buhay, ay ang pinakamagandang buhay na nabuhay kailanman; pero hindi Siya maaaring manatili na ganoon, dahil kailangan Niyang pahiran ang Kanyang Iglesya (upang makalapit sila sa Kanyang Kabanalan), kaya ang Kanyang buhay ay piniga. At ang siya ring Espiritu Santo na nasa Kanya ay inilagay sa Iglesya, at ginawa Niya Siya na siya ring kahapon, at ngayon, at magpakailanman, ang Rosa ng Saron, ang pabango nito. Ang taong lumalapit sa Kabanal-banalang Dakong ito ay kinakailangang may pahid ng parehong Espiritu Santo. At habang naglalakad siya, “Banal, banal, banal, sa . . .” (Na walang tabako sa kanyang bibig.) “Banal!” (Na walang pagbabaligtad ng kuwelyo niya.) “Banal, banal, banal,” na nakadamit sa kabanalan ni Jesus Cristo. Hmm! Kamangha-mangha Ka! Oh!

303 Ngayon, “ang luklukan ng awa.” Ngayon, ang luklukan ng awa ay nasa puso na, luklukan kung saan nagniningning ang Kanyang—Kanyang Kaluwalhatian sa lahat ng Kanyang mga anak, ang Kaluwalhatiang Shekinah na nasa puso na ng tao. *Narito* ang puso ng tao. Tama ba? Yan ba ang luklukan ng awa? Paano ka papasok dito patungo Roon sa iba't ibang sistemang ito? Sa pamamagitan nga ng sariling kalooban, ng sariling kalooban. Papasok ka *dito*, at dadaan

doon, patungo ng *ano*? Kaluwalhatiang Shekinah. Ano—ano ang Kaluwalhatiang Shekinah? Ang Presensya ng Diyos. At kapag lumalakad ang isang lalaki, o isang babae, sinasalamin niya ang Kaluwalhatiang Shekinah. Hindi siya pumapasok sa mga sugalan at—at kung anu-ano ang ginagawa, at lalabas dito at ikakaila ang Salita. Anuman ang sabi-sabihin ng mga tao, nakatuon lang ang kanyang puso sa isang bagay: sa Diyos. At kung tunay nga siyang tinawag ng Diyos kung ganon ay sinasalamin ni Jesus Cristo ang Kanyang Sarili sa pamamagitan niya kasama ang Kaluwalhatiang Shekinah, na ginagawa ang parehong mga bagay na ginawa Niya noon; inihahayag ang parehong Ebanghelyo, ipinapangaral ang parehong Salita, ang parehong Salita na inihahayag sa parehong sukat noon, na totoong katulad mismo noong Pentecostes na nasusukat itong muli. Oh, grabe!

³⁰⁴ “Luklukan ng awa.” Kapwa nakita nina Ezekiel at Juan ang parehong mga bagay. Ngayon, pansinin n’yo, malapit na tayong magtapos ngayon, kaunti na lang. Ngayon, heto po’yung gusto kong may makuha kayo na isang bagay. Oh, huwag na huwag n’yo pong hayaang mapalampas ito! Ngayon, ilan ang nakakaalam na ang mga Kerubin na’yun ay *mga buhay na Nilalang* at hindi mga hayop? Sila ang... isang nakataatas na antas.

³⁰⁵ Ngayon, mas mataas ba ang antas ng isang Anghel kaysa sa isang tao o mas mababa ba ang antas? Sige, po. Alin ang pinakadakila, isang anak ng Diyos o isang Anghel? Anak ng Diyos nga! Sino ang mas pakikinggan ng Diyos, isang Anghel ba na nakatayo roon sa harap Niya na nagsusumamo para sa isang bagay, o isa sa inyong lahat na nagsusumamo? Isa sa inyong lahat! Kita n’yo, dahil kayo’y mga anak na lalaki at babae. Sila’y—sila’y mga tagapaglingkod. Kita n’yo? Mga tagapaglingkod sila, at kayo’y mga anak mismo na lalaki at babae. Kaya tingnan n’yo kung anong kapamahalaan ang mayroon kayo, natatakot lang tayong gamitin ito.

³⁰⁶ Ngayon, gusto kong ituon n’yo ang pansin n’yo rito, maganda ito. Oh, grabe! Hayaan n’yong dumako ako rito’t laktawan ang ilan dito para makadako ako rito. Kunin n’yo ang mga lapis n’yo ngayon, heto ang talagang gusto kong iguhit n’yo. [Gumuguhit si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.] Siguro mas maganda kung liitan ko pa ito. Ngayon, ang Israel noon sa kanilang paglalakbay, nang sila’y magkampo, masdan n’yo itong mabuti ngayon, nagkampo sila: isa, dalawa, tatlo, apat. (Naku, mali po pala.) Isa, dalawa, tatlo; isa, dalawa, tatlo; isa, dalawa, tatlo; isa, dalawa, tatlo; ganyan ang pagkakakampo nila sa paligid ng luklukan ng awa. Ngayon, alam ko, na alam n’yo nang lahat ’yan, napanood n’yo na’t nabasa sa Lumang Tipan.

³⁰⁷ Ngayon, sa dakong silangan, sa dakong silangan, *dito* mismo, sige’t isusulat ko ito para siguradong makukuha n’yo ito.

Silangan, ang dakong silangan ay sa Judah sa tuwina. Ito ang pintuan, J-u-d-a, Judah. At kasama ni Judah. . . ang pinuno ng tatlong lipi't sa ilalim ng kanilang bandera; tatlong lipi ang nasa ilalim ng kanilang bandera, ang bandera ng Judah. Naaalala n'yo. . . Ilan ang nakapanood sa *The Ten Commandments*, 'yung *Ten Commandments* ni Cecil DeMille? Sige. O, nabasa n'yo na ito dito mismo sa Kasulatan, diyan sa Kasulatan, ang ibig kong sabihin, naroon ang Judah sa dakong silangan. Sige.

³⁰⁸ Sa dakong kanluran naman, *dito*, (Ngayon ilita n'yo ito, basahin n'yo ito doon sa. . . nasa Exodo po ito, at pati ang iba pa, habang inilalahad ang mga ito.) hayan nga ang Efraim, E-f. At mayroon siyang tatlong lipi na kasama sa kanilang bandera. Buweno, ang Efraim.

³⁰⁹ Ngayon, at sa dakong timog ay si Ruben, R-u-b, na may kasamang tatlong lipi, at ang kanilang bandera.

³¹⁰ At sa dakong hilaga ay ang Dan, ang Dan na may kasamang tatlong lipi, at tatlong lipi at ang kanilang bandera. Buweno.

³¹¹ Ngayon, ganoon ang paraan ng pagkakampo nila. Ngayon, tandaan n'yo, basahin natin ngayon sa Kasulatan ngayon para makuha natin ito nang sadyang tamang-tama. Sisimulan ko roon sa ika-7 talata:

At ang. . . nilalang ay katulad ng isang leon, at ang ikalawang. . . katulad ng isang guyang baka, (o isang batang baka) at ang ikatlong nilalang ay gaya ng mukha ng isang tao, at ang apat na nilalang ay. . . at. . . ikaapat na nilalang ay katulad ng isang agila na lumilipad.

At ang apat na nilalang na buhay na may anim na pakpak bawat isa sa kanila; ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob: at sila'y walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, Banal, banal, . . . ang Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat, na nabuhay noon, nabubuhay ngayon, at siyang darating.

At pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri at nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man,

Ang dalawangpu't apat na matatanda ay mangagpatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at mangagsisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at ilalagay ang kanilang putong—ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan, na nangagsasabi,

Marapat ka, Oh Panginoon namin, na tumanggap ng kaluwalhatian. . . ng kapurihan. . . ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay, at dahil sa iyong kalooban ay. . . nangalikha.

312 Ngayon, ngayon, masdan n'yo. Sa dakong silangan—dakong silangan, nakita niya ang anong uri ng mukha? Kung mapapansin n'yo, isa 'yun leon, l-e-o-n, 'yun 'yung bandera. Yun 'yung—'yun 'yung nakataas na bandera ng Judah. Dahil Siya'y. . . Lumabas si Jesus mula sa. . . Tunay nga! At Siya ang Leon ng lipi ni Judah.

313 Ngayon, ilan na ba ang nakakita ng zodiac? Alam na ng marami sa inyo kung ano 'yun: ang bituwin. Kita n'yo? Yun ang unang Biblia ng Diyos. Ngayon, saan ito nagsisimula, ang unang numero sa zodiac, ang unang pigura? Haya't ang birhen! Tama ba? At ano ang huli? Leo, ang leon. Ang Unang Pagparito at ang Ikalawang Pagparito ni Cristo, ang lahat ay naroon. Naroon ang nagkrus na cancer. . . o ang nagkrus na kapanahunan ay naroon mismo sa dako ng nagkrus na mga isda, na panahon ng cancer, at nabubuhay tayo sa mismong panahon nito.

314 At pansinin n'yo sa piramide nang itayo niya ito, sa panahon ni Enoc, ang bawat bato'y naroon. Nagagawa nilang sukatin noon ang mga bagay-bagay nang sadyang eksakto at saysayin ang mga digmaan at mga bagay-bagay. Kumpleto ang lahat nun maliban sa Pangulong Bato. Bakit? Napansin n'yo ba sa dolyar na papel n'yo? Sige't maglabas kayo at tingnan, nakatanggal ang takip nito. Bakit? Hindi kasi ito kailanman natakpan. Si Cristo ang Pangulong Bato na tinanggihan, Siya ang Pangulong Bato na tinanggihan. Malapit na Siyang bumalik. Masdan n'yo ang Iglesyang 'yun, doon noon sa kapanahunan ng Lutheran, napakaluwang nga sa ibaba; pagkatapos ay naging minorya, naging lalo pang minorya, kaunti pa't hanggang sa makarating ito rito; pagkatapos nitong lisanin ang kapanahunan ng Pentecostal, pagkatapos nga'y dumating sa bawat bato na maiangkop mismo para maipatong na ang takip na 'yun doon, isang Iglesya na magdadala kay Jesus na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Talagang ganap na ganap mismo!

Ngayon, Siya ang Leon ng lipi ni Judah.

315 Ngayon, alam ng sinumang nakakabasa ng Biblia kung ano ang numero ni Dan, o kung ano—kung ano ang kay Dan. . . Oh, ang ibig kong sabihin ay kung ano, oo, kung ano ba si Dan? Yung sa kanya, isa siyang agila. Siyanga. Isa siyang agila. Haya't may nagbabasa ng Biblia. Isa siyang agila.

316 Ngayon, ang kay Ruben ay 'yung tao. Siya 'yung una, ang pinakamahina sa grupo. Hindi ba't sinabi 'yun ni Jacob sa—sa Genesis 49? “Ruben, ikaw ang una sa aking kalakasan; pero tulad ng tubig, sumampa ka sa aking higaan at dinumihan ang aking higaan,” at namuhay nga siya noon na kinakasama ang babae ng kanyang ama. Kita n'yo, 'yan ang mga imoralidad ng tao. Nakita n'yo? Ang hayop ay walang ganoong imoralidad, ang leon, wala sa mga ito ang may ganoon; pero mayroon ang tao, na

tinatanan ang asawa ng kanyang kapwa lalaki at kung anu-ano pa. Katulad ng . . . Pareho mismo, kumpleto mismo.

³¹⁷ Ngayon, dito sa ibaba, *heto*, si Dan ay isang agila. At, *heto*, si Ruben ang mukha ng tao. At si Efraim ang baka. Ngayon, nakukuha n'yo ba 'yung larawan diyan? Si Efraim . . . Ganoon mismo ang pagkakakampo nila, sa Biblia.

³¹⁸ Ngayon, kung mapapansin n'yo, si Dan ang pinuno ng tatlong lipi, si Judah ang pinuno rin ng tatlong lipi, Si Ruben ang pinuno ng tatlong lipi, at si Efraim ay pinuno rin ng tatlong lipi. Ang tatlong apat ay labindalawa, labindalawang lipi ng Israel. Kita n'yo, ang bawat isa'y may kanya-kanyang bandera; at ang bandera ni Judah ay isang leon; ang bandera ni Ruben, tao; ang bandera naman ni Efraim, ay isang baka; ang bandera ni—ni—ni Dan ay isang agila.

³¹⁹ Ngayon, tingnan n'yo rito kung ano ang sinabi ni Juan, “At ang isa'y may mukha ng . . .” Basahin natin dito ngayon, tingnan mismo natin kung hindi ba't katulad ito sa Langit:

. . . ang unang nilalang ay katulad ng isang leon, (Judah) . . . ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang baka, (yun po'y isang batang baka) . . . ang ikatlong nilalang ay ang mukha ng isang tao, at ang ikaapat na nilalang ay . . . isang agila na lumilipad.

³²⁰ Sadyang eksakto sa mga lipi ni Israel na nakakampo nang palibot, na nagbabantay, sila'y makalupa lang na mga bantay ng karapatan tungo sa kaban. Oh, Hallelujah! Hindi n'yo ba nakikita?

³²¹ Dito! Awa, l-u-k-l-u-k-a-n n-g a-w-a, “luklukan ng awa.” Walang makalalapit saan man sa paligid nito nang hindi tumatawid sa mga lipi na 'yun doon. Tinatawid ang ano? Ang leon; tinatawid ang tao, katalinuhan ng tao; at tinatawid ang panghilang hayop, gaya ng isang baka; o tinatawid ang agila, ang kabilisan nito. Kita n'yo? Ang Langit, ang lupa, ang pagitan, at ang palibot; nakita n'yo na, sila nga'y mga bantay. At sa itaas nito ay yaong Haliging Apoy. Kapatid, walang nakakalapit sa luklukan ng awa na 'yun nang hindi dumudulog . . .

³²² At ang tanging paraan ng pagdulog dito ay sa pamamagitan ng dugo. Pumapasok doon si Aaron nang minsan sa isang taon na may dalang dugo. Ngayon nakikita n'yo na? Ngayon, masdan n'yo. Binabantayan ng bawat pinuno ng tatlong angkan ang luklukan ng awa, ang luklukan ng awa ng Lumang Tipan. Ngayon, naisulat n'yo ba, bawat isa? Ngayon, *heto* ang isang bagong-bago, kapatid. Pakinggan n'yo ito, pagkatapos uuwi na tayo. Ngayon, alalahanin n'yo, 'yun ang mga bantay noong Lumang Tipan. Ilan na ba ang nakabasa nito sa Biblia, alam n'yo kung tama ito? Kita n'yo, 'yan ang mga bantay noong Lumang Tipan.

323 Ngayon nabubuhay tayo sa iba nang panahon. Maluwalhati! Oh, gustung-gusto ko ito! Kayo rin po ba? Ngayon, may luklukan ng awa ang Diyos ngayon na dapat bantayan. Naniniwala ba kayo roon? Saan ba matatagpuan ang luklukan ng awa na 'yun? Sa puso ng tao. Saang lugar noong napunta ito sa puso ng tao? Sa araw ng Pentecostes noong ang Espiritu Santo (ang Diyos) ay pumasok sa puso ng tao. Tama ba? Ngayon, markahan natin ito rito, at maghanda lang kayo na iguhit ito kung gusto n'yo. Pentecostes, P-e-n-t, susulatan ko ng Pentecostes. Ito ang luklukan ng awa, ang Espiritu Santo. Ilalagay ko rito. . . Sasabihin ko sa inyo, kung anong mas angkop, sige't ilagay natin dito ang "Kalapati" na ibig sabihin. . . ang ibon, kita n'yo. Sige, ang pagbantay sa luklukan ng awa, ngayon mayroon bang mga bantay ang Diyos para sa luklukan ng awa sa panahong ito? Ngayon habang. . . Ngayon, masdan n'yo kung gaanong kaganda ang pagkakarawan nito.

324 Nakaupo ako noong isang araw at nakita ko ito, at napatalon talaga ako't napatakbo nang paikot-ikot-ikot sa upuan, na sinasabi ko, "Maluwalhati! Maluwalhati! Maluwalhati! Maluwalhati! Maluwalhati," paikot, paikot. Charlie, mas grabe pa nga ang ginagawa ko kapag nasa kakahuyan kung minsan. Kapatid na babaing Nellie, kung kikilos-kilos ako nang ganyan, mabilis mo akong itataboy palabas ng bahay n'yo. Di po ba? Oh, talagang nagtamasa ako ng maluwalhating panahon. Ngayon, masdan n'yo kung ano 'yun, kung anong ginawa ng Panginoon.

325 Ngayon, ang Pentecostes, pagkatapos ng Pentecostes, ay sumulat ng isang Aklat ng (Ano?) Mga Gawa ng Espiritu Santo, M-g-a G-a-w-a. Tama ba? Ano ang simula ng Mga Gawa, doon sa unang bagay para makapasok sa kaligtasan? Mga Gawa 2:38. Heto na 'yung huli, uli. Tama ba? "Napuspos sila ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng ibang mga wika. At tumayo si Pedro at pinangaralan sila ng isang pangangaral. Sabi nila, 'Ano ang maaari naming gawin? Paano kami makakapasok diyan?' Ang sabi niya, Mga Gawa 2:38, 'Mangagsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.'"

326 Ngayon, tandaan n'yo, ang Diyos ay may ilang mga bantay para dun—para dun sa luklukan ng awa. Ano 'yung luklukan ng awa na binabantayan nila? Buweno. M-a-t, Mateo, sa silangan; Lucas, Lucas; Marcos; at Juan. Lahat ng apat nilang Ebanghelyo'y nagpapatotoo sa Aklat ng Mga Gawa na parating, binabantayan nila ito saan mang dako mo ito nais silipin.

327 Kunin lang natin ang isa, isa lang, kasi wala na tayong oras. Mayroon akong dalawampu o higit pang isinulat dito, pero kunin lang natin ang isa para sa paksang ito ukol sa kaligtasan. May oras pa ba tayo para sa pananalangin? Wala na, ala-una na, kaya sa palagay ko hindi na natin magagawa maliban na gusto n'yong

lahat na manalangin para sa mga maysakit. Ngayon, mayroon akong . . . Dumami lalo ang oras ko. Kita n'yo? Buweno.

³²⁸ Ngayon, pansinin n'yo ito! Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ano ito? Makalupang bilang, ng mga Ebanghelyo, ang bilang na apat. Sige, tingnan n'yo.

³²⁹ Ngayon, Mateo 28:19. 28, ngayon, diyan kayo bumabaling na mga trinitarian nating kapatid, 28:19. Buweno. Ang Mateo, doon sa huling bahagi ng kabanata, ang sabi, “Kaya’t humayo kayo, turuan n’yo ang lahat ng mga bansa, bautismuhan n’yo sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo”; pero narito’t dumating ang Pentecostes, at ang sabi ni Pedro “Magsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus.”

³³⁰ May mali roon. “Mateo, ikaw ba ang bantay sa silangang pintuan?”

³³¹ Ano nga ba ang pintuan? Ano 'yung pintuan? Si Jesus. Sabi ni Jesus, “Makipot ang pintuan.” Tama ba? Ganito ang pagkakabaybay. . . Paano ba ito binabaybay, m-a-k-i-p-o-t o m-a-t-u-w-i-d? Ang ibig sabihin ng *m-a-k-i-p-o-t* ay “tubig,” “tubig ang pintuan.” Paano kayo makakapasok? “Magsisi kayo, bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo,” 'yun ang nagbubukas sa mga pintuan. Oo! Whew!

³³² “Oh, pero, Kapatid na Branham, nariyan 'yung Mateo 28:19 mo riyan.” Sadya nga. “Pero, Mateo, ikaw ba ang bantay patungo rito?”

“Oo naman, ako ang buong bantay.”

³³³ Ngayon kunin natin ang Mateo 1:18 at tingnan natin kung anong sinasabi nito, tingnan natin kung ito ba'y nagbabantay—nagbabantay dito. Tingnan natin kung binabantayan ng Mateo 1:18 ang Mateo 1. . . 28 at Gawa 2:38. Tingnan natin kung binabantayan nito ito!

Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: . . .

“Heto ang Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo,” pilit nilang sinasabi.

. . . pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . na kaniyang ina ay magasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungang siya ay nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Alin daw? Yan ang nagpapakita sa kanila na Iisa lang!

At nang itong . . . lahat . . . ay nangyari, upang . . . At narito, . . .

Ngayon si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, . . . ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya nang ganito.

. . . narito, ang isang anghel ng Panginoon, bumaba't, dumating sa kanya (Alam n'yo na.) at nagsabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo. (Kita n'yo?)

At siya'y manganganak ng isang lalake, . . . ang pangalang itatawag nila sa kaniya'y JESUS: . . .

Nang itong . . . lahat . . . ay nangyari, upang maganap . . . sa pamamagitan ng propeta, . . .

Na, ang dalaga'y maglilihi. . . (Isaias 9:6) . . . ang dalaga'y maglilihi, at . . . manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay . . . [Sinasabi ng kongregasyon, "Emmanuel."—Pat.]

³³⁴ Binabantayan niya ba ito? "Ama, Anak, at Espiritu Santo," Ama, Anak, at Espiritu Santo, ito: mga titulo ito ng isang Pangalan na 'yun. Kaya naroon mismo ang bantay para suportahan ito. Nakukuha n'yo ba? Oh, grabe! Ngayon, ilan ang nakakaalam n'yan? Heto na! Isa siyang bantay.

³³⁵ Ngayon, atin lang. . . Mayroon akong ilan na iba pa ukol sa kaligtasan, puwede kong talakayin ang iba pa rito. Pero ngayon kung magkakaroon tayo ng pila para sa pananalangin sa ilang saglit, siguro'y sa loob ng sampung minuto sige't subukan natin ang ibang bagay rito pansumandali. Kunin natin ang ilan sa mga Kasulatan ngayon. Saan ko nga ba naisulat 'yun? Heto po ang mga ito. Sige.

³³⁶ Ngayon tingnan natin kung babantayan ito ni Mateo rito ngayon para sa Makalangit na pagpapagaling. Hawak n'yo na ba ang mga lapis n'yo at iba pa ngayon, para maisulat n'yo ito? Sige. Tingnan natin kung hinahati ni Mateo . . . kung babantayan ito. Kunin natin ang Mateo 10:1.

³³⁷ Sige't kunin natin at tingnan kung si Juan . . . isa o dalawa na lang, kunin natin ang dalawa, o isa o dalawa sa mga ito, Juan 14:12, at 15:7.

³³⁸ Tingnan n'yo na talagang binabantayan nila ang Makalangit na pagpapagaling sa paligid ng Luklukan ng Diyos! Marcos 16, Marcos 11:21 at 22.

Lucas 10:1 hanggang 12, at Lucas 11:29 hanggang 31. Talakayin natin ang ilan sa mga ito, tingnan natin kung nagbabantay ang mga ito, tingnan natin kung binabantayan ng mga ito ang karapatan tungo sa Makalangit na pagpapagaling sa siya ring paraan na binabantayan ng mga ito ang pintuan para sa bautismo sa Pangalan ni Jesus. Maaari nating dalhin ito sa bawat isa sa mga 'yun. Buweno.

³³⁹ Ngayon balikan natin at tingnan ang Mateo 10:1. Sige't balikan lang natin ngayon para tayo'y . . . at tapos magsasara na tayo ng mga lima pa, sampung minuto na, ang pinaka

matagal, loobin ng Panginoon. Sige, kunin natin ang Mateo 10, tingnan natin kung binabantayan nga ba ng Mateo ang Gawa ng mga alagad.

³⁴⁰ Inisip n'yo ba na—na hindi naglalagay ang Diyos ng bantay sa paligid ng Kanyang Salita? Tingnan n'yo kung 'yung baka, leon, tao, agila ay hindi ba't naroon pa rin sa mga pintuang 'yun dito mismo sa lupa ngayon? Narito rin ang mga Ebanghelyo, ang apat na Ebanghelyo. Kita n'yo? At, mapapansin n'yo, sa bawat daan na dinadaan nila ay padiretso sila. Hindi sila bumabangga-bangga sa isa't isa, nananatili sila sa isa't isa. Kita n'yo? Dala ng isa ang katalinuhan ng isang tao; ang isa nama'y dala ang bilis ng isang agila; ang isa'y pastor . . . Ang isa nama'y ebanghelista, para lumipad na parang ebanghelista, kita n'yo; ang isa ay pastor; ang isa ay matatag; ang isa ay matalino. Kita n'yo, nagbabantay sa bawat panig, binabantayan ng Diyos ang Ebanghelyong ito ng Espiritu Santo! Sampalatayanan n'yo Ito, kapatid! Buweno.

³⁴¹ Ngayon kunin natin ang Mateo 10:1.

At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labingdalawang alagad, at binigyan niya sila ng kapamahalaan. . . (Hmm!)

Sa itaas na silid sila'y nagtitipon,
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
At ang kapangyarihan sa gawai'y dumako;
Ang ginawa Niya sa kanila sa araw na 'yun
Gagawin din Niya sa inyo,
Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

³⁴² Oh, maaari n'yo bang patahimikin ang sanggol pansumandali lang. Makinig lang, makinig nang mabuti:

. . . at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu, . . .

³⁴³ Maraming mga pastor ang hinahayaan lang ang maruruming espiritu na manatili sa kanyang simbahan; ang pananamit ng kababaihan, kilos, pagsusugal, pagbabaraha't bunco, sayawan, mga soup supper, lahat nang . . . Oh, kahabagan!

. . . laban sa mga karumaldumal na espiritu, upang mapalabas nila, at upang kanilang mapagalang ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring mga karamdaman.

³⁴⁴ Nakikita n'yo ba 'yung bantay na naroon mismo sa pintuan? Ang bantay ng Ebanghelyo'y nariyan para patunayan ang aklat na 'yun ng Mga Gawa na isinulat!

³⁴⁵ Ngayon, narinig ko ang isang mahusay na guro kamakailan lang, sabi, ang . . . isa . . . isang katangi-tanging lalaki, mabuting tao, nakatagpo ko siya, kinamayan ko siya, isang mabuting

kapatid. Sabi niya, “Pero ang Mga Gawa ng mga alagad ay banghay lamang para sa Iglesia.” Huh! Sa madaling salita, inilagay niya *rito* sa labas ang banghay, kita n’yo. Gayong, ang Mga Gawa ng mga alagad ay nasa loob, at ang mga Ebanghelyong ito ang banghay na nagpapanatili Rito na maglakip at nagproprotekta Rito. Nakita n’yo na kung paano ang takbo ng—ng—ng isip ng tao na ipinapalagay nito ang kung anu-ano na lang. Ganoon din marahil ang maisip ko kung di dahil sa Diyos. Kita n’yo?

³⁴⁶ Ang banghay, hindi ang Pentecostes ang banghay ng Ebanghelyo. Ang apat na ebanghelyo ang banghay na sumusuporta sa Pentecostes! Pagkatapos nilang maitayo ang banghay na ito, umiral ang Pentecostes. Tama ba? Alin ang unang isinulat, ang Aklat ng Mga Gawa o ang—o ang mga alagad? Ang mga alagad. Lumakad si Jesus noon na gumagawa ng mga gawa at paunang sinasaysay kung anong mangyayari, at sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, silang apat na bantay ay dumating at isinusulat ang lahat ng nakikita nilang nagaganap, na nilalahad ito ng kung ano lang mismo ito, kung paano ba ito mangyayari, kung ano ang mangyayari. Pagkatapos ay lakip-lakip nilang binanghay Ito, at heto na Itong dumating! Amen! Sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ang banghay, o ang gawang-bantay na nagproprotekta sa pangunahing templo, ang Luklukan, ang Pentecostal na Pagpapala.

³⁴⁷ Hindi denominasyong Pentecostal, kapatid na lalaki, kapatid na babae, sila kasi’y lumabas na mula sa buong bagay na ’yun, uh-hum, mas napalayo pa nga kaysa sa iba pang mga iglesya. Mas napalayo pa kaysa sa mga Lutheran. Ang Lutheran ay nananatiling mas maigi nang kaunti kaysa sa kanila, at ganoon nga, at ganoon nga ang nangyari. Sadyang ganoon mismo, Gene, dahil, ngayon, hindi ko nakita si Jesus sa labas ng iglesyang Lutheran, na nagsisikap makapasok, na anupa’t sinusubukang . . . dahil sa palagay ko’y wala naman Siya roon sa una pa lang. Pero Siya’y—Siya’y nasa iglesyang Pentecostal noon at pinalabas lang. Siyanga.

Ngayon, Mateo 10:1.

³⁴⁸ Ngayon dumako tayo rito sa Juan 14:12 at tingnan natin kung—kung—kung susuportahan at babantayan ni Juan ang mahahalagang bagay ng Pentecostes. Sa Juan, sa ika-14 na kabanata at sa ika-12 talata, nagsasalita si Jesus:

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; ’pagkat ako’y paroroon sa aking Ama.

³⁴⁹ Oh, kapatid, ang pintuang ’yun doon, kung saan naroon ang agila mismo dahil ’yun ang ebanghelikong paglilingkod,

alam n'yo, lumilipad na parang agila. Ang pagiging mabilis, pumapailanlang patungo sa propetikong lupain sa dako roon sa itaas, kita n'yo, na may kakayahang makita ang mga bagay sa hinaharap at sabihin ang mga bagay na nakalipas, ang ngayon, at ang darating. Kita n'yo? Nakaupo roon na nagbabantay rito, sabi, "Ang mga gawa na Aking ginagawa!" Masdan n'yo ang agilang 'yun, kita n'yo.

³⁵⁰ *Narito* ang leon, ang lingkod. Binigyan sila ni Jesus ng kapangyarihan. At prinoprotektahan Niya Ito, prinoprotektahan Niya ang Mga Gawa 2:38. Itinaguyod Niya siya doon mismo, ng leon na 'yun.

³⁵¹ *Narito* ang pagiging mabilis ng Ebanghelyo, sa agilang ito, na sinasabi, "Ang mga gawang ito na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Higit pa rito ang gagawin ninyo," na lumipad sa buong mundo na dala Ito! Tulad ng kalapati na ang kapares niya'y binalian ng ulo, at pinadanak, iwiniis ang dugo sa lupa, na sumisigaw, "Banal, banal, banal, ang Panginoon," nilinis ang ketongin. Oo.

³⁵² Ngayon, mayroon akong isa pa roon, Juan 15:7. Buksan natin sa ika-15 kabanata, sa ika-7 talata:

Kung kayo'y magsipangatili sa akin, ngayon, at ang mga salita ko'y... (hindi salita ng seminaryo)... ang mga salita ko'y magsipangatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.

³⁵³ Tama ba? Kung ganun ang Ebanghelyong 'yun ay nagbabantay mismo. Ang Pentecostal na Pagpapala na ito'y binabantayan ni Juan at ng kanyang Ebanghelyo; Ito'y binabantayan din ni Mateo, ng kanyang Ebanghelyo.

³⁵⁴ Ngayon, dumako tayo sa kasunod na Ebanghelyo, Marcos, ika-16 na kabanata, tingnan natin kung binantayan ba ni Marcos itong Pentecostal na Pagpapala. Marcos, sa ika-16 na kabanata. Ngayon, simulan natin dito sa bandang... pagkatapos lang ng... 'yung sinasabi tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Ngayon, magpatuloy tayo hanggang sa umabot tayo sa bandang—bandang ika-14 na talata ng Marcos 16:

Pagkatapos siya'y napakita sa labingisa samantalang sila'y nangakaupong nagsisikapin, at pinagwikaan sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka't hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya pagkatapos na siya'y magbangon.

³⁵⁵ Hindi nila pinaniwalaan 'yung mga nagsisikap na saysayin sa kanila ang mensahe. Kita n'yo, ganyan din ito sa panahong ito. Ang mga taong nakasaksi na sa Espiritu Santo; sabi ng mga tao, "Kalokohan, sangkumpol lang sila ng mga holy-roller." At pinagwikaan Niya sila dahil sa katigasan ng kanilang puso, kita n'yo, at dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya; na nakakilala sa Kanya sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.

356 Ano? Upang ipangaral ang...heto...iisa lang ang Ebanghelyo; pero apat na bantay. "Ipangaral ninyo ang Ebanghelyong ito sa bawat nilalang!" Ngayon, alalahanin n'yo, pareho Niyang kinukuha, lahat ng apat na bantay (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan), kita n'yo, "Ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang!"

Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; at ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. (Kita n'yo, kailangan ninyong pumasok sa bautismong ito rito.)

Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas;...ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. (Oh, kapatid, manampalataya ka, pakiusap!)

At... (Pang-ugnay, para pag-ugnayin ang iba pa sa pangungusap)... At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya;...

357 Buweno, ngayon, tingnan natin, ano ba ang sinasabi ng Methodist? "Kung magawa mong sumigaw, ang mamuhay nang maayos." Ang sabi ng mga Baptist, "Manampalataya ka lang at magpabautismo." Sabi ng Episcopalian, "Tumayo kayo na gaya ng Episcopalian, nang paganyan, at yumuko kapag isinasagawa ang paawit-awit." Ang sabi ng Katoliko, "Umusal lang ng 'Aba, Ginoong Maria.'" Ang sabi naman ng Pentecostal, "Umanib ka lang sa aming denominasyon. Magpabautismo sa Pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo.'" Hayan nga. Kita n'yo?

...lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; Sa aking pangalan... (Hmm. Walang "Ama, Anak, Espiritu Santo" na nariyan)... Mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;

Sila'y magsisihawak ng mga ahas;...kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling. (Amen! Oh, kapatid!)

358 Ngayon bumalik kayo agad sa ika-11, at pagkatapos ay malapit na tayong matapos. Mateo 11, at narito sa akin ang 20 at 21, si Jesus na nagsasalita. Lahat rito'y si Jesus ang nagsasalita, ngayon, wala nga kahit isa sa kanila kundi si Jesus lang ang nagsasalita, bawat isa sa kanila.

At sa kinabukasan, pagkaalis nila...na malapit sa Betania, ay nagutom siya:

At pagkatanaw niya sa isang puno ng igos . . .

359 Yun 'yung sandali na isinumpa Niya 'yung puno (sa Mateo 21 ito). Dito po 'yun sa . . .:12, pasensya na po pala. Marcos 11:21 at 22:

At sa pagkaalaala ni Pedro ay sinabi sa kaniya, Rabi, narito, ang sinumpa mong puno ng igos sa daan . . .

At noong si Jesus ay sumagot at sinabi sa kanya, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios. (Kita n'yo?)

Katotohanang sinasabi ko sa inyo, (kung ganoon, ay sa loob ito) . . . sinasabi Ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi . . . manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay maaari niyang kamtin . . . ay kakamtin niya yaon.

360 Hayan nga, ang timog na pintuan ay binabantayan ng baka. Binabantayan naman ng leon ang hilagang pintuan, ang pintuan sa hilaga . . . ang ibig ko palang sabihin ay silangang pintuan. Ang hilagang pintuan ay binabantayan ng lumilipad na agila, si Juan, ang ebanghelistang. Pagkatapos 'yung manggagamot naman ay nasa panig na ito rito, si Lucas, ang tao.

361 Ngayon, tingnan natin kung ano ang sinasabi ni Lucas. Kunin natin ang Lucas, sa unang kab- . . . Sa palagay ko nabasa na natin ang Lucas 10:1 hanggang 12, ito 'yung—ito 'yung atas. Alam n'yo na lahat kung ano ito, pero . . . Lucas, sa ika-10 kabanata, at 1 hanggang 12. Sige, maaari tayong magpatuloy at basahin itong lahat, pero wala na tayong oras para gawin 'yun. “Magsiyaon kayo sa inyong lakad . . .” Sisimulan ko sa ika-3 talata:

Magsiyaon kayo sa inyong lakad: narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga kordero sa gitna ng mga lobo.

Huwag kayong magsipagdala ng supot ng salapi, ng supot man ng pagkain, . . .

362 Kita n'yo, “Huwag kayong humayo sa kung anong pangalan ng isang denominasyon. Humayo kayo ayon sa pagkakasugo Ko sa inyo. Kita n'yo? Huwag kayong humayo na may garantiyang makakakuha kayo ng sandaang libong dolyar para sa rebaybal na ito; na kung wala, ay hindi kayo pupunta. Kita n'yo. Tinatakda n'yo ang inyong mga gawain.” Ang sabi Niya, “Pumunta kayo kung saan Ko kayo susugin.” Kita n'yo.

Huwag kayong magsipagdala ng supot ng salapi, ng supot man ng pagkain, ng mga pangyapak man: . . . huwag kayong magsibati kanino mang tao sa daan.

363 “Huwag kayong matigilan at sasabihin, ‘Pupunta ako’t titingnan kung paano ba ang . . . kung kumusta ba ang mga

ito...kung paano ba itong...’ Pumunta kayo mismo sa kung saan Ko kayo susuguin. Huwag n’yong pansinin ang iba.”

At sa alin mang bahay na inyong pasukin, . . . sabihin ninyo muna, Kapayapaan nawa sa bahay na ito.

. . . kung mayroon doong anak ng kapayapaan, ang inyong kapayapaa’y babalik. . . mananatili sa kaniya: datapuwa’t kung wala, ay babalik ito sa inyong muli.

At magsipangatili kayo sa oras ding yaon, sa bahay ding yaon (ang ibig kong sabihin) ay magsipangatili, na kanin at inumin ninyo ang mga bagay na ito tungkol ibigay: (Ngayon, lahat ng mga bagay na ito tungkol sa “hindi pagkain ng karne, at iba pa.” Naku, grabe! Kita n’yo?) sapagka’t ang manggagawa ay marapat sa kaniyang kaupahan. Huwag kayong mangagpalipatlipat sa bahaybahay.

364 Sasama sa mga Jones ngayon, para maghapunan, at sasama naman sa—sa susunod na mag-asawa sa susunod na araw, at sa susunod na mag-asawa sa susunod naman. “Manatili kayo riyan!”

Yan nga’y kapag pumupunta ako sa isang pagtitipon, alam n’yo, kung bakit ako nananatili lang sa hotel, at nananatili lang doon, doon mismo ako nakakasumpung ng kapayapaan. Kita n’yo? Huwag kayong magbahay-bahay!

At sa alin mang bayan na iyong pasukin, doon kapag kayo’y kanilang tanggapin, ay kanin ninyo ang mga bagay na ihain sa inyo:

At pagalingin ninyo ang mga maysakit—pagalingin ninyo ang mga maysakit na nangaroon, at sabihin ninyo sa kanila, Ang kaharian ay . . . ng Diyos ay lumapit na sa inyo.

365 Pero ngayon, buveno, hayaan n’yong basahin ko ang kasunod na talata:

Datapuwa’t sa alin mang bayan na inyong pasukin, at hindi kayo tanggapin, magsilabas kayo . . . sa bayan sa . . . siya ring . . . araw, . . .

Pati ng alabok ng bayan, na kumakapit sa—sa aming paa, aming . . . (Tingnan natin ngayon.) . . . Pati ng . . . At . . . Pati ng alabok ng inyong bayan, na kumakapit sa aming paa, ay ipinapagpag namin laban sa inyo: gayon ma’y inyong talastasin ito, na lumapit na ang kaharian ng Dios.

Sinasabi ko sa inyo, Sa araw na yaon ay higit na mapagpapaumanhinan sa araw ng paghuhukom ang Sodoma, kay sa bayang yaon.

366 Oh, kapatid, sa pinagpalang katiyakang 'yun! Kung hindi sila makipagkita, na di kayo tatanggapin, hayaan n'yo, sabihin n'yo lang, "Buweno, kung ayaw n'yo sa akin, papagpagin ko lang itong alikabok, at aalisin ito sa aking sapatos, at aalis na ako." Sa madaling salita, sabihin, "Hindi ako kumuha ng anuman; kung kumain ako ng kahit ano, babayaran ko kayo para rito, at magpapatuloy tayo." Sinabi Niya, "Katotohanan. . ." At sa bawat isa sa mga bayan na ito na kanilang pinuntahan at hindi sila tinanggap, ang bawat isa sa mga 'yun ay lumubog at wala na ngayon. At bawat bayan—bayan na tumanggap sa kanila, ay nakatayo hanggang sa araw na ito ngayon. Hayan nga.

367 Ngayon, isa pa, at pagkatapos ay magtatapos na tayo. Tingnan natin, heto ang 10. 11:29 hanggang 31, Lucas 11:29 hanggang 31, pagkatapos ay magtatapos na tayo. Oh, gustung-gusto ko Ito!

At nang ang mga karamihan ay nangagkakatiyon. . .

368 Tingnan natin, namarkahan ko ba. . . Lucas ba 'yun, Lucas 11:29? Oo, sa palagay ko ito nga. Oo:

At nang ang mga karamihan ay nangagkakatiyon sa kaniya, ay nagpasimula siyang magsabi, Ang lahing ito'y isang masamang lahi: na humahanap ng isang tanda; at hindi siya. . . magkakaroon ng. . . anomang tanda. . . na ibibigay sa kanya, kundi ng tanda ni Jonas na propeta.

Sapagka't kung paanong si Jonas ay naging tanda sa mga taga Nineve, ay gayon. . . din naman ang Anak ng tao sa lahing ito.

Magbabangon ang reina ng timugan. . . sa paghuhukom na kasama ng. . . lahing ito, at ito'y hahatulan: gayong siya'y naparitong galing sa mga wakas ng lupa, upang pakinggan ang karunungan ni Solomon; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Solomon.

Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at. . . ito'y hahatulan: sapagkat sila'y nagsipagsisi sa pangangaral ni Jonas; at, narito, dito'y may isang lalong dakila kay sa kay Jonas.

369 Ano itong sinasabi ko ngayon? Sa pagtatapos, hindi ko na tutugaygayin pa ang iba. Pero, bilang pagtatapos, gusto kong sabihin ito dahil masyado ko kayong pinatagal. Ano itong sinasabi Niya rito? "Darating ang araw na ang isang masama't isang lahi, na mapangalunya," (Ngayon tandaan n'yo!) "ay maghahanap ng tanda. At ito'y isang masama't isang mapangalunyang lahi." At sinabi Niya, "Makatatanggap ng tanda ang lahing 'yun." Masdan n'yo kung papaano ito nauugnay sa iba pang bahagi ng Biblia, ang tanda ni Jonas. "Si Jonas ay

nasa tiyan noon ng balyena nang tatlong araw at gabi; gayon din na ang Anak ng tao na dapat mapasa tiyan ng—ng lupa nang tatlong araw at gabi.” Ano ito? Ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli. Kita n’yo? Ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli’y mangyayari sa isang masama’t mapangalunyang lahi, at nangyari ito sa Aklat ng Mga Gawa. Nabuhay si Jesus mula sa mga patay, dumako kina Pedro, Santiago, at Juan, at sa mga alagad, at ginawa nila itong Aklat ng Mga Gawa (hindi ito mga gawa ng mga alagad), ito’y ang mga gawa ng Espiritu Santo na gumagawa sa mga alagad.

370 Hindi ito isang tao sa panahong ito; ito’y ang Espiritu Santo na gumagawa sa pamamagitan ng isang tao, o mga tao, kita n’yo, na gumagawa. Hindi ang tao; sisidlan lamang ang tao, kita n’yo, pero ang Espiritu Santo’y ang Langis na nasa sisidlang ’yun. Kita n’yo?

371 At tingnan n’yo ang ginawa nila noon, tingnan n’yo ang mga tanda na kanilang ginawa na kay Jesus. Siguradong napapansin ng mga tao ang mga ’yun dahil...Sila—sila—sila noon ay mga mangmang, walang pinag-aralan, sina Pedro at Juan. Pero siguradong mapapansin nila ang mga ’yun, na nakasama nila si Jesus! Ginawa nila ang mga bagay na ginawa Niya. Kaya, kita n’yo, bawat Aklat sa Biblia, bawat...ang apat na Aklat, binabantayan ng apat na Ebanghelyo ang Pentecostal na Pagpapala sa pamamagitan ng bawat Kasulatan para patunayan mismo ang bagay na sinabi nila. At ngayon ang Mga Gawa ng mga alagad ay nagpapatunay ngayon sa pamamagitan ng apat na Ebanghelyo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iniibig n’yo ba siya?

Sa itaas na silid sila’y nagtitipon,
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
At ang kapangyarihan sa gawai’y dumako;
Ang ginawa Niya sa kanila sa araw na ’yun
Gagawin din Niya sa inyo,
Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

372 Hayaan n’yong awitin ko ito:

Sa itaas na silid sila’y nagtitipon,
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
At ang kapangyarihan sa gawai’y dumako;
(Yun ang kailangan natin sa panahon
ngayon.)
Ang ginawa Niya sa kanila sa araw na ’yun
Gagawin din Niya sa inyo,
Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Gayong hindi nakapag-aral ang mga taong ito,
(Hindi nga . . . Tulad nina Pedro, Santiago, at Juan.)

O may maipagmamalaki mang kabantugan ng mundo,

Natanggap nilang lahat ang kanilang Pentecostes,

Nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus;

At ipinapamalita nila ngayon, sa malayo't kalaparang dako,

Na ang Kanyang kapangyarihan ay nananatili pa ring ganoon, (Katulad pa rin ng dati.)

Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

I'm one of them, I'm one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

One of them, I'm one of them,

Oh, I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, come, my brethren, seek this blessing

That will cleanse your heart from sin,

That will start the joy-bells ringing

And will keep your soul on flame;

Oh, it's burning now within my heart,

Oh, glory to His Name,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

One of them, one of them,

I am glad that I can say I'm one of them;

(Hallelujah!)

One of them, I'm one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

³⁷³ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Nadadaya nito ang marami sa mga tao. Ang . . . Maraming tao rito sa kalsada ang nagsisimba, kaanib sila sa mga iglesya, sila'y nalinlang gaya ni Eba noon sa pasimula. Wala silang pinagkaiba.

³⁷⁴ Oh, halikayo't tanggapin ang Punongkahoy ng Buhay! Ngayon, sa halip na ang mga Kerubin. . . Ngayon, may gusto akong sabihin. Sa halip na ang mga Kerubin na 'yun ang nagbabantay sa Luklukan na ito, heto silang naghahanap, sinisikap na papuntahin ang mga tao, binabantayan sila papunta sa Luklukan, sinisikap silang dalhin sa pintuan, pabalik na uli sa Punongkahoy ng Buhay upang tanggapin nila Ito. Sabi ni Jesus, "Ako ang Tinapay ng Buhay na nagmula sa Diyos mula sa Langit. Ang kumakain ng Aking Laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan at siya'y ibabangon Ko sa huling araw." Siyanga. Oh, labis akong nagagalak!

³⁷⁵ Ilan ang may sakit dito sa loob? Sige't patingin nga ng inyong mga kamay, itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Sige. Ilan ang may. . . Siyanga pala. . . Naunawaan ko—naunawaan ko ba

si Billy? Nasaan siya? Nakapamigay ba siya ng mga prayer card? Ikaw ba'y . . . ? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sige, sino ang may . . . [Blangkong bahagi sa teyp.]

³⁷⁶ Ngayon, tumingin kayo sa banda rito, kayong lahat. Ngayon, parang ganyan po kapag ito'y nasa ilalim ng Kaluwalhatian dito, kita n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo? Dumarating Ito . . . Yan 'yung Liwanag dito. Bumaling kayo rito, kita n'yo. Ngayon, tingnan n'yo, isa lang itong—isa lang itong aninag, isa lamang aninag, ito nga, kita n'yo. Hindi ito ang Liwanag. Narito ang Liwanag na nakalutang dito mismo, kita n'yo, dito mismo sa babaing ito. Mangyari mismo na nasulyapan ko Ito at inisip ko na nasa ibabaw Ito ng isang tao.

³⁷⁷ Ngayon, isa ang nakikita n'yo at dalawa naman ang nakikita ko. Ang isa rito'y ang natural, at ang isa naman ay ang Sobrenatural. May isang lalaking nakauupo sa labas dito, sa pilang ito na nakatingin sa direksyon ng Liwanag na 'yun. Tumama Ito sa kanya. Siya'y taga-Seymour, Indiana, at mayroon siyang . . . nagkaroon siya ng stroke. Kung sasampalataya ka, ginoo, pagagalingin ka ng Diyos sa stroke na 'yan. Amen! Manampalataya ka ngayon!

³⁷⁸ Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Kung ganoon kung ang Panginoong Diyos, na Lumikha ng langit at lupa, ay pahihintulutan akong gumawa ng isang bagay para patunayan sa iyo na ito'y ang Diyos, kung ganoon ay sasampalataya ka ba nang buong puso mo? Ang iyong—ang iyong kalagayan ay isang kondisyon na pagkanerbiyos na dulot ng isang—isang—isang menopause. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Hindi ka rin taga-rito.

³⁷⁹ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . kung ano ang problema mo? At, sa ganoon, ay Kanyang pagagalingin ka? [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . ang magagawa kang pagalingin, dahil hindi sarili mo ang gusto mong mapagaling, ang anak mong lalaki nga. Kita mo? Nasa Virginia siya. Naniniwala ka ba na masasabi ko sa iyo kung ano ang diperensya sa kanya, sa tulong ng Diyos? Mayroon siyang mga ulcer. Tama. At may isa pang diperensya sa kanya, haya't hindi pa siya ligtas. At ipinapanalangin mo siya. Ngayon, Gng. Baker, bumalik ka sa Somerset at manampalataya ka nang buong puso mo, pagagalingin siya ni Jesus Cristo. [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . ? . . . pagagalingin ka, tinatanggap mo ba Siya bilang Tagapagpagaling mo? Kung kaya mo . . . [Blangkong bahagi sa teyp.] . . . tagapagpagaling. Sinabi ni Pablo minsan . . . [Blangkong bahagi sa teyp.]

³⁸⁰ Ang madlang ito rito na nakinig nang masinsinan hanggang sa oras na ito sa araw na ito, Panginoon, ngayon, Panginoong Diyos, dalangin ko na ang Iyong mga awa't kabutihan ay mapasa kanila.

³⁸¹ Satanas, hinahamon kita sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas ka sa mga taong ito! Nanatili sila para makinig sa Ebanghelyo. Hindi mo na sila mahahawakan pa. Ibunsod na ang kapangyarihan ng diyablo na gumapos sa mga taong ito, ay lumayas!



APOCALIPSIS, IKAAPAT NA KABANATA BAHAGI III TAG61-0108

(Revelation, Chapter Four Part III)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Enero 8, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org